

**PAGSUSULATAN NINA  
RIZAL AT BLUMENTRITT**





REPUBLIKA NG PILIPINAS  
TANGGAPAN NG PANGULO  
PAMBANSANG KOMISYON NG IKASANDAANG TAON  
NI JOSE RIZAL

---

MGA PINUNO AT MGA KAGAWAD

---

**DIOSDADO MACAPAGAL**  
*Pangulo, Repúbliká ng Pilipinas*

---

**TAGAPANGULO**  
**ALEJANDRO R. ROCES**  
*Kalihim Ng Pagtuturo*

---

**MGA PANGALAWANG TAGAPANGULO**

**RODRIGO PEREZ, JR.**                      **SANTIAGO F. DE LA CRUZ**  
*Pansamantalang Kalihim*                      *Kataas-taasang Puno*  
*ng Pananalapi*                                      *ng mga Maginoo ni Rizal*

---

**MGA KAGAWAD**

**MARIA KALAW KATIGBAK**  
*Tagapangulo, Lupon sa Pagtuturo,*  
*Senado ng Pilipinas*

**CARLOS P. ROMULO**  
*Pangulo, Pamantasan ng Pilipinas*

**CARLOS QUIRINO**  
*Pansamantalang Patnugot ng*  
*Kawanihan ng mga Aklatang*  
*Bayan*

**JESUS E. PERPIÑAN**  
*Patnugot, Kawanihan ng mga Paaralang*  
*Sarili*

**EUFRONIO M. ALIP**  
*Pangulo, Pambansang Samahang*  
*Pangkasaysayan ng Pilipinas*

**LEONCIO LOPEZ RIZAL**  
*Kasangguning Tagapagtatag ng Pam-*  
*bansang Sanggunian ng Pagsusuring*  
*Pang-agham*

**SALIH UTUTALUM**  
*Tagapangulo, Lupon ng Pagtuturo,*  
*Kapulungan ng mga Kinatawan*

**GERONIMA T. PECSON**  
*Tagapangulo, Pambansang Komisyon*  
*ng UNESCO*

**BENIGNO ALDANA**  
*Patnugot, Kawanihan ng Paaralang*  
*Bayan*

**LUIS MONTILLA**  
*Tagapangulo, Lupon ng Pangkasaysayan*  
*ng Pilipinas*

**JOSE P. BANTUG**  
*Kasangguning Pangkalinangan sa Sugo*  
*ng Republika ng Pilipinas sa España*  
*(1953-1955)*

**VICENTE OROSA**  
*Naging Kalihim ng mga Pagawaing*  
*Bayan at mga Pahatiran*

**EDUARDO QUISUMBING**  
*Patnugot, Pambansang Museo*

---

**LUIS MONTILLA**  
*Patnugot na Tagapagpaganap*  
**VEDASTO G. SUAREZ**  
*Pangalawang Patnugot at Kalihim*

---

**LUPONG TAGAPAGLATHALA**

**LEONCIO LOPEZ RIZAL, Kagawad**  
**LUIS MONTILLA, Kagawad**  
**JOSE P. BANTUG, Kagawad**  
**VICENTE DEL CARMEN, Kalihim**

**MGA SINULAT NI  
JOSE RIZAL**

\* \* \*

**Ikalawang Tomo**

# **PAGSUSULATAN NINA RIZAL AT BLUMENTRITT**



**PANGMADLANG PALIMBAG**

**MGA LATHALAIN NG  
PAMBANSANG KOMISYON NG IKASANDAANG TAON  
NI JOSE RIZAL  
MAYNILA  
1962**



## PAUNANG SALITA

(*Sa sulatan nina Rizal at Blumentritt*)

Si Rizal ay nasa-Heidelberg, Alemanya, nang sulatin noong ika-31 ng Hulyo ng 1888, ang una niyang sulat kay Propesor Fernando Blumentritt, Patnugot ng Ateneo ng Leitmeritz, sa Austriya. Dati nang nauunawa ni Rizal ang pagnanais at mga pag-aaral ng etnológong (Dalubhasa sa agham ng Pala-tauhan) austriyako, hinggil sa mga wikang pilipino. Kasama ng sulat, ay ipinadala doon ang isang sipi ng *Aritmetika* na sinulat sa kastila at sa tagalog ni Rufino Baltazar at Hernandez, taga-Sta. Cruz, Laguna, at ipinalimbag sa Sto. Tomas nang 1868. Sa gayon nagsimula ang isang pakikipagkaibigan na maaaring tumagal sa buong buhay ng dalawa, nagkabisang buong lakas sa kalooban ni Blumentritt, upang ito'y maging isang masigasig na tagapagsanggalang ng adhikain ng mga pilipino.

Ang pagsusulatang ito ni Rizal at ni Blumentritt ay lubhang kaakit-akit. Tinatalakay nila sa di kakaunting sulat ang nauukol sa politika, linguwistika (pala-wikaan) etnolohiya (pala-tauhan) at iba pang mga bagay na maka-aghams. At halos ang lahat ay nagsasabog ng masaganang liwanag, hindi lamang sa nauukol sa mga layuning walang lubay na pinag-uukulan ni Rizal ng lahat niyang pagsusumakit sapul nang siya'y tumuntong sa lupang-Europa. — ang pagiging karapat-dapat ng Pilipinas, at ang kanyang ikabubuti't ikasusulong — kundi gayundin namang ang nauukol sa pagpapaunlad ng kaparaanan ng kanyang pagkukuro hinggil sa adhika ng Pilipinas, sanhi sa di pag-imik at di-pagkilos ng pamahalaan ng Espanya, sa harap ng makatuwirang mga kahilingan ng mga pilipino. Nangagpapakilala rin naman ng mga kasaliwaang palad at mga hirap ng loob na dinaranas ng bayang pilipino sa ilalim ng pamahalaan nang panahong yaon.

Hindi kakaunti ang mga sulat ng isa't isa nina Blumentritt at Rizal, na kung hindi man nangatanggap ng kinauukulan ay hindi naman natagpuan ang kinaroonan.

Si Dr. Leoncio Lopez Rizal, pamangking buháy (1959) ng bayani, ay tunay na pinagkakautangan ng utang na loob ng bayan, pagka't ang mga talang buong kasipagan at katiyagang ginawa niya sa mga sulat na ito'y nagpapaliwanag at nagbibigay-linaw sa maraming bagay-bagay na di mauunawa nang buong kasiyahang loob, kung hindi gayon ang kanyang ginawa.





# N I L A L A M A N

## *Pahina*

1. Rizal, Berlin, 11 Abril 1886 .....	1
2. Rizal, Heidelberg, 30 Hulyo 1886 .....	2
3. Rizal, Leipzig, 16 Agosto 1886 .....	3
4. Rizal, Leipzig, 22 Agosto 1886 .....	5
5. Rizal, Leipzig, 2 Oktubre 1886 .....	8
6. Blumentritt, Leitmeritz, 14 Nobyembre 1886 .....	11
7. Rizal, Berlin, 22 Nobyembre 1886 .....	13
8. Blumentritt, Leitmeritz, 23 Nobyembre 1886 .....	16
9. Rizal, Berlin, 28 Nobyembre 1886 .....	17
10. Rizal, Berlin, 9 Disyembre 1886 .....	21
11. Rizal, Berlin, 24 Disyembre 1886 .....	24
12. Rizal, Berlin, 30 Disyembre 1886 .....	27
13. Rizal, Berlin, 12 Enero 1887 .....	30
14. Blumentritt, Leitmeritz, 24 Enero 1887 .....	34
15. Rizal, Berlin, 26 Enero 1887 .....	35
16. Blumentritt, Leitmeritz, 4 Pebrero 1887 .....	38
17. Rizal, Berlin, 7 Pebrero 1887 .....	39
18. Blumentritt, Leitmeritz, 16 Pebrero 1887 .....	41
19. Rizal, Berlin, 21 Pebrero 1887 .....	43
20. Rizal, Berlin, 9 Marzo 1887 .....	45
21. Blumentritt, Leitmeritz, 15 Marzo 1887 .....	47
22. Rizal, Berlin, 16 Marzo 1887 .....	48
23. Rizal, Berlin, 21 Marzo 1887 .....	52
24. Blumentritt, Leitmeritz, 25 Marzo 1887 .....	55
25. Blumentritt, Leitmeritz, 27 Marzo 1887 .....	56
26. Rizal, Berlin, 29 Marzo 1887 .....	59
27. Rizal, Berlin, 13 Abril 1887 .....	64
28. Rizal, Berlin, 24 Abril 1887 .....	68
29. Rizal, Berlin, 4 Mayo 1887 .....	71

30. Rizal, Brunn, 19 Mayo 1887 .....	73
31. Rizal, Viena, 24 Mayo 1887 .....	77
32. Rizal, Munich, 29 Mayo 1887 .....	80
33. Rizal, Stuttgart, 31 Mayo 1887 .....	82
34. Rizal, Basel, 3 Hunyo 1887 .....	83
35. Rizal, Hinebra, 6 Hunyo 1887 .....	84
36. Rizal, Hinebra, 10 Hunyo 1887 .....	87
37. Rizal, Hinebra, 13 Hunyo 1887 .....	89
38. Rizal, Leitmeritz, 14 Hunyo 1887 .....	90
39 Rizal, Hinebra, 19 Hunyo 1887 .....	91
40. Rizal, Roma, 27 Hunyo 1887 .....	95
41. Rizal, Marselya, 2 Hulyo 1887 .....	98
42. Rizal, Djemmah, 7 Hulyo 1887 .....	102
43. Rizal, Djemmah, 20 Hulyo 1887 .....	104
44. Blumentritt, Leitmeritz, 24 Agosto 1887 .....	107
45. Blumentritt, Leitmeritz, 4 Setyembre 1887 .....	108
46. Blumentritt, Leitmeritz, 4 Setyembre 1887 .....	109
47. Blumentritt, Kalamba, 5 Setyembre 1887 .....	110
48. Blumentritt, Leitmeritz, 1887 .....	113
49. Blumentritt, Leitmeritz, 25 Setyembre 1887 .....	115
50. Rizal, Kalamba, 26 Setyembre 1887 .....	116
51. Blumentritt, Leitmeritz, 18 Oktubre 1887 .....	119
52. Rizal, Kalamba, 19 Oktubre 1887 .....	122
53. Blumentritt, Leitmeritz, 29 Oktubre 1887 .....	127
54. Blumentritt, Leitmeritz, 14 Nobyembre 1887 .....	128
55. Blumentritt, Leitmeritz, 15 Nobyembre 1887 .....	129





1 Rizal, Berlin, 11 Abril 1886

Dumalaw sa "Museo Antropolohiko at Etnográpiko" ng Dresden.—  
Naging magiliwin si Dr. Meyer kay Rizal.

Berlin, Jager Strasse 71. III  
4-11-1886

Pinagpipitaganan kong Propesor:

Noong ika-30 ng buwang nagdaan ay nagkaroon ako ng karangalang makadalaw kay Doktor A. B. Meyer sa "Museo Antropolóhiko at Etnograpiko" ng Dresden. Siya'y isang taong kagiliw-giliw nang gayon na lamang, at siya'y nagpamalas ng katamisang-loob na ipamanhik sa aking bumalik kinabukasan upang ipakita sa akin ang Museo, sapagka't nang araw na iyon ay hinaharap niya ang isang kasamang tutungo kinabukasan sa Nuweba Ginea,<sup>1</sup> at humihingi ng ilang kaalaman tungkol sa paglalakbay. Pinasalamatan ko kayo sapagka't ang kagandahang asal na iyon ay utang sa inyong liham ng pagtatagubilin. Ipinalalagay kong totoong mahalaga ang museo<sup>2</sup> at dinaramdam kong hindi ako nagkaroon ng lalong mahabang panahon upang iyo'y mapag-aralan.

Ngayo'y nasa Berlin<sup>3</sup> ako at dito ko binabalak paraanin ang taglamig; ang silid ko'y nasa Jager Strasse 71, III; naririto akong lagi nang nalalaan sa anumang ipag-utos ninyo, at bagaman walang gaanong halaga ang maipaglilingkod ko ay gagawin ko ang lahat ng aking makakaya upang kayo'y masiyahan.

Mapitagan kong binabati ang karapat-dapat na maybahay ni Blumen-tritt at inuulit kong ako'y

Sumasainyo,

RIZAL

<sup>1</sup> Matagal-tagal ding hindi nakausap ni Rizal si Dr. A. B. Meyer sa kanyang unang pagdalaw, sapagka't ito'y nakikipanayam noon sa isang kaibigang pasasa Nuweba Ginea. Tinanggap siya kinabukasan, ika-31 ng Oktubre, 1886.

<sup>2</sup> Isang bantog na museong itinatag ng kilalang si Bastian, at ang taga-pamahala ay si Dr. A. B. Meyer. Dinalaw ni Rizal ang museong ito na pinagpakitaan sa kanya ng mga kasangkapang pampalamuti at mga kagamitan sa paglulugso ng puri sa mga pulo ng Palaw at mga nakaiigayang mga bagay-bagay sa ilang libingan sa Pilipinas.

<sup>3</sup> Si Rizal ay dumating sa Berlin, buhat sa Dresden, nang mga unang araw ng Nobvembre. at doon siya nagparaan ng taglamig at doon din inayos at nilimbag ang kanyang *Noti*.

## 2. Rizal, Heidelberg, 30 Hulyo 1886

Nagpadala si Rizal kay Blumentritt ng isang Aritmetikang nasusulat sa wikang tagalog.

Heidelberg, Ika-30 ng Hulyo 1886<sup>1</sup>

Pinakamamahal kong Propesor Fernando Blumentritt

Pinakamamahal kong Ginoo:

Sapagka't nabalitaan kong ang inyong kamahalan ay nag-aaral ng aming wika, at kayo'y nakapaglathala na ng ilang akda tungkol sa bagay na iyon, ay minamarapat kong padalhan kayo ng isang mahalagang aklat,<sup>2</sup> na sinulat sa nasabing wika ng isang kababayan ko. Ang pagkakasulat sa wikang kastila ay hindi mabuti sapagka't ang kumatha ay isang manunulat na hindi gaanong batikan, datapuwa't ang bahaging nasusulat sa wikang tagalog ay mahusay at ito nga ang wikang sinasalita sa aming lalawigan.

Inuulit kong ako'y inyong lingkod.

J. RIZAL

Obere Neckar Strasse II.

---

<sup>1</sup>Hindi malaman ng boong katiyakan kung ito ang kauna-unahang sulat ni Rizal kay Blumentritt. Sa hawig ng sulat at sa iba pang mga balita, ay mapaghuhulong si Rizal ay nagsimula ng pagsulat sa kanya noong ilan pang buwang nakaraan, bago pa naglakbay sa Alemanya ang bayaning taga-Kalamba.

<sup>2</sup>Ayon sa tala ng naglathala ng Epistolario Rizalino, ang mahalagang aklat na ito ay ang aritmetikang sinulat sa wikang tagalog at kastila ni G. Rufino Baltazar Hernandez, taga-Sta. Cruz, Laguna, unang nilimbag sa Maynila, Limbagan ng Kolehiyo ng Sto. Tomas nang 1868.

### 3. Rizal, Leipzig, 16 Agosto 1886

Dalawang aklat na kaloob ni Blumentritt.— Nahahandang tumulong kay Blumentritt sa anumang naukol sa tagalog.— Ang kanyang kaalaman ay maaaring makatulong nang katulad ng mga balarilang sinulat ng mga prayle.— Makapagpapadala kay Blumentritt ng mga akdang lalong mahahalaga kaysa mga inilathala ng mga manlalakbay na Kastila.— “Ang hindi nakaaalam na mabuti ng kanyang sariling wika...”

Leipzig

Ika-16 ng Agosto, 1886

Pinakamamahal kong Ginoo:

Tinanggap ko ang inyong kalugod-lugod na liham pati ng dalawang aklat,<sup>1</sup> na pinahahalagahan ko nang gayon na lamang, at binasa ko nang buong pagkakawili at kasiyahan. Pinasasalamat ko ang inyong pag-aabala at hindi malilimot ang inyong kagandahang loob sa pagkakatanggap ng aking walang halagang handog.<sup>2</sup>

Hindi ko kayo nasagot agad sapagka't ako'y gumawa ng isang paglalakbay sa Rhin at kahapon lamang ako dumating. Mapag-uutusan ninyo ako sa anumang bagay na may kaugnayan sa aming wika na pinag-aralan ko sapul sa aking kabataan. Hindi malawak ang aking kaalaman datapuwa't makatutulong sa inyo ng gaya ng maitutulong ng mga balarilang sinulat niyong mga kakatwang prayle. Makapagpapadala ako sa inyo ng ibang mga aklat kung ako sana'y nasa aking bahay; hindi nakikilala ng mga prayle ang mga manunulat na taga-ibang bansa ni ang mga manunulat na kabansa nila; isang dahon lamang ng mga aklat na iyon ay lalo pang mahalaga kaysa lahat ng sinulat o susulatin pa ng mga manlalakbay na Kastila at ng mga prayle.<sup>3</sup> Ang

<sup>1</sup> Hindi malaman kung alin ang dalawang aklat na ito. Ayon sa naglathala ng Epistolario, ang mga aklat na itong tinutukoy ay ang Sing at tuntunin ng wikang tagalog at ng iba pang mga wikang inilathala ng mga prayle. Ang mga sulat na hinihintay ay wala sa Epistolario.

<sup>2</sup> Tinutukoy ang aritmetika sa wikang tagalog at kastila ni Rufino Baltazar Hernandez na binanggit na namin sa itaas.

<sup>3</sup> Ayon sa naglathala ng Epistolario, ang mga ito'y naukol sa mga wika at kasaysayan ng bayan, na nasa aklatan ni Rizal. Marahil ay tumutukoy sa mga akda ni Von Humboldt, ni Imbrijo, Chamberlain at iba pa.

hindi nakaaalam na mabuti ng kanyang wikang sarili ay lalong hindi makaaalam ng mga ibang wikang hindi niya matamang pinag-aralan. Ang kanilang nalalaman sa tagalog ay kaparis ng aking nalalaman sa aleman; ang mga manlalakbay na nagsisulat ng kasaysayan ay tumitigil sa Pilipinas nang maikling panahon lamang at ginugugol nila ang maikling panahong ito sa piling ng mga Kastila; hindi pinag-aralan kailanman ng karamihan sa mga prayle ang balarila at ang mga kinakausap lamang nila'y ang mga Tagalog na hindi nag-aral.<sup>4</sup> Dahil dito, ang nalalaman ng mga manunulat na ito'y gaya lamang ng nalalaman ko sa aleman matapos ang anim na buwan ng pagdating ko sa Alemanya, at hindi ako makapangangahas na sumulat ng mga tula o gumawa ng mga pangaral sa wikang aleman. Umaasa ako, samakatuwid, na inyong ipagpapaumanhin ang mga kamalian ng aking "alemang pangkusina."

Ipagpapaumanhin ninyo ang pagkabalang ng aking sagot.

Sumasainyo ng buong pagpipitagan,

JOSE RIZAL

Albert Strasse 40 11.

---

<sup>4</sup> Ang karamihan sa mga prayle ay nag-aral lamang ng wikain upang sa papaano mang paraa'y makaunawa ng salita ng bayan. Sinisikap nilang matuto sa loob ng lalong madaling panahon upang makapagpakumpisal, palibhasa'y ang karamihan sa bayan ay hindi nakauunawa ng kastila, at dahil dito'y hindi makapangumpisal kundi sa wikang katutubo. Gayondin ang nangyayari sa mga kastilang naparirito sa Pilipinas, maging sila'y mga kawani o anuman.



#### 4. Rizal, Leipzig, 22 Agosto 1886

Mga talasalitaang tagalog-aleman ni Blumentritt.— Ninanais makilala ni Rizal si Kern.— At makabili ng isang aklatan sa Viena.— Mag-aral ng wikang olandes “sapagka’t maraming sinulat ang mga Olandes tungkol sa amin.”— Ang mga prayle. Ang mga kayamanan sa lupa’t sa langit.— “Ipapalit sa kayamanan namin ang mga kayamanan ng kalangitan.” Kung mapag-aaralan sana ni Blumentritt ang pamumuhay namin sa mga nayon. Ang Kristiyanismo, ay lalong dakila at kahangahanga sa Europa. Ang Katolisismo ay lalong maganda kaysa protestantismo.

Leipzig, Ika-22 ng Agosto, 1886

Pinakamamahal kong Ginoo:

Ikinalugod ko ang pagkakatanggap ng inyong liham gayondin ng inyong bagong akda<sup>1</sup> at dinaramdam kong wala akong maigaganti ngayon sa inyong kaloob. Umaasa akong ang bagong kathang ito’y katulad ng lahat ng sinulat ninyo na taglay ang pagsisikap, pagmamatyag, pag-iingat at katalasan ng isip. Binasa ko na ang dalawang talasalitaan<sup>2</sup> ninyo at ikinamamangha ko na kayo’y nakapagsumakit nang napakalaki upang pag-aralan ang isang wikang napakahirap, gaya ng tagalog. Ang maliliit na kamaliang matatagpuan sa mga iyon ay hindi maipasasarili sa inyo sapagka’t ang mga tagalog na rin ay nahuhulog sa gayong mga kamalian, ni sa aking pantas at matalinong kaibigang si Duktur T. P. de Tavera na nagpamalas din ng malawak na kaalaman sa kanyang mga pagpapaliwanag at nakapagdulot sa akin ng isang kasiya-siyang pagkakamangha. Ipahihiram ko sa inyo ang kanyang mga akda<sup>3</sup> nang isang linggo lamang, sapagka’t iyon ay kailangang-kailangan ko rin. Ang mga paliwanag ko ay maaaring pakinabangan ninyo, marahil.

<sup>1</sup> Ang sulat na ito’y wala sa *Epistolario Rizalino*. Alinsunod sa naglathala ng *Epistolario* ang bagong akdang ito ni Blumentritt ay dili iba’t ang Talasalitaang Tagalog-Aleman (Vocabulario Tagalo-Aleman). Gayunma’y inaakala naming hindi tumutukoy sa talasalitaang ito, sapagka’t sa dakong huli ng sulat ay sinasabi ni Rizal na nabasa na niya ang dalawang talasalitaan ni Blumentritt at ipinalalagay naming ang isa sa mga iyon ay ang Talasalitaang Tagalog-Aleman; samakatuwid, bago tanggapin ni Rizal ang bagong akdang nasabi ni Blumentritt ay mayroon na siya ng dalawang talasalitaang nabanggit.

<sup>2</sup> Inaakalang ang isa ay ang Talasalitaang Tagalog-Aleman; tungkol naman sa isa pa ay hindi matiyak kung ano.

<sup>3</sup> Sang-ayon sa naglathala ng *Epistolario*, ang mga akdang ito ay nauukol sa pag-aaral sa mga wika at sa mga lahi sa Mindanaw. Marahil ay tumutukoy din naman sa dalawang talasalitaang nabanggit.

Ninonais kong mabasa agad ang inyong bagong aklat kaya nagmamadali akong tapusin ang sulat na ito. Ipagpaumahanhin ninyo ang maraming kamaliang ang dahilan ay ang aking pagmamadali sa pagsulat sa inyo.

Nang talakayin ninyo sa akin ang mga Pamantasan at mga Propesor ay inyong pinukaw ang aking marubdob na pananabik, nais ko sanang matupad ang lahat ng ipinapayo ninyo. Ibig ko sanang makilala si Doktor Kern<sup>4</sup> sa Leiden; ninonais ko sanang makapagsadya sa Viena upang bumili ng isang buong aklatan; datapuwa't kinakailangang ako'y magtiis-tiis sapagka't wala akong panahon ni pagkakataon para sa bagay na iyon. Hindi ko nakikilala si Propesor Gabelentz;<sup>5</sup> ngayo'y nasa panahon kami ng pagpapahinga at hindi ako makatitigil nang mahabang panahon sa Leipzig. Mag-aaral din ako ng wikang olandes,<sup>6</sup> sapagka't ang mga Olandes ay aming mga kapit-bahay at maraming sinulat tungkol sa amin.

Sumasang-ayon ako sa inyong pamamaraan ng pag-aaral ng mga wika. Bukas ay maghahanap ako ng mga akda nina Waitz-Gerland at Wallace sa aklatang pambayan<sup>7</sup>; kung kaya kong isalin ang mga akdang iyon ay aking gagawin at ipadadala ko sa inyo ang salin upang inyong mabasa't maiwasto. Hinaharap ko rin ang iba pang mga pag-aaral sa sandaling ito<sup>8</sup>.

Sakaling hindi ako magkakasakit sa mga buwang ito, ay tiyak na paroroon ako sa Dresden, kahit na upang magkaroon lamang ng karangalang makamayan ang isang taong lubhang karapat-dapat at napakadakila ang ugali na gaya ninyo. Ako'y yayaong patungo sa nasabing pook sa buwan ng Setyembre o Oktubre. Binabalak kong makarating sa mga huling araw ng Oktubre sa Berlin at tumigil doon ng dalawa o tatlong buwan. Gaya ng sukat mahintay ay dadalaw ako sa mga araw na iyon kina Propesor Virchow at Jagor,<sup>9</sup> sakaling mapagkakalooban ninyo ako ng mga liham ng pagtatagubilin para sa kanila.

<sup>4</sup> Si Kern ay propesor ng sanskrito sa Unibersidad ng Leiden, Olanda, at kaibigan ni Rizal.

<sup>5</sup> Tinutukoy si Dr. Gabelentz sa Leipzig, na siyang binanggit ni Blumentritt kay Rizal.

<sup>6</sup> Pinag-aralan sa kanyang sarili noong siya'y nasa Alemanya, marahil, at pagkatapos ay ipinagpatuloy ang pag-aaral sa Belhika, noong siya'y nasa Bruselas.

<sup>7</sup> Mga akda tungkol sa mga kaalaman sa lahi.

<sup>8</sup> Mga pag-aaral tungkol sa mga wika at sa mga relihiyon, sang-ayon sa mga salaysay ni Dr. Viola sa kanyang akdang pinamagatang *Ang mga Paglalakbay namin ni Dr. Rizal*.

<sup>9</sup> Si Dr. Rudolf Virchow, ay isang Antropólogo at pangulo ng Sociedad Antropológica sa Berlin. Sa pamamagitan ng tagubilin ni Blumentritt ay nakilala't dinalaw ni Rizal, si Dr. Virchow, gayon din naman si Feodor Jagor, bantog na "naturalista", may katha ng akdang "Reisen in den Philippinen". Si Jagor ay siyang nagmalasakit kay Rizal sa isang pangyayari sa Pulisya sa Berlin nang si Rizal ay paghinalaang isang tiktik ng mga Pranses.

Hindi ko lilimutin ang inyong paalaala tungkol sa relihiyon. Inaamin kong nakagawa ang mga prayle ng maraming kabutihan, o sakaling hindi gayon ay ninais man lamang nilang gumawa ng mga iyon. Datapuwa't ipahintulot ninyong sabihin kong malaking di sapala ang tinamo nilang pakinabang sa kanilang mga paglilingkod, unang-una'y sapagka't tinatangap nila ang mga kayamanang-lupa, at pagkatapos ay ang mga kayamanang-langit din; at sapagka't sa katotohana'y ipinagpalit nila ang mga kayamanan ng langit sa mga nuno, bagaman ang buhay sa lupa... ay hindi siyang tunay na buhay kristiyano, at gayon ma'y nararapat kaming mabuhay na gaya ng ibang tao.

Ginoo: nakikilala ninyo ang aming bansa sa pamamagitan ng mga aklat na sinulat ng mga prayle't mga Kastila na nangagsipian ang isa't isa. Kung kayo sana'y lumaki sa isa sa aming mga nayon, gaya ko, at inyong namalas ang mga tinitiiis ng aming mga taong bukid, ay magsisimpan kayo ng isang kaalamang totoong naiiba tungkol sa katolisismo sa Pilipinas. Nagkaroon ako ng pagkakataong mapag-aralan ang mga relihiyon sa Europa; doo'y natagpuan kong dakila't maka-Diyos ang Kristiyanismo; ang katolisismo ay nakaaakit, matulain at ang kristiyanismo na rin ay pinaging matulain at pinaganda, higit na maganda kaysa matabang na protestantismo. Hindi nakikilala ang mga pagkakaibang itong aming mga taong bukid.<sup>10</sup>

Ipagpatawad ninyo ang aking pagtatapat, na marahil ay ipalalagay ninyong kakatuwa sapagka't kailanma'y hindi kayo nakarinig ng gayon. Kaipala'y magugunita ninyo ang kata-kata ni Lessing, tungkol sa bata't ahas. Ang bawa't tao'y sumusulat ng kasaysayan sang-ayon sa kanyang mga hangarin.

Pag-utusan ang inyong lingkod,

JOSE RIZAL

Albert Strasse 40.

---

<sup>10</sup> Sa pagbasa sa mga talataang ito ay dili ang hindi mamamanga ang sinuman sa pangyayaring si Rizal, na 25 taong gulang lamang noon, ay nakapangahas, hindi lamang magtuwid o magtumpak ng kuro at palagay at halos humamon sa pakikipagtalo kay Blumentritt, na isa nang sanay at kinikilalang paham, kundi boong katapangan pa ring nakapagpahayag ng kanyang kuru-kuro at isipang kaiba ng kay Blumentritt, na anupa't sa gayo'y parang ipinamukha kay Blumentritt ang mga maling pagpapalagay nito. Ito'y maliwanag na nagpapakilala ng matibay na kalooban at damdamin ni Rizal at ng katigasan ng kanyang kaasalan.

## 5. Rizal, Leipzig, 2 Oktubre 1886

Salin sa Tagalog ng dula ni Schiller. Mga akda ni Meyer sa "Bibliotheca Philippina." "Ang tanang nauukol sa aking bayan ay pinanabikan ko."—Tungkol sa mga Igorot ni Doktor Hans Meyer.—Upang matutuhan ang lihim ng mga pandiwang aleman.—"Sapat na ang karangalang makasalong minsan sa inyong hapag."

Leipzig, Ika-2 ng Oktubre, 1886

Minamahal kong Ginoo:

Ipinamamanhik ko sa inyong ipagpaumanhin ang hindi ko pagkaka-sagot agad sa inyong sulat, na totoong kinalugdan ko na gaya rin ng iba; datapuwa't ako'y abalang-abala at ngayo'y naaabala pa sa isang madaliang gawaing inihabilin sa akin ng aking mga kababayan. Hiniling nila sa akin na isalin sa tagalog ang mga akda ni Schiller.<sup>1</sup> Madali ninyong mahahaka kung gaano kahirap para sa akin ang ganitong uri ng gawain, lalung-lalo na sapagka't, gaya ng natatalos ninyo, ay may ilang katangiang sarili ang aming wika na ang pamamaraan ng pagsasaysay ay ibang-iba sa nakagawian sa wikang aleman. Kinakailangan kong unawain at pag-aralan muna ang bawa't parirala at humanap pagkatapos ng naaagpang na salitang tagalog, at iwasan nang buong ingat ang pagpapaliguy-ligoy at mga kaparaanan ng pagsasaysay na sariling kanya ng wikang aleman. Gayunma'y ikinasisiya ko ang kaisipang magkakaroon ako ng karangalang pakahuluganan ang dakilang si Schiller sa mga Pilipino.

---

<sup>1</sup> Sa pamamagitan ng kanyang kapatid na si Paciano ay hiningi kay Rizal ng kanyang mga kaibigan na isalin sa Tagalog ang mga akda ni Schiller, at isa sa mga dulang tinagalog niya ay ang Guillermo Tell, na ipinadala sa Kalamba sa ialim ng pamagat na GUILLERMO TELL, TRAHEDYANG TINULA NI SCHILLER SA WIKANG ALEMAN, na natapos nang mga unang araw ng Oktubre. Ang orihinal ng saling ito'y nawala. Hiningi ito ni Rizal sa Kalamba noong siya'y pabalik na sa Europa (1888); ipinadala naman sa kanya, nguni't hindi malaman kung ano ang kinahanggahan nito. Tingnan din ang talang (1) ng sulat blg. 361 ng Aklat V ng *Epistolario*. Hindi malaman kung naipagpatuloy niya ang pagsasalin sa Tagalog ng iba pang mga akda ni Schiller. May balak din naman siyang isalin sa Tagalog ang *Fausto* ni Goethe, nguni't tila hindi natuloy. (LLR).

Noong 1907, ang Guillermo Tell ay ipinalimbag ni Ponce, na may paunang-salita at mga tala nito. (LLR)

Umaasa rin akong makaparoroon sa Dresden sa mga huling araw ng buwang kasalukuyan. Ang Tagapayo ng pamahalaan, si Doktor A.B. Meyer<sup>2</sup>, ay nakapukaw nang gayon na lamang ng aking pananabik, sa pamamagitan ng kanyang mga aklat na binanggit ninyo sa inyong "Bibliotheca Philippina." Ang tanang naukol sa aking bayan ay lubhang pinananabikan ko. Hindi pa nalalaunang ako'y pinadalhan ng kaibig-ibig na si Doktor Hans Meyer<sup>3</sup> ng isang sipi ng kanyang aklat na tuma-talakay sa mga Igorot; kayo'y napag-usapan din namin.

Ninangis ko sanang makatigil ng isang taon pa sa Alemanya (at sa Austria rin), sapagka't marami pang kapintasan ang aking paggamit ng wikang aleman, at hindi ko pa natatalos ang lihim ng mahihirap na pandiwang aleman. Iyong mga nagtatapos sa pantig na *ver, er, an, be* at iba pa ay madalas gamitin at hindi ko maunawaan kung bakit. Dahil dito'y binabalak kong tumira ng labing-apat na araw sa darating na tagsibol sa Leitmeritz<sup>4</sup>. Sang-ayon sa mapa, ang pook na iyon ay malapit sa mga bundok at ikinagagalak ko ang bagay na ito, sapagka't sa gayo'y mapag-aaralan ko rin doon ang pamumuhay bohemyo. Ipinagpapauna ko na ang pasasalamat sa pag-aanyaya ninyo at ninangis kong makaganti sa inyong kagandahang loob balang araw sa Pilipinas. Sakaling ako'y daraan diyan sa taong darating, ay hindi ko mapauunlakan ang inyong kaibig-ibig na alok na sa inyo ako tumuloy: sapat na ang karangalang makasalo akong minsan sa inyong hapag upang magsimpan ng alaala tungkol sa inyong sining ng pagluluto. Kaya nga: *maliwanag at mabuting titik; hurwag magmalabis.*

Hindi ko nalalamang kayo pala'y may-asawa, kung alam ko'y na-paabot ko disin ang aking mapitagang pakumusta sa inyong minamahal na maybahay<sup>5</sup>. Datapuwa't mabuti na ang hulí kaysa hindi kailanman, and saad ng isang salawikaing kastila, at ngayo'y ibig kong lunasan ang

<sup>2</sup> Si Dr. Adolph Bernard Meyer, Patnugot ng "Museo Etnográfico" sa Dresden, Kasangguni sa Korte, na sumulat ng maraming akda tungkol sa mga suliraning Pilipino: isa rin siyang *etnógrafo, arqueólogo, linguista* at makapilipino. Tumulong kina Rizal at Blumentritt sa mga hinuhinuha o kurukuro tungkol sa isang Kodigong insik ng dantaong XIII.

<sup>3</sup> Si Dr. Hans Meyer, puno ng "Instituto Bibliográfico" sa Leipzig, may katha ng isa sa mga lalong magaling na talatinigang "enciclopédico" sa Alemanya: sumulat ng isang aklat tungkol sa mga igurot, at inihandog ang isang sipi nito kay Rizal; naglakbay sa Pilipinas nang taong 1882. Nakilala ni Rizal si Dr. Hans Meyer sa Leipzig nang 1886.

<sup>4</sup> Dumating sa Leitmeritz nang ika-1:30 ng hapon ng ika-13 ng Marso, 1887, at doo'y lumagi ng ilang araw at tumira sa Otel Krobs. Sa himpilan ng tren ay sinalubong siya ni Blumentritt.

<sup>5</sup> Ang maybahay ni Blumentritt, na nagngangalang Rosa, ay nalugod ng gayon na lamang kay Rizal at ito'y ipinalagay na parang isang anak o kapatid, gaya rin naman ng pagpapalagay ng kanyang asawa.

aking pagkukulang, at ipinamamanhik sa inyo na paabutin sa inyong maybahay ang aking mga paggalang at lalong magiliwing mga kumusta.

Ang liham ko'y walang iniwan sa hapag ng mga dukha; ang pam-pagana at ang himagas ay sinasangkapan ng patatas. Ipinamamanhik ko rin sa inyong pagpaumanhinan sa aleman kong kakila-kilabot, sapagka't sa buong buwang ito'y hindi ako nakapagbukas kahit isang balarila.

Maging mabuti nawa kayo; sa sandaling magkaroon ako ng isang mahalagang bagay na tatalakayin ay susulatan ko kayo; samantala'y ikalulugod kong uliting ako'y

Mapitagang sumasainyo,

JOSE RIZAL

## 6. Blumentritt, Leitmeritz, 14 Nobyembre 1886

Ika-14 ng Nobyembre, 1886  
Leitmeritz (Bohemia)

Minamahal kong Ginoo:

Ninanais ko sanang sagutin agad ang inyong mahal na sulat nang ika-4 ng buwang ito, nguni't hindi naaring ipagpatuloy ang gayon dahil sa nabunton ang patung-patong na bagay na opisyal, at dahil pa rin sa pinag-iingatan ko ang aking mga mata kung gabi. Ikinalulugod ko ang pangyayaring mabuti ang inyong kalagayan at dinalaw ninyo ang Kasangguni ng haring si Meyer sa Dresden. Marahil ay punung-puno ito ng gawain ngayon sapagka't wala akong natatanggap na sulat sa kanya buhat nang ika-25 ng buwang nakaraan.

Marahil ay maiibigan niya ang Berlin; ito'y isang siyudad na kakikitaan ng maraming bagay maging ng mga taong sabik sa mga kasayahan at maging ng mga palaaral. Ang museo etnográfico, na karapat-dapat sa paghangang itinatag ni Bastian, ay walang salang nagdulot sa inyo ng labis-labis na paghanga't paggalang. Sa Aklatan ng Hari (hindi sa Aklatan ng Pamantasan) ay may napakaraming matatandang akda tungkol sa Pilipinas na binili sa Maynila ng makatang alemang si Von A. Chamisso (ipinanganak na pranses) at dinala sa Alemanya noon pang may 60 taon na ang nakaraan. Sa mga akdang iyon ay kabilang ang isang sipi ni Morga, na napakabihira, at isang Combes. Nadalaw na ba ninyo sina Virchow at Jagor?

Ang kababayan ninyong ilokano, ang minamahal kong kaibigang I. de los Reyes, ay hindi nagpapahinga sa paggawa; labis-labis kong ikinalulugod dahil sa kanyang mahahalagang gawaing nauukol sa etnograpiya. Sayang at siya'y hindi nag-aral ng *etnografia*, bagay na lalo sanang ipagiging maningning ng kanyang mga pag-aaral na ginagawa.

Kalakip ng susunod kong sulat ay ipadadala ko sa inyo ang aking larawan, sapagka't nabigo ang hangad kong maipadala sa inyo ngayon sa kasalanan ng aking potograpo.

Dinaramdam kong hindi ako makapanood ng Tanghalan ng Pilipinas sa Madrid, 1887.

Hanggang dito na muna sa ngayon; binabati ko kayo sa ngalan ng aking may-bahay at ng aking sarili, kalakip ang mahigpit na pagkamay ng

Sumasainyo,

F. BLUMENTRITT



## 7. Rizal, Berlin, 22 Nobyembre 1886

“Anthropolohiya ng mga unang tao” ni Waitz.—Ang kaisahan ng lahing sangkatauhan. — Ang salin ng akda ni Schiller at ang mga kuwento ni Andersen ay ipinadala sa kanyang pamangkin. “Gagamitin ko ang Aklatang Makahari para sa kasaysayan ng aking bayang tinubuan.” — Ang Akda ni Chamisso at ang kanyang karanasan tungkol sa isang prayle. — “Tayong dalawa’y parang mga bulag at bingi: nag-uusap tayo nang hindi nagkikita ni nag-kakarinigang.” Isang pagtatanghal ng mga Igorot sa Hardin ng Madrid.

Berlin, Ika-22 ng Nobyembre, 1886  
Daang Jager 71

Pinakamamahal kong Ginoong Propesor;

May isang linggo na ngayong tinanggap ko ang inyong kalugud-lugod na liham<sup>1</sup> datapuwa’t hindi ko kayo tinugon agad sapagka’t hinihintay ko ang tugon ng mga tauhan sa Aklatang Makahari kung sila’y mayroon niyong akda nina Waitz-Gerland at Wallace. Sa wakas ay ibinigay sa akin ngayon ang “Anthropolohiya ng mga unang tao”, na sinulat ni Waitz, kaya ako’y nagmamadali sa pagtatanong sa inyo kung iyon nga ang aklat na kinakailangan ko. Ang tanging tinatalakay niyon, kung hindi ako nagmamadali, ay ang kaisahan ng lahi ng sangkatauhan, hindi nababanggit sa nasabing aklat ang mga ngalan nina Gerland at Wallace. Hiningi ko rin ang akda sa aklatang bayan ng Leipzig, datapuwa’t sinabi nilang wala sila niyon, kaya hindi ko maisalin ang bantog na kabanata. Ipinakiusap ko sa inyong isulat sa akin ang tumpak na pamagat upang masimulan agad ang pagsasalin.

<sup>1</sup> Tumutukoy marahil sa sulat blg. 111, Tomo I ng *Epistolario*, nang ika-14 ng Nobyembre, 1886, na siyang kasagutan ni Blumentritt sa unang sulat ni Rizal noong petsa 4 ng Nobyembre. Sa nasabing sulat blg. III ay bumabanggit si Blumentritt ng isang Museo Etnográpiko, ng Biblioteca Real o Aklatang Makahari, na kinalalagyan ng maraming matatandang akda tungkol sa Pilipinas na dinala ng makatang alemang si A. Von Chamisso buhat sa Pilipinas nang taong 1826. Sa mga akda ay sinasabing may isang *Morga* at isang *Combes*.

Ipinadala ko na sa aming bahay ang mga malulungkot na dula ni Schiller at ang mga kuwento ni Andersen para sa aking pamangkin;<sup>2</sup> ninanais ko ring makagawa ng kaunti para sa agham at kasaysayan ng aking bayang tinubuan.<sup>3</sup> Iyo'y magagawa kong mabuti sa Aklatang Makahari. Nakikilala ko ang aklat na dinala ni Chamisso buhat sa Pilipinas. Binasa ko ang kanyang mga tula at ang paglalarawan ng kanyang paglalakbay at karanasan tungkol sa isang prayle, *na siyang kaisa-isang taong bastos na nakita niya sa Pilipinas*. Sumasang-ayon ako sa makata, at kayo rin, minamahal kong Ginoong Propesor, ay gayon din ang magiging palagay niyo sa loob ng madaling panahon.

Hahanapin ko ang mga aklat kapag nalaman ko na ang mga pamagat; dito'y walang talaan para sa madla, datapuwa't napakamura ang paggamit ng isang aklat; ito'y sa halagang 25 penike lamang.<sup>4</sup>

Hindi ako makadalaw kina ginoong Jagor at Virchow<sup>5</sup> sapagka't hindi ko sila nakikilala at wala naman akong masasabi o maipagkakaloob sa kanila. Dahil dito'y ayoko silang abalahanin.

Ipinagpapauna ko ang pasasalamat dahil sa inyong larawan: ngayo'y wala akong larawan at ako'y napakakimi na hindi ako makapangahas magparetrato, gayunma'y iisipin ko rin iyon. Hinihintay ko ang inyong larawan. Sa ngayon ay katulad tayo ng dalawang taong bulag at bingi: nag-uusap

---

<sup>2</sup> Ang tanging pamangking lalaking may sapat na gulang na makababasa na ay si Emilio, anak ng kanyang kapatid na si Narcisca; samakatuwid ay di-malayong dito tumutukoy sa pamangking ito, bagaman nang taong nabanggit, si Rizal ay may dalawa ng pamangking babaing malaki-laki na: si Angélica, may walong taong gulang, kapatid ni Emilio, at si Delfina Herbosa, may anim na taon at anak ng kanyang kapatid na si Lucia. Ang mga saling ito sa Tagalog ng *Guillermo Tell* at mga kuwento ni Andersen ay pawang ginawa sa Berlin ng 1886 at hindi sa Kalamba, gaya ng sinasabi ni Retana sa kanyang *Vida y Escritos*. Hiningi ni Paciano (Sulat blg. 104) ang saling ito sa Tagalog upang ipalimbag sa Pilipinas, nguni't hindi ito naisagawa. (LLR) Nang dakong huli'y ipinalimbag ng Kawanihan ng Aklatang Bayan. (JPB)

<sup>3</sup> Tumutukoy sa *Sucesos de las Islas Filipinas* ni Morga.

<sup>4</sup> Ang mga bayad na ibinibigay sa pagbasa ng mga aklat sa Aklatan.

<sup>5</sup> Si Dr. Feodor Jagor ay isang bantog na "naturalista," may-katha ng *Reisen in den Philippines*, na inihulog sa kastila ni Sebastian Vidal y Soler nang 1875, sa ilalim ng pamagat na *Mga Paglalakbay sa Pilipinas*. Si Dr. Rudolf Virchow ay isang antropologong bantog sa buong daigdig, na noo'y pangulo ng "Sociedad Etnográfica de Berlin," na nang dakong huli'y naging kaibigan at kapalagayang loob ni Rizal. Si Virchow ang nagmungkahi at nangatawan sa pagdaraos ng isang luksang lamayan noong ika-20 ng Nobyembre ng 1897 ng "Sociedad Antropológica de Berlin" sa karangalan ni Rizal.

tayo nang hindi nagkikita ni nagkakarinigang,<sup>6</sup> alalaong baga'y "*mutuum coecumque sermo*," (pag-uusap ng mga pipi't bulag).

Huwag ninyong pansinin ang Tanghalan ng mga Pilipino sa Madrid.<sup>7</sup> Sang-ayon sa mga pahayagan at mga balitang tinanggap ko, iyo'y hindi magiging Pagtatanghal ng Pilipinas kundi isang Pagtatanghal ng mga Igorot na magsisitugtog, mangagluluto, magsisiawit at magsisisayaw. Datapuwa't ipinanganganib ko ang mga kahabag-habag na mga taong iyon. Sila'y itatanghal sa Hardin ng mga hayop sa Madrid, at sapagka't ang kanilang dadamitin ay ang karaniwang suot nilang halos hubad ay magkakasakit sila ng mabigat na "pulmonia." Ang sakit na ito'y karaniwang-karaniwan sa Madrid at kahit ang mga taga-Madrid ay nagkakasakit niyon, gayong nakabalabal pa sila.

Kumusta sa inyo at sa inyong maybahay. Hindi ko na kailangang uliting ako'y lagi nang nahahanda sa anumang mamarapatin ninyo.

Ang inyong lingkod,

RIZAL

---

<sup>6</sup> Hindi pa man nagkakakilala ni nagkikita ay nagsusulatan na sina Rizal at Blumentritt. Silang dalawa'y nagkita pagkatapos nang si Rizal, kasama ni Dr. Maximo Viola, na taga Bulakan, ay magsitungo sa Leitmeritz noong ika-13 ng Mayo ng 1886; bago dumating doon ay nagpadaia muna ng pahatid-kawad kay Blumentritt buhat sa Totschon. Tungkol sa wikang latin isiningit, si Rizal na rin ang nagtuwid pagkatapos at ipinagtapat na siya'y nagkamali sa paggamit ng palayon sa halip ng paaring pangmaramihan, gaya ng nararapat.

<sup>7</sup> Tinutukoy ang Tanghalang tinatawag na Tanghalang Pilipino o Pangkalahatang Tanghalan ng Kapuluang Pilipinas na idinaos ng 1887 sa Madrid, sa pook na tinatawag na "Campo Grande del Buen Retiro", na sumasaklaw ng may 14 na ektarya at pinagtayuan ng mga gusali (ang ilan sa mga ito'y nangakatayo pa hangga ngayon) gaya ng Gusali ng Industriya ang Gusali ng Bubog o Kristal at iba pa. May matuwid si Rizal sa pangamba sa pagkakasakit ng mga pilipinong dinala sa Tanghalan, gaya ng mamamalas sa dakong huli.

## 8. Blumentritt, Leitmeritz, 23 Nobyembre 1886

Sina Schiller at Andersen. Ang mga Malayo at mga wikang malayo. Sina Jagor at Virchow.

Leitmeritz, ika-23 ng Nobyembre, 1886

Minamahal kong Ginoo:

Gaya ng namamalas ninyo, ang inyong mahal na sulat ay sinasagot ko agad. Ikinalulugod kong inyong ipinakilala sa ating dakilang Schiller ang inyong mga kababayan at sa kay Andersen, ang inyong mga pamangkin. Ang mga kuwento nito'y maiibigan nang gayon na lamang ng mga kabataang pilipinò na tulad din ng mga kabataan namin.

Tunay ngang tinutukoy ko ang *Anthropologie der Natulvolker*, lalo na ang Tomo V, na tumatalakay sa mga malayo. Mahalaga rin namang sa mga nag-aaral ng mga wikang malayo ang akda ni Guillermo de Humboldt tungkol sa wikang *Kawi*. Sa mapa ni Waitz-Gerland ay may ilang kamalian tungkol sa Pilipinas na maaari ninyong itumpak ayon sa *Petermanns geogr. Mittheilungen*, dagdag na polyetong blg. 67 (1882) at ng Tomo 19 ng *Berliner Zeitschrift fur Erdkunde* (1184). Napakasahól din ang akda tungkol sa Mindanaw, sapagka't nang panahong iyo'y kakaunti ang nalalaman sa Europa tungkol sa pulong nasabi.

Dinaramdam kong kayo'y walang balak na dumalaw kina Jagor at Virchow. Sana'y natanggap kayong mabuti ng mga ginoong iyon sapagka't sila'y tutoong kaibigan ng Pilipinas at ng mga mamamayan doon. Sakaling magbago kayo ng akala ay boong puso kong ipagbibigay-alam sa kanila ang inyong pagdalaw. Makatutulong sila sa inyo sa mga pag-aaral na ginagawa sa maraming bagay.

Ang kasangguni ng haring si Meyer ay nagdaramdam nang gayon na lamang sa pagkakaroon niya ng maraming gawain hinaharap nang panahong kayo'y dumalaw sa Dresden. Inaasahan niyang magkikita rin kayo sa mga hinaharap na araw.

Kalakip ang magigiliw na alaala.

Boong pusong sumasainyo,

F. BLUMENTRITT

## 9. Rizal, Berlin, 28 Nobyembre, 1886

Salin ni Rizal n̄g Etnograpiya ng Mindanaw. — Ang mapa ni Rizal. — Mga alaala ng Ateneo. — “Iyo’y masasayang panahon . . .” — Magpapalimbag si Rizal ng isang heograpiya. — Bilang isang akda ng pagpapaliwanag tungkol sa mga Malayo. — Higit na nag-uukol ng panahon ang mga taga-ibang lupa kaysa mga Pilipino na rin tungkol sa Pilipinas. — Ang mga sinulat ni Blumentritt sa wikang kastila. — Ang wikang *Tiruray*. — Isasalin si Waltz. — Ang akda ni Humboldt ay kahanga-hanga. Dadalawin ni Rizal ang mga paham na sina Virchow at Jagor — Isang *larawang* etnográpiko.

Berlin, Ika-28 ng Nobyembre, 1886  
Daang Jager 71

Minamahal na Ginoo:

Pagkatanggap na pagkatanggap ko ng inyong sulat ay naparoon ako agad sa Aklatang Makahari upang hingin ang binanggit na mga aklat.<sup>1</sup> Tinanggap ko ang mga iyon kinabukasan, datapuwa’t hindi ibinigay sa babaing inutusan kong kumuha ng mga iyon ang mga polyetong nagpapaliwanag, liban sa Tomo 28. Sapagka’t nang araw na iyo’y masama ang aking pakiramdam ay pinabayaan ko na; sinimulan kong gumawa at isinalin ang mahalagang lathalain ninyo tungkol sa etnograpiya ng Pulo ng Mindanaw.<sup>2</sup> Ang maliit na gawaing ito, na natapos ko nang tatlong araw, ay ipinadadala ko sa inyo na kalakip nito; may mga kamalian ang salin, nguni’t hindi ko maiwasan ang mga iyon sapagka’t kinakailangan kong isauli bukas ang aklat; ngayoy iniwawasto ko ang aking mapa ng Mindanaw, at ang pinagbabatayan ko’y ang sa inyo; ang mapa ko’y tutoong matanda na: ginawa ito noong 1852<sup>3</sup>.

<sup>1</sup> May kinalaman sa sulat blg. 113 ng Epistolario, na itinatagubilin doon ni Blumentritt kay Rizal na hanapin ang mga aklat na sumusunod: *Anthropologie des Naturvolker*, antropolohiya ng mga kaunaunahang bayan ni Waits; ang akda ni Guillermo de Humboldt tungkol sa wikang Kawi, ang Mapa ni Waits-Garland *Pettermans geogr. Mittheilungen*, dagdag na ployetong blg. 67, at ang tomo 19 ng *Berliner Zeitschrift fur Erdkunde*.

<sup>2</sup> Etnograpiya ng Puno ng Mindanaw ni F. Blumentritt.

<sup>3</sup> Mapang isinaayos sa harap ng mga kamalian ng *Waltzgerland* at ng mga pagtutuwid ng *Pettermans geogr. Mittheilungen*, gayondin ng kay Blumentritt.

Ang maingat ninyong gawa ay ikinagalak ko nang gayon na lamang, pumukaw sa akin ng matatandang gunita ng mabubuting kaibigan: ang gumuhit ng mapa ni Heras ay ang aking kaibigan sa kamusmusan at kasama kong tumira sa dalubhasaan ng mga Paring Hesuwita; siya'y nanggangalang Anson<sup>4</sup> at noong iginuguhit niya ang mapa, sa utos ni Pari Heras na aming kaibiga't puno, ay dumaraing siyang ang gawain daw ay nakababagot. Si Pari Pastell<sup>5</sup> ay siyang pinakamabuting kaibigan ko, siya ang lalong natatangi at lalong maraming ginawang paglalakbay sa mga misyonerong Hesuwita; siya'y masipag din nang gayon na lamang; ang larawan niya'y iginuhit ko sa alaala,<sup>6</sup> datapuwa't iyo'y kinuha sa akin ni P. Francisco Sanchez. Wala kayong sinasabing anuman tungkol sa isang Pari Federico Vila<sup>7</sup> siya'y pantas-wika, nakapagsasalita rin siya ng aleman, pranses, ingles, griyego, latin, at iba pa. Bagay sa latin, ay inaamin kong ako'y nakagawa ng isang malaking *lapsus linguae et calami* (pagkakadulas ng dila't panulat) sa huli kong liham:<sup>8</sup> ang sinulat ko'y isang di mapaniniwalang palayón sa halip ng isang paaríng pang-maramihan: patawarin nawa ako ng Diyos at ng aking propesor na si Pari Francisco Sanchez. Nagugunita ko pa ang mga kapaguran ni P. Torra<sup>9</sup> noong kanyang ihabilin sa akin ang kauna-unahang dahon para sa "Mga Sulat ng mga Pari at iba pa;" masasayang araw ang mga iyon... datapuwa't sukat na ang mga alaala at bumalik tayo sa inyong mahalagang akda<sup>10</sup>.

Iyo'y isinalin ko upang magamit ang ilang mga talang mahalaga sa isang maliit na aklat ng heograpiya para sa mga mag-aarál,<sup>11</sup> na binalak kong sulatin sakaling ako'y magkapanahon para sa gayong gawain. Tangi sa rito'y inaakala kong mahalagang malaman ng mga Pilipino na ang mga taga-ibang lupa'y higit na nag-uukol ng panahon sa mga Pilipino

<sup>4</sup> Si Glicerio Anson na kasama ni Rizal na nag-aral ng "topograpiya" sa Ateneo.

<sup>5</sup> Si Padre Pablo Pastells ng Compania de Jesus. Nang si Rizal ay ipatapon sa Dapitan, si P. Pastells ay siyang "superior" ng mga Hesuwita, na nakatalo ni Rizal sa pamamagitan ng pagsusulatán hinggil sa mga suliraning relihiyoso.

<sup>6</sup> Saan naroon ngayon ang larawang ito ni P. Pastells? Hindi mapag-aalinganang ito'y itinago ni P. Francisco de Paula Sanchez, ang propesor ni Rizal na lalong nagmahal sa kanya; nguni't hanggang sa mamatay si P. Sanchez hindi nabanggit iyon ni ipinabigay-alam man lamang.

<sup>7</sup> Si P. Federico Vila, ay isa ring hesuwita na naging propesor ni Rizal sa Ateneo.

<sup>8</sup> Tumutukoy sa pariralang *Mutum coecumque Sermo*.

<sup>9</sup> Si P. Torra, ay isa ring hesuwita, na naging propesor ni Rizal.

<sup>10</sup> Ito'y ang Etnograpiya ng Pulo ng Mindanaw ni Blumentritt na nasusulat sa aleman at inihulog sa kastila ni Rizal.—*Bagleitworte zu meiner karte der Insel Mindanao*. Dahil sa "censura" o pagbababawal ay hindi nailathala sa Pilipinas gaya ng balak ni Rizal.

<sup>11</sup> Ayon sa napag-alaman, ang heograpiya ay hindi sinulat para sa mga estudyante o mag-aarál; bagaman sinasabi ng naglathala ng *Epistolario* na yao'y inihanda sa pamamagitan ng mga tala ng Etnograpiya ng Mindanaw ni Blumentritt.

kaysa mga Pilipino na rin sa kanilang sarili; inaakala ko ring iyo'y isang napakabuting akda ng pagpapaliwanag (dagdag) hinggil sa mga Malayo. Marami sa mga akda ninyo ang naisalin na sa Kastila; sana'y ilat-hala ang mga iyan nang sama-samang lahat sa isang tomo at ang tomong ito'y isalin sa kastila: ang bilang ng mga Pilipinong nakapagsasalita ng aleman ay tutoong kakaunti at ang karamihan sa mga iyo'y mangangalakal. Inihawig ko ang inyong mapa tungkol sa heograpiya sa mapang nasa akin (Coello) at nakatagpo pa ako ng lalong maraming pagkakaiba kaysa binabanggit ninyo sa inyong kapana-panabik na lathalaín: halimbawa, hindi ko natagpuan sa inyo ang malaking Lawa ng Mindanaw. — Tungkol sa wikang *Tiruray*<sup>12</sup> ay gumawa ako kahapon ng isang maikling banghay, na matatagpuan ninyo sa dakong huli ng aklat: inaakala kong madaling matutuhan ang nasabing wika: maaaring balang araw ay pag-ukulan ko iyon ng lalong mahabang panahon.—Ang pagkakasalin ko'y may pagkamalaya sa ilang dako, datapuwa't sinikap kong ang salin ay maalinsunod sa kahulugan tuwing hindi ko maisalin ayon sa tunog ng salita. Mapapan-sin ninyong iyo'y hindi mabuting-mabuti dahil sa hindi ko pa lubos na nauunawaan ang wikang aleman. Ang mga bahagi o mga salitang hindi ko naunawaang lubos ay aking sinalungguhitan upang tawagin ang inyong pansin sa mga iyon. Inaakala kong kayo'y abalang-abala, at dahil dito'y ipinamamanhik ko sa inyong basahin ang aking sulat-kamay kapag kayo'y may labis na panahon lamang: ang binabalak ko'y ipalimbag iyon sa Pilipinas at may sapat na panahon para sa bagay na ito.—Bukas ay sisimulan kong isalin si Waitz;<sup>13</sup> may natitira akong tatlong linggo; sa panahong ito'y umaasa akong matatapos ang pagsasalin.—Ang akda ni Humboldt<sup>14</sup> ay karapat-dapat sa paghanga, at sapagka't hindi ko mabasang buo ay bibili ako ng isang sipi: naniniwala akong ang mga maliliit na kamaliang napansin ko sa aklat ay mga kamalian lamang ng palimbagan, gaya ng “n” sa halip na “m”, at ilang alituntuning hindi nasakyang mabuti ni Ginoong Es- guerra.

---

<sup>12</sup> Tinutukoy ang sinulat ni Rizal hinggil sa wikang *Tiruray* (isang lipi ng mga hindi binyagan sa Kanluran ng Mindanaw, sa katimugan ng Kotabato). Hindi malaman kung saan naroon ang sinulat na ito. Tila ito'y muling hinarap ni Rizal nang siya'y mapatapon sa Dapitan. Ano ang nangyari at ano ang kinahinatnan ng mga akdang ito? Bagaman binabanggit ni Retana ang pagkakasalin ng Etnograpiya at ang pagpapalaki ng Mapa ng Mindanaw, ay hindi naman niya sinasabi kung saan naroon ang mga orihinal niyon ni hindi binabanggit kung nailathala.

<sup>13</sup> Antropolohiya ng mga Kaunaunahang Bayan. Saan naroon ang saling ito? Ginawa ni Rizal ang pagsasalang ito kahit na may babala sa akda na “Ipinagbabawal ang pagsasalin sa ibang wikang banyaga”; hindi niya natapos ang pagsasalang nasabi.

<sup>14</sup> Tumutukoy marahil sa akda ni Humboldt hinggil sa wikang “Kawi” o tungkol sa *Mga Wika ng angkang malayo-polinesya*.

Kung inaakala ninyong hindi magiging isang pag-abala sa mga ginoong Virchow at Jagor ang aking pagdalaw sa kanila, ay pinasasalamatan ko kayo nang maraming-marami sa inyong mabuting hangad na ako'y ipakilala sa kanila. Ipinauubaya ko ito sa inyong pasiya; ang pagkakakilala ninyo sa kanila'y higit sa pagkakakilala ko at marahil ay natatalos ninyo ang kanilang paraan ng pagwawari-wari. Talagang ninanais kong makilala sila; ang kabantugan nila'y umaabot hanggang sa Pilipinas, datapuwa't iniwasan ko ang mga pagdalaw kung wala akong sasabihin o paksang pakikipag-usapan; iyo'y ipinalalagay kong parang isang paglalagalog na walang tiyak na paroroonan. Sa anu't anuman ay ipinaubaya ko sa inyong kapasiyahan ang bagay na ito. Naniniwala akong ang pinakamabuti ay siya ninyong ipasisiya.

Sa unang panig ng aklat ni Waitz, ay natagpuan ko ang ganitong babala: "Hindi ipinahihintulot ang pagsasalin sa ibang wika." Paano natin malalaktawan ang babalang ito ng may-akda?

Inaasahan kong tumanggap ng inyong larawan sa inyong huling sulat: ang sa aki'y saka na, o kaya'y magpapakuha ako ng *larawang etnográpiko* sa tagakuha ng larawan, o kaya'y ako na rin ang guguhit sa harap ng salamin;<sup>15</sup> datapuwa't magiging kamukha ko at hindi ko ipagmamalaki.

Maging mabuti nawa kayo, minamahal na ginoong Propesor; buhat bukas ay haharapin ko na nang pangatawanan ang aking pag-aaral ng kasaysayan. Magiliw ko kayong binabati,

Ssumasainyo,

RIZAL

Habol: Nalalaman ba ninyong si Binibining Paz Pardo de Tavera<sup>16</sup> ay ikakasal sa ika-7 ng Disyembre? Ang katipan ay ang aking kababaya't kaibigang si J. Luna, na inyo nang nakikilala, gaya rin ni Ginoong Hidalgo.

---

<sup>15</sup> Ang larawang sariling guhit ni Rizal ay iningatan ng anak na si Federico ni Blumentritt, "sa karangalan ni Rizal at ng Ama ko", gaya ng sinabi nito nang ipadala ang isang siping kuha sa pamamagitan ng potograpiya sa Pilipinas. Ang sipi ng larawang ito'y nalathala sa Epistolario.

<sup>16</sup> Ang binabanggit ditong Paz ay kapatid na babae ni Dr. Trinidad Hermenegildo Pardo de Tavera, manunulat na kaibigan ni Rizal, na naging kagawad ng Komisyon Sibil nang mga unang taon ng pamahalaang amerikano sa Pilipinas.



## 10. Rizal, Berlin, 9 Disyembre, 1886

Si Rizal ay pinuri dahil sa kanyang kathang may kinalaman sa heograpiya. Ang larawan ni Blumentritt ay nasa kanyang album. Upang siya'y masama sa mga nakalulugod na gunita. — Ang sari-ling larawang ginawa ng bayani. — Si Rizal, kasama ng binatang si Moret ay dadalaw kina Propesor Jagor at Virchow.

Berlin, Ika-9 ng Disyembre 1886  
Daang Jager 71

Minamahal kong kaibigan:

Ipagpaumanhin ninyo ang hindi ko pagkakasagot agad sa inyong sulat<sup>1</sup> na tinanggap ko, kasama ng inyong larawan, sapagka't ako'y maysakit nang mga araw na iyon; nguni't nakabuti sa akin nang gayon na lamang ang pagkakarinig sa inyong mga papuri sa akin at sa maliit kong akda.<sup>2</sup>

Inilagay ko ang inyong larawan, na lubha kong pinahahalagahan, sa aking Album ng mga Pilipino, kasama ng aking mga kamag-anak at mga kaibigan. Ang pagkakasama ng inyong larawan sa album na ito ay maaaring walang halaga sa inyo, datapuwa't para sa akin ay makabuluhan nang gayon na lamang, sapagka't kung ninanais kong sariwain ang lalong nakalulugod na gunita, ay lagi ko kayong matatagpuang kasa-kasama ng mga iyon. Umaasa akong pararangalan din ng Espanya sa pamamagitan ng pagka-mamamayang pandangal ang mga piling taga-ibang lupang nag-aral ng kanyang kasaysayan.

Kalakip nito ang isang larawan kong guhit sa lapis<sup>3</sup> na ipinadadala ko sa inyo, bilang pauna; sinasabing may pagkakahawig sa akin datapuwa't hindi ko natitiyak kung mayroon nga. Sa sandaling magkaroon ako ng

<sup>1</sup> Ang sulat na ito ay bilang kasagutan sa mga sulat blg. 111 at 112 ng *Epistolario*.

<sup>2</sup> Inaakalang tinutukoy ang Etnograpiya ng Pulo ng Mindanaw ni Blumentritt na inihulog sa kastila ni Rizal, at hindi sa "munting heograpiya" para sa mga mag-aaral, na binabalak gawin ni Rizal, gaya ng nasasabi sa Tala ng nag-lathala ng *Epistolario*.

<sup>3</sup> Ang orihinal ng larawang itong iginuhit sa tinta o sa krayon ay iniingatan ng anak ni Blumentritt na si Federico. Ang isang siping gawa sa potograpiya ay ipinadala ng naturang anak ni Blumentritt sa Pilipinas at makikitang nakalathala sa Tomo V ng *Epistolario*.

isang mabuting larawan ay ipadadala ko sa inyo; ang mga larawang nasa akin ay pawang inayos na o kaya'y masama ang pagkakakuha.

Bagay sa aking pagdalaw kina Propesor Jagor at Virchow, ay nagbago ako ng isip.<sup>4</sup> Isang anak na lalaki ng kagawad-bansang si Moret, isang parang kaibigan ko, ay naririto at may dalang mga tagubilin ni T. P. de Tavera para sa dalawang nabanggit na propesor. Sapagka't hindi pa nakapagsasalita si Ginoong Moret ng aleman ay ninanais niyang samahan ko siya sa kanyang gagawing pagdalaw. Isang tagubilin ninyo o pagbibigay-alam ng aking pagdalaw ay inaakala kong mapapakinabangan nang malaki.

Hindi ako makaparoong gaano, gaya ng aking ninanais; sumasakit ang aking dibdib at sa mga tandang napapansin ko, ay natatakot akong baka may malubha akong karamdaman. Noong ako'y bata pa, ay sinabi sa akin ng manggagamot ng Ateneo Munisipal na ako ay may simula ng sakit na sigam. (simula ng tisis).<sup>5</sup>

Hinihintay ko ang isa kong kababayang makakasama ko<sup>6</sup> upang hindi ako nag-iisang lubos. Niyayakap kayo,

ng inyong nagmamahal na kaibigan,

JOSE RIZAL

## PALIWANAG NG ANAK NA LALAKI NI BLUMENTRITT

PALIWANAG: Kalakip ng sulat na ito'y isang larawang guhit sa lapis ni Rizal, na si Rizal din ang gumawa, may lagda niya at sa ilalim ay may ganitong patungkol:

<sup>4</sup> Nag-aalinlangan si Rizal na dumalaw sa dalawang paham na alemang ito, sapagka't "wala siyang masasabi ni anumang sukat ipakipag-usap". Avon din sa kanya, palibhasa'y hindi niya nais na bagabagin ang mga yaon; nguni't ang pagdating ng anak ng ministrong si G. Segismundo Moret ay nagpabago ng kanyang *palagay*.

<sup>5</sup> Sinasabi ni Dr. M. Viola sa kanyang, "Ang Paglalakbay namin ni Dr. Rizal", na buong ingat niyang sinuri si Rizal, at wala siyang anumang nakitang sukat makapagpatunay ng hinala nito. Hindi pa siya nasiyahan sa kanyang ginawang pagsusuri ay itinagubilin pa niyang patingin sa isang espeyalistang aleman, at ito, matapos ang isang masusing pagsusuri ay nagpatunay ng gaya rin-ng palagay ni Viola. Ipinalagay ni Dr. Viola na ang karamdaman ni Rizal ay buhat sa panghihina nito sa kakulangan ng mabuting pagkain, at gayundin sa pagmamalabis sa paglalaro sa isang bulwagan ng palakasan, na anupa't nagtangkang makapantay o makaparis sa lalong malakas sa bulwagan iyon; nakatulong din naman, ayon kay Viola, ang malabis na pagkakahilig sa pag-aaral. Ang mga pagsusuring ito ni Dr. Viola at ng espeyalistang aleman ay ginawa pagkatapos ng ilang araw na sulatin ang sulat na ito, sapagka't noo'y hindi pa dumarating sa Alemanya si Dr. Viola.

<sup>6</sup> Tumutukoy kay Dr. Maximo Viola na katatapos pa lamang na tumanggap ng titulo ng pagka-mediko sa Barselona, at makikipisan kay Rizal sa Alemanya, matapos magdaan sa Paris.

“Sa aking itinatanging kaibigang Ginoong Fernando Blumentritt, bilang tanda ng pagmamahal.

RIZAL”

Kasama ng sulat na ito’y isang sipi ng larawang iyon na kuha sa potograpiya, sapagka’t ang orihinal ay iniingatan ng aming mag-aanak, bilang pagpaparangal kay Rizal at sa aking ama.

(Maylagda) FEDERICO BLUMENTRITT

Budweis, Oktubre, 1920.

## 11. Rizal, Berlin, 24 Disyembre, 1886

Nilalagnat, ang araw ay hindi sumisilay at ang hihip ng hangin ay napakalamig. — Isa pang tagahanga ni Blumentritt. — Si Rizal, kasama ni Viola at ng binatang Moret sa gabing sinundan ng Pasko. — Sa Maynila, ang kainan hatinggabi sa piling ng mga kaanak. Sa harap ng Beleng kinaroroonan ng Sanggol na Diyos. — Ang pinakamarikit na panahon sa Pilipinas. — Ang akda ni Ginoong Schuchardt! — Ang mga ibang bahagi ay *agri somnia*. — Sa halip ng “Kofjaeger” ay “corta-cabezas.” — Ang isang bahagi ng salin ni Waitz ay yari na.

Berlin, Ika-24 ng Disyembre, 1886  
Daang Jaeger, 71

Itinatangi't minamahal na kaibigan:

Tinanggap ko ngayong araw na ito ang isa pa ninyong sulat,<sup>1</sup> na gaya ng lahat ng iba'y ikinagalak ko nang gayon na lamang.

Hindi ko nasagot ang unang liham na may kasamang isang polyeto ni Schuchardt,<sup>2</sup> sapagka't noong aking matanggap, ay nilalagnat ako at ako'y nahiga nang maraming araw. Buhat noong Lunes ay umuulan ng yelo at natatakpan ng yelo ang mga bubong at mga daan kaya't kinakailangang huwag lumakad nang matulin upang huwag madulas sa bangketa. Hindi nakikita ang araw at nanunuot sa buto ang lamig ng hihip ng hangin. Datapuwa't isang kasiyahan para sa amin ang panood ng ganitong mga pangyayari, na kailan ma'y hindi namamalas sa aming bayang tuwinang tinatamaan ng sikat ng araw.

Isang kaibigan ko sa Pilipinas ang dumating na galing sa pag-aaral sa Barcelona;<sup>3</sup> kasalukuyang siyang nag-aaral ng wikang aleman at ninanais niyang tumira nang siyam o sampung buwan sa Berlin. Kayo'y madalas naming mapag-usapan at gayon din ang inyong mga akda at

<sup>1</sup> Tinutukoy ang sulat blg. 113 ng *Epistolario*.

<sup>2</sup> Ang sulat na ito ni Blumentritt na may kasamang isang polyeto ni Schuchardt ay wala sa *Epistolario*; hindi sasalang iyo'y hindi naingatan.

<sup>3</sup> Si Dr. Maximo Viola ay kasama ni Rizal na tumira sa Berlin (Jaeger Strasse 71) at pagkatapos ay kasama rin ni Rizal na naglibot sa iba't ibang siyudad ng Alemanya; naging matalik na kaibigan ni Rizal at nag-abuloy dito ng salapi sa pagpapalimbag ng *Noli Me Tangere*.

ninonais niyang kayo'y makilala. Siya at ang binatang si Moret, na kapwa nagpapadala sa inyo ng kanilang bating pamasko, ay siyang magiging kasama ko sa notse buwena. Maraming salamat sa inyong magiliw na paanyaya; ninonais ko sanang makapanood ng pagdiriwang ng punongkahoy ng Pasko, datapuwa't ang may mga paanyaya sa akin ng mga mag-aanak na nakakikilala sa akin ay para sa Bagong Taon, sapagka't sila'y walang mga anak, marahil, o malalaki na ang kanilang mga anak. Sa aming bahay ay ipinaghahanda kami ng isang masarap na sopas sa hatinggabi at ang lahat ng mga kaanak ay kinakailangang dumalo; ang mga bata'y naggagayak ng isang Beleng may Sanggol na Hesus, mga hayop, at iba pa. Ang panahong ito ay siyang pinakamarikit at kalugod-lugod sa Pilipinas.

Nabasa ko na ang akda ni Ginoong Schuchardt,<sup>4</sup> at ikinamamangha kong ang pantas na ito'y sumulat ng isang akdang napakahirap at ang mga kinasangkapang mga tala ay napakasasama, sapagka't maliban sa bahaging hinango, kay Ginoong Labhart, kay Ginoong Tavera at ang kahuli-hulihang bahagi, ang lahat ng ibang "bahaging kastilang pangkusina" ay hindi ni kastilang pangkusina ni tagalog, ni tunay na kastila: iyo'y mga *aegri somnia*, alalaong baga'y mga panaginip ng isang maysakit, mga likha ng mga nahihibang na utak ng mga ginoong sina Entrala, Cañamaque<sup>5</sup> at iba pa. Sayang at si Ginoong Schuchardt ay hindi uminom sa mga batis na lalong dalisay. Ang palaaral at mapagtiwalang pantas na Aleman ay nanghawak lamang sa matutunog na ngalan ng aming mga "manunulat". Ang "kastilang pangkusinang" ito ay sinasalita sa dalawang paraan, alinsunod sa kung ang nagsasalita'y isang taal na tagaroon o isang taga-Espanya.

Sa halip ng "Kopfjaeger", na sang-ayon sa inyo'y nangangahulugan ng mangangaso ng mga ulo, ay iminumungkahi ko ang mga salitang "degollar" o "corta-cabezas" o kaya'y mamumugot ng ulo; hindi ako mangangahas bumuo ng isang tanging salitang hango sa mga salitang Griyego;

<sup>4</sup> Marahil ay ang akda ni Schuchardt na sa kanya'y ipinadala ni Blumentritt. Si Schuchardt ay propesor sa Instituto Tekniko sa Graz.

<sup>5</sup> Sina Entrala at Cañamaque ay mga manunulat na kastilang pahapyaw lamang, na nagsisulat ng mga artikulo at mga aklat tungkol sa Pilipinas. Sa mga aklat ni Francisco Cañamaque ay nakikilala ang *Recuerdo de Filipinas* (Mga Alaala sa Pilipinas) Madrid, 1877; *Las Islas Filipinas*, ikalawang pagkalimbag, Madrid, 1880 atbp. Si Cañamaque ay naging Diputado sa Espanya, at samantalang siya'y diputado ay nagpahayag sa Kongreso ng kanyang palagay na ang prayle ay siyang tanggulang lalong matibay at lalong malakas ng Espanya, at kanyang ipinahayag ng boong katigasan na ang palagay niyang yao'y ginagawa niya "sa ibabaw ng lahat ng mithiin". (*Soberania Monacal ni Del Pilar*). Sa mga akda ni Francisco de P. Entrala, ang karamiha'y pawang mga nobela gaya ng "El buque pajaro," Maynila, 1875; "La Morena de Sampalok," Maynila, 1875; "Cuadros Filipinos," saynete, 1882, "Sonrisas Tristes," katipunan ng mga pangkasaysayang kuwentong pilipino sa Maynila, 1875 atbp.

iyoy magiging napakabanayad at napakamakaagham para sa mga liping iyon. Isinalin ko ang salitang *Stamm* ng *tribu* o lipi, sapagka't ang mga salitang *raza* at *casta*, ayon sa aking palagay, ay lalong masaklaw ang kahulugan. Gayunman kung inaakala ninyong ang salitang *raza* ay higit na angkop kaysa *tribu*, ay alisin ninyo ang nahuhuling salitang ito.<sup>6</sup>

Hindi ko pa nadadalaw sina Ginoong Jagor at Virchow sapagka't noong mga nakaraang araw ay masama ang aking pakiramdam at si Ginoong Moret naman ay abalang-abala.

Ngayo'y matagal na umulan ng yelo at napakaginaw, datapuwa't ang mga daan ay lagi nang puno ng mga taong namimili para sa Pasko.

Ikatlong bahagi lamang ng aking salin ng Waitz ang nayayari, sapagka't kinailangan kong isauli ang aklat, datapuwa't hihiramin ko uli at tatapusin ko ang gawain.

Ninana is kong kayo at ang inyong minamahal na kaanak ay magkaroon ng maligayang Pasko at manigong bagong taon, at inuulit kong ako'y

Tapat na sumasainyo,

RIZAL

Maraming salamat dahil sa aklat ni Schuchardt.

---

<sup>6</sup> Tinutukoy ang antropolohiya ng mga kaunaunahang bayan at pangkalahatang etnograpiya. Sa malas ay hindi natapos ang pagsasaling ito sa kastila; walang nakikita nito sa talaaklatang maka-Rizal ng *Vida y Escritos* ni Retana, ni sa iba pa mang talaaklatang nakikilala.

## 12. Rizal, Berlin, 30 Disyembre 1886

Mga panapal at pampapawis laban sa torticosis. — Kahulugan ng mga salitang *raza*, *nacion*, *tribu*, *clan*, *casta*. — Ninanais maki-pagkaibigan ni Viola kay Blumentritt. — Isang kaloob na lalagyan ng tabako. — Sa pagkakakitang malalakas pa ang matatandang gaya ng emperador, sina Moltke at Bismarck, ay hinahangad ni Rizal na ang kanyang ama'y dumating sa gulang na matandang-matanda na.

Berlin, Ika-30 ng Disyembre, 1886

Pinakamamahal kong Kaibigan:

Tinutugon ko ngayon ang nakalulugod ninyong sulat<sup>1</sup> at kayo'y pinasasalamat ko dahil sa inyong magiliwing mga puna. Umaasa akong kayo'y magaling na sa pananakit ng katawan dahil sa rayuma; noong ako'y bata pa ay nagkasakit ako ng *Torticosis*, isang rayuma ng mga kalamnan, at ang iginamot ko ay mga panapal at pag-inom ng isang pampapawis.

Tiningnan ko ang salitang "raza" sa aking talatinigang sinulat ni Dominguez at inakala kong ang kahulugan niyon ay hindi "*tribu*." Ang "raza" o lahi ay ang mga sumusunod: ang kausiko, monggoliko, amerikano, malayo, at negro; ang ngalang ito ay iniukol din sa mga bayang, may mahigit na kalahating angaw na kaluluwa, ang tinatawag ninyong *nasyon*, datapuwa't hindi namin tinatawag na *nasyon* o bansa ang mga bayang hindi nagsasarili, halimbawa, and lahing tagalog, bisaya, at iba pa. Datapuwa't sinasabi naming bansang kastila sa halip ng lahing kastila. Ang *tribu* o lipi ay maliit kaysa *raza* o lahi, iyo'y isang bahagi nito; halimbawa, ang lahing hudyo; datapuwa't mga lipi, (*tribu*) ang kina Levi, Hudá, at iba pa. Ang salitang *clan* o "angkan" ay tinatanggap na sa kastila, datapuwa't ang ikinakapit na kahulugan ay iyon lamang kahulugan, nang unang panahon, isang pagkakaisa ng maraming mag-aanak na eskosés. Ang salitang *casta* ay isang salitang lalong nauukol sa politika kaysa etnograpiya at sa ilalim ng paninging ito ay hindi ko binibigyan ng halaga

<sup>1</sup> Ang sulat na sinasagot ni Rizal ay wala sa mga sulat ni Blumentritt na inilathala sa *Epistolario*.

ang salitang ito. Ang *Tribu* ay isang salitang ibinibigay ng mga Kastila sa mga bayang hindi gaanong marami at wala ni pamahalaang sarili ni malaking kahalagahan at ibinibigay nila ang ngalang ito na para bagang tinutukoy ang *puno* ng isang kahoy na pinagbuhatan ng mga sanga. Sa ganitong paraan, ang mga tribu o lipi ni Huda, ni Levi, ni Dan ay may kalakip na pagtukoy sa kanilang amang si Jacob. Wala akong matagpuang ibang salitang kasingkahulugan ng salitang *tribu*. Ako'y may pagkamagugulatin sapagka't marami ang nakain kong arseniko<sup>2</sup> at tila punong-puno ako niyon; marahil ay magiging lalo akong mapagdilidili sa ibang araw, datapuwa't ang arseniko ay lubhang mabuti sa aking karamdaman.

Ibig ng kababayan<sup>3</sup> kong samahan niya ako sa Leitmeritz sapagka't nais niyang makilala kayo nang harapan. Marahil ay aalis kami rito sa unang araw ng Abril, at daraan kami sa Dresden, Leitmeritz, Praga, at Vienna upang tumungo sa Suwisa.<sup>4</sup>

Sa pamamagitan ng koreo ay pinadalhan ko kayo ng isang maliit na handog, isang lalagyan ng tabako<sup>5</sup>; huwag kayong tumawa kapag nantanggap ninyo iyon; buong pusong ibinibigay ko sa inyo iyon at taglay ang lalong mabuting hangarin, wala lamang kahala-halaga.

Ang selyo ng inyong sulat ay hindi natatakán. Isinasauli ko sa inyo; iyo'y magagamit ninyo nang lalong mabuti kaysa sa akin; sayang kung itatapon lamang.<sup>6</sup>

---

<sup>2</sup> Si Rizal ay umiinom ng tinunaw na arseniko o Licor de Fowler ayon sa nararapat, bilang kagamutan sa mga karamdamang idinaraing niya sa sinundang sulat. Sa katotohanan, ang arseniko ay isa sa mga gamot na kanyang kinagigiliwan, maging sa ayos na parang "licor de Fowler" o tinunaw na "arseniato de sosa;" walang alinlangang ito'y nakabubuti sa kanya.

<sup>3</sup> Si Dr. Maximo Viola.

<sup>4</sup> Lumagi sa Berlin sa loob ng limang buwan (na pinagpalimbagan ng kanyang akda); buhat doo'y umalis upang pakipagkitaan at batiin ang kanyang kaibigang hindi pa nakikilala, si Dr. Blumentritt, sa Leitmeritz. Umalis sa Berlin nang ika-11 ng Mayo, 1887, at dumaan sa Potsdam; dito'y hinangaan niya ang kata-rungang aleman sa isang usapin ng may-ari ng isang "molino de viento" at ang pangasiwaan ng katarungan. Kaya't si Rizal ay napabuntunghininga ng ganito: "Mapalad na bayan ito na hindi nagdaranas ng malabis na kauhawan sa katarungan na gaya ng amin, sapagka't nasa kamay ng mga hukom ang paghahari ng mga batas at hindi sa mga prayle"! Buhat sa Potsdam, si Rizal at si Dr. Viola ay nagsipagdaan sa mga siyudad ng Dresden at Totschen, at dumating sila sa Leitmeritz. Sa himpilan ng tren ay sinalubong sila ni Dr. Blumentritt, na nakatalos ng kanilang pagdating dahil sa isang pahatid-kawad na ipinadala nila buhat sa huling siyudad na nabanggit.

<sup>5</sup> Ito'y isang pitakang manik (abalorio) na lalagyan ng tabako at gawa sa Pilipinas. Ang mga lalagyan ng tabakong ito na may magaganda't mainam na dibuho ay ginagawa sa mga bahay-bahay at sa mga kolehiyo ng mga batang babae sa Maynila.

<sup>6</sup> Ang talataang ito'y nagpapakilala ng kabutihan ng pagpapalagayan at pagsasama nina Rizal at Blumentritt, bagaman sila'y hindi pa nagkikita man lamang; bukod sa rito'y naglalarawan din naman ng kanyang ugaling pagkamatipid.



Ikinagagalak kong ang inyong ama'y umabot sa gulang na 74 na taon, ninanais ko rin sanang ang ama ko na ngayo'y may 68 taon na, ay umabot din sa gayong gulang. Tuwing makakikita ako ng mga matandang-matandang tao, gaya ng emperador, nina Moltke at Bismarck, ay naniniwala akong aabot din ang aking ama sa gayong katandaan, sapagka't siya'y lalong malusog kaysa akin at malakas, at ang mga magulang niya'y mahahaba ang buhay.<sup>7</sup>

Pinaaabot ko sa inyo ang aking lalong mabuting hangarin para sa bagong taon at gayon din sa buong kaanak ninyo.

Ang inyong napakamagiliw na kaibigan,

RIZAL

---

<sup>7</sup> Ang kanyang ama at ina, gayondin ang kanyang mga amain, ay pawang matandang-matanda na nang mangamatay.

### 13. Rizal, Berlin, 12 Enero 1887

Ang salin ng Etnograpiya. — Ang aming lahi ay hindi gaya ng pagkakarawan ni P. San Agustin, Cañamaque at iba pa. — Hinahatulan kami ayon sa kuru-kurong makakalayaan ng mga pantas na Aleman at Ingles. — Kami'y maaaring bumuting lalo sa pamamagitan ng pagtuturo. — Mga malulungkot na balita. — "Inaliw ko ang sarili sa pag-iisip na may isang Diyos, na malao't madali ay matututong ipaghiganti kami. — Isang makahayop na pangyayari sa isang inuman ng kape sa Maynila. — Kapabayaan sa Legasyon ng Espanya. — Ang dakilang Antropologong si Virchow ay nakipagbiro sa ating bayani. — Si Rizal sa piling ng mga propesor at mga pantas sa Kapisanang Etnográfiko.

Berlin, Ika-12 ng Enero, 1887  
Jager Strasse 71, III

Minamahal kong kaibigan:

Tinanggap ko ang inyong sulat<sup>1</sup> pati ng aking pagkakasalin, na nilakipan ninyo ng maraming paliwanag<sup>2</sup> at pinasasalamatan ko kayo sa inyong kapagalan sa pagwawasto ng mga kamalian at pagpupuno sa mga kakulangan. Ninais kong bumili ng isang sipi ng "Ang mga Sulat ng mga Misyonerong Hesuwita," upang mapunan ang mga nasabing puwang, datapuwa't yamang ang mga iyo'y pinunan na ninyo, gaya ng nararapat, ay wala na akong kailangang gawin pa sa bagay na iyon. Namamalas kong napakabubuti ng inyong mga puna, at inaakala kong ang lahat na iyon ay maaaring gamitin nang walang pagbabago, at marahil ay ilang salita lamang ang kaipala'y aking papalitan; halimbawa sa halip ng *fabricar* o "ginawa" ay gagamitin ko ang *esculpir* o "nililok", gaya ng inyong ipinapayo o kaya'y ang "tallar" sa kahulugang umukit sa kahoy, at iba pa.

Ikinaligaya namin nang labis (at iyo'y ikaliligaya rin ng aming mga kababayan), ang pagkakaalam na balang araw kami'y pahahalagahan

<sup>1</sup> Wala rin sa *Epistolario* ang sulat na ito.

<sup>2</sup> Tinutukoy ang salin ng "Etnografia" ni Blumentritt, na binanggit na sa mga naunang sulat.

at pakikitunguhan nang lalong mabuti ng mga pantas na tagaibang-lupa kaysa ginagawa ng mga manunulat na Kastila. Ang aming lahi ay may mga kapintasan at masasamang hilig, datapuwa't iyo'y hindi gaya ng pagkakarawan nina P. Gaspar de San Agustin, Sinibaldo de Mas, Ginoong Cañamaque, P. Casimiro Terrero at iba pa.<sup>3</sup> Utang namin sa mga pantas na Aleman at Ingles na abutin ng bahagyang liwanag ang aming naririmlang bayang tinubuan, at totoong kahanga-hangang kami'y hindi hinahatulan ng mga tagaibang-lupang ito, na hindi nakadalaw sa aming bayan, sang-ayon sa mga pangunang hatol na pinagkatandaan, gaya ng ginagawa ng iba, kundi sang-ayon sa isang pagkukurong malaya at pagpapalagay na makatao. Tayong lahat ay mga tao at tayo'y maaring lalong bumuti sa pamamagitan ng pagtuturo at ng kalinangan, gaya ng ginawa ng ibang mga tao, na ilang dantaon lamang ang nakararaan ay mga taong gubat pa. Tumanggap ako ng ilang balitang nakapanlulumo buhat sa aking bayan, na ikinalungkot ko nang gayon na lamang,<sup>4</sup> datapuwa't inaaliw ko ang sarili sa pag-iisip na may isang Diyos, na malao't madali ay matututong ipaghiganti kami. Kung ako lamang ay hindi isang Pilipino, ay ipinalathala ko sana ang mga balitang ito, at baka masabi na ang mga iyon ay hindi totoo dahil sa kanilang pinanggalingan at mga hinaing lamang na walang kabuluhan o kaya'y oraciones *pro domo sua*, (mga talumpati sa kapakanan ng sariling pamamahay). Pinasasalamat namin ang Diyos pagka't dahil sa mga Kastila at sa relihiyong katoliko ay hindi kami nahulog sa mga malulupit na kamay ng mga nangangalakal ng mga alipin; datapuwa't hindi dahil sa bagay na iyon, ay nararapat nila kaming pakitunguhan nang may pagkamakahayop, gaya ng hindi na nalalaunang nangyari sa isang inuman ng kape sa Maynila.<sup>5</sup> Hindi lalong malaking utang na loob ang nararapat naming tanawin sa kanila kaysa nararapat taglayin ng mga Ebreo kay Faraon, sapagka't ang mga Ebreo ay tumira sa kaharian ni Faraon at nagmana ng mga lupa ng kanilang mga ninuno. Datapuwa't sukat na; hindi ko ninanais papaitin

---

<sup>3</sup> Ang mga manunulat na ito, gaya rin naman ng ibang nagsisunod sa kanila, ay napatangay sa kani-kanilang pansariling kuro na nagkalipat-lipat sa isa't isa nang di sinuri muna ang katotohanan, ni tinarok ang mga bagay-bagay, at saka sa kanilang pagsulat ay walang pinanghawakan kundi ang kabutihan at kapakanan lamang ng kanilang sarili.

<sup>4</sup> Ang mga balitang ito'y nauukol sa patuloy na pagdaragdag ng mga buwis na sinisingil ng Asyenda ng Kalamba sa mga namumuwisang mga lupang sakahan, may patubig man o wala gayondin ng mga bakurang kinatatayuan ng mga bahay. Ipinalalagay ng mga taga-Kalamba na ang mga buwis na ito'y labis-labis at wala sa matuwid. Nauukol din naman ang mga balitang nasabi sa mga kalabisang ginagawa ng mga Guwardiya Sibil (Tingnan ang mga Sulat blg. 106 at 115).

<sup>5</sup> Tumutukoy sa isang pangyayari sa isang kapihan sa Maynila, na sa walang gaanong halagang bagay ay sinaktan ng isang kastila ang isang utusan.

ang inyong butihing puso sa pagbanggit ng ganitong malulungkot na kaysaysayan.

Ikinalugod naming lubha, ng aking kababayan at ako, na ang pagkaing bohemyo ay katulad ng sa mga Pilipino, sapagka't kami'y nagsasawa na sa luto ng mga Alemang taga-hilaga na nakasisira ng aming tiyan. Hinggil sa alak ng Bohemya, ay hindi kami umiinom ng maraming alak; lalong minamabuti ko ang tubig; sa mga restoran ay umiinom ako ng serbesa upang huwag makatawag ng pansin ng madla.

Noong gabi ng bagong taon ay walang anumang nangyari sa akin, naroroon ako sa bahay ng isang mag-aanak na kilala ko at doo'y nagawitan, nagsayawan at nagtugtugan.<sup>6</sup>

Ang sinasabi ninyo tungkol sa mga kawaning kastila ay lubhang maliit na bagay kung itutulad sa nangyari sa aming Legasyon dito. Naki-kilala ko ang lahat ng kawani ng Legasyon tangi sa ministro, ang Konde ng Benomar, at ilan sa mga iyon ay halos kaibigan ko. Tatlong linggo na ang nakararaan ay dinalaw ako ng isang pulis upang tingnan ang aking mga papel at ako'y pinagkalooban ng taning na tatlong linggo upang ang mga iyo'y maiwasto; kung hindi, ang sabi niya, ay palalayasin ako.<sup>7</sup> Pumaroon ako sa Embahada at ipinagbigay-alam ko sa kanila ang ipinagagawa sa akin. Sinabi nilang ako'y tumiwasay, nangako pang mamamagitan sila sa usapin at ipagbibigay-alam daw sa ministro. Sinabi nang ministro na mabuti raw ang aking mga kasulatan at ninanais lamang daw makita ang mga iyon; kaya ipinadala ko ang mga iyon sa pamamagitan ng binatang si Moret. Datapuwa't ngayon, pagkaraan ng mahabang panahon ay sinabi sa akin ng ministro na ako dikuno ay kinakailangang pumaroon sa konsul, sapagka't siya'y walang pakikialam sa bagay na ito. Ngayon lamang napag-alaman ng ministro ang kanyang mga tungkulin! At siya'y labinlimang taon nang ministro sa Berlin! Madadalumat ba ninyo ito?

<sup>6</sup> Ang tinutukoy ay isang pistang idinaos sa bahay ng isang kapitan ng hukbong aleman, na naging katulong ni Heneral Moltke, at naging kaibigan ni Rizal. Sa pistang ito'y dumalo si Rizal na kasama si Dr. Maximo Viola, gaya ng nasasaad sa sinulat nitong alaala na pinamagatang "Mis Viajes con el Dr. Rizal."

Tila sa isang sinulat na sanaysay ni Rizal sa wikang pranses na pinamagatang "*Une Soirée chez M.B.*" samantalang siya'y nasa Berlin at nalathala sa talaaklatan ni Retana, blg. 60, ay tinutukoy din ang pangyayaring ito sa kanyang buhay. Walang sukat pagkakilanlan kung ang sanaysay na ito'y nalathala; ang orihinal ng sanaysay na nasabi ay naiingatan sa "Bureau of Public Libraries".

<sup>7</sup> Pinaghinalaan ng Pulisya sa Berlin ang mga kilos ni Rizal sa mga siyudad ng Alemanya, lalong-lalo na ang kanyang pagdalaw sa mga bayang maliliit, sa pag-aakalang siya'y isang tiktik ng pamahalaang pranses. Ang ministro ng tanggapan ng Sugo ng Espanya, na dinulugan ni Rizal upang siya'y pagkalooban ng mga kasulatang kailangan ay hindi naaring makaayos ng sigalot, at ang tanging nakalunas ay ang mga paliwanag na ginawa rin ni Rizal sa mga pinuno ng Pulisyang aleman, na lubos namang nasiyahan.

Dumalaw na ako kay ginoong Jagor,<sup>8</sup> na naging magiliwin sa akin; inanyayahan akong dumalo sa Kapisanang Heograpiko at ipinakilala ako sa mga lalong bantog na propesor at pantas at ako'y pinasalo sa kanilang buwanang kainan; dito ko nakilala ang bantog na si Virchow. Sinabing pabiro ng pantas na ito na ninanais niyang ako'y pag-aralan ayon sa karunungan nauukol sa mga lahi ng tao; ang isinagot ko ay ako'y naka-handang pag-aralan niya alang-alang sa pagmamahal sa agham, at ipinangako kong ihaharap ko sa kanya ang isa pang sipi (ang aking kababayan).<sup>9</sup> Sa hapag na kainan ay pinaupo ako sa kanyang tabi at naunawaan niyang mabuti ang aking alemang balu-baluktot. Pagkatapos ay uminom kami ng serbesa, kasama ni Freiherr von Dankelmann at dalawa pang mga ginoo hanggang ika-labindalawa at kalahati. Iyo'y isang gabing kasiya-siya at karapat-dapat gunitain, na pinaraan ko sa piling ng mga pantas na Aleman.

Sa darating na Sabado ay dadalo kami sa pulong ng Kapisanang Etnograpiko<sup>10</sup> bilang tagapanood at bilang kasali rin. Binabati kayo ng aking kababayan at siya'y umaasang makasusulat sa inyo sa loob ng isang buwan, sapagka't nagsusumakit siyang matuto ng mahirap na wikang aleman, at sa katunayan ay malaki na ang kanyang natututuhan sa pag-aaral.

Kami ng aking kababayan ay bumabati sa inyo at sa inyong kaanak, at pinasasalamat namin kayo sapagka't sa inyong pamamagitan ay nakilala namin ang mga bantog na propesor na Aleman.<sup>11</sup>

Mapitagang sumasainyo,

JOSE RIZAL

---

<sup>8</sup> Bantulot si Rizal sa pagdalaw kina Dr. Jagor at Dr. Virchow sanhi sa mga kadahilanang nabanggit na sa mga naunang sulat, nguni't nagbago siya ng loob nang matalos na ang anak ng ministrong kastilang si Moret ay may taglay na tagubilin ni Dr. Trinidad H. Pardo de Tavera para sa mga nasabing doktor na aleman, at sa kanya'y napasasama sa pagdalaw sa mga iyon. Gayunman, sa malas ay tila nag-iisa si Rizal nang dumalaw kina Dr. Jagor at Dr. Virchow, at hindi kasama ni ang anak ni Moret, ni si Dr. Viola, pagka't ang dalawang ito'y hindi niya binabanggit.

<sup>9</sup> Si Dr. Maximo Viola.

<sup>10</sup> Tinutukoy ang "Sociedad Etnográfica de Berlin" na pinangunguluhan ni Dr. Virchow. Ito rin ang nagpakilala sa kanya sa kapisanan, at gaya ng sinasabi sa sulat na ito, si Dr. Rizal ay dumalong kasama si Dr. Viola sa isa sa mga pulong ng samahan, hindi lamang bilang tagapanood kundi bilang isang kasapi. Sa pagkakataong ito nagharap si Dr. Rizal ng isang akda niya sa wikang aleman na pinamagatang *Tagalische Verskunst*, hinggil sa Sining ng Tulang Tagalog (Arte Metrica del Tagalog), na sa pamamagitan ng pamagat na ito'y tinagalog din ni Rizal.

<sup>11</sup> Tinutukoy sina Dr. Rudolf Virchow at Dr. Feodor Jagor.

## 14. Blumentritt, Leitmeritz, 24 Enero 1887

“Patay na patay ako sa paghitit”. Isang aklat ni Pardo de Tavera.

Leitmeritz, Enero 24, 1887

G. Jose Rizal,  
Berlin,  
Jagerstrasse 71-III

Mahal na kaibigan:

Mahigit nang isang linggong wala akong natatanggap na balitang galing sa inyo. Inaasahan kong hindi kayo nagkasakit na gaya ko, na kababangon lamang ngayon sa aking higaan: nagkaroon ako ng isang masidhing sipon at ako’y namalat. Ang gayong karamdama’y napakahirap sa akin, sapagka’t siyang pumipigil sa aking paghitit (patay na patay ako rito). Si G. Pardo de Tavera ay naglathala ng isang kaakit-akit na munting aklat na kinalugdan ko nang gayon na lamang. Ito’y ang Sanskrito sa Wikang Tagalog, Paris, Imprimerie A. Davy 1887.) Lubhang kaakit-akit.

Kalakip ang magiliw na alaala

Ang lubos na nagmamahal sa inyo,

F. BLUMENRITT

## 15. Rizal, Berlin, 26 Enero 1887

Hinahangaan ni Rizal si Doktor Pardo sa kaalaman nito ng wikang Sanskrito. — Si Rizal ay makatutuklas ng lalong maraming salitang sanskrito sa tagalog. — Lubos na sumasang-ayon sa paghiwalay ng Pilipinas. — Ang pakikibakang payapa ay isang pangarap. — Hindi matutuhan kailanman ng Espanya ang itinuturo ng kanyang mga dating bayang sakop sa Timog Amerika. Ni ang aral ng Inglatera at ng Estados Unidos. — Wala kaming hinihingi kundi lalong malaking paglingap, lalong mabuting pagtuturo, mabuting pamamahala at pagkakaroon ng mga kinatawan. — Si Rizal ay kasapi ng Kapisanang Etnográpiko.

Berlin, Ika-26 ng Enero, 1887

Minamahal kong kaibigan:

Ngayo'y tumanggap ako uli ng isang liham ninyo,<sup>1</sup> kaya dalawang sagot na ang aking utang sa inyo.

Hindi ko nasagot agad ang inyong unang sulat, sapagka't sa anu't anuman ay walang nababagong pangyayari dito at tangi sa rito ay nahiga ako ng ilang araw dahil sa lagnat.

Totoong dinaramdam ko ang inyong pagkakasakit, sapagka't walang bagay na lalong nakamumuhi kaysa sapilitang pamamahinga sa tulugan. Hindi ko mawari kung gaano kalaki ang tinitiiis ng isang tao kung hindi makahitit<sup>2</sup> sapagka't ako'y hindi humihitit, datapuwa't ipinalalagay kong iyon, marahil, ay gaya ng hindi pagkakainom ng tubig, na isang bagay na tutoong kinasawian ko.

<sup>1</sup> Finutukoy ang sulat ni Blumentritt na may blg. 116, Tomo I ng *Epistolario*.

<sup>2</sup> Isang mahigpit na sipon at pamamalat na ikinahiga at ikinatigil ng paghitit, na, ayon kay Blumentritt ay siya niyang malabis na kinahihiligan.

Kinaingitan ko si Pardo de Tavera sapagka't siya'y marunong ng wikang Sanskrito<sup>3</sup>; kung ang pagkakaalam ko ng Sanskrito ay kasinlaki ng pagkakaalam niya, kaipala'y makatutuklas ako ng lalong maraming salitang Sanskrito sa aming wika, sapagka't siya'y hindi gaanong marunong ng tagalog. Datapuwa't ako'y hindi na makagawang gaano kung gabi, sapagka't kung gagawin ko iyon ay lalagnatin ako at magpapawis nang katakut-takot sa buong magdamag. Kung hindi ko kasama ang aking kaibigan, ay malamang na lumipat na ako sa Italya, sapagka't ang panahon dito'y hindi ko kahiyang.<sup>4</sup>

Ako'y kasang-ayon ninyo tungkol sa paghiwalay ng Pilipinas,<sup>5</sup> nguni't hindi lamang darating kailanman ang gayong pangyayari. Ang pakikibakang payapa ay lagi nang magiging isang pangarap, sapagka't hindi matututuhan kailanman ng Espanya ang ibinigay na aral ng kanyang mga dating sakop sa Timog Amerika. Hindi kayang matatap ng Espanya ang natutuhan na ng Inglatera at Estados Unidos. Datapuwa't sa ilalim ng mga kasalukuyang pangyayari ay hindi namin hinahangad ang paghiwalay sa Espanya; ang lahat ng hinihingi namin ay lalong mabuting paglingap, lalong mabuting pagtuturo, lalong mabuting kawani sa pamahalaan, isa o dalawang kinatawan at higit na katiwasayan para sa aming pagkatao at sa aming ari-arian.<sup>6</sup> Maaaring matamo tuwina ng Espanya ang pagmamahal ng mga Pilipino kung ang Espanya lamang ay magiging makatuwiran! Datapuwa't: *quos vult perdere Jupiter, prius demetat!* (ang ninanais ipariwara ni Jupiter ay binabaliw muna niya!)

Pauna ang pasasalamat ko sa lahat ng inyong gagawin alang-alang sa aking kababayang si I. de los Reyes;<sup>7</sup> ikasisiya ko nang gayon na

<sup>3</sup> Sinulat ni Pardo de Tavera ang "El Sanscrito en la Lengua Tagalog" na inilathala niya sa Paris nang 1887 sa Limbagan ni A. Davy. Ang akdang ito ni Pardo de Tavera ay kinalugdang lubha ni Blumentritt.

<sup>4</sup> Sa malas ay hindi nakabuti kay Rizal ang singaw ng lupa sa Berlin o ang kanyang mga gawain, marahil, at ang kakulangan ng pagkain, sanhi sa hindi panay na pagtanggap niya ng pensiyon. Bagaman gayon na lamang ang kanyang pagmamadali upang pasa Italya at nang doo'y makapagpalakas, ay hindi rin nakaalis sa Berlin hanggang mga unang araw ng Mayo upang tumungo sa Italya, na magdaraan sa Biyena, Hinebra at iba pang bayan.

<sup>5</sup> Ang pagbanggit na ito ng kuro ni Blumentritt hinggil sa paghiwalay ng Pilipinas sa Espanya, na walang alinlangang iminungkahi o binanggit nito, ay nasa ibang sulat, marahil, ni Blumentritt na wala sa *Epistolario* ni sa iba mang aklat. Gaya ng mamamalas, sa palagay ni Rizal ay hindi maisasagawa ang paghiwalay sa pamamagitan ng magpapayapang kaparaanang iminumungkahi ni Blumentritt; gayunma'y idinurugtong na "sa mga kasalukuyang nangyayari" ay hindi ninanais ng mga pilipino ang paghiwalay sa Espanya.

<sup>6</sup> Ang ibig lamang ni Rizal ay isang pagbabago sa politika ng pamahalaan sa pananakop, sa pamamagitan ng mga pagbabagong dapat gawin.

<sup>7</sup> Walang natagpuang anumang pagbanggit tungkol sa bagay na ito sa *Epistolario* ni sa alinmang kasulatan o aklat na pinagsanggunian; gayunma'y tila may kinalaman sa ilang artikulong pangkasaysayan ni Isabelo de los Reyes na hindi pinayagang malathala sa Pilipinas.



lamang na maisulat sa aking bahay, na isang pantas na Austriako ang nagpalimbag ng tinanggihan ng minamahal kong bayang tinubuan.

Binabalak kong isalin sa tagalog ang mga paglalakbay ni Jagor,<sup>8</sup> sa sandaling matapos ko ang pagsasalin ng kay Waitz,<sup>9</sup> sapagka't ang pagkakasalin ni Soler ay maraming kapintasan at mga kamalian. Umaasa akong matatapos ang mga gawaing ito sa tagsibol. Hindi ako nakabili ng mga akda ni Humboldt<sup>10</sup> sapagka't napakamahal; kapag ako'y kumikita na ay saka na ako bibili ng lahat ng mabubuting akdang ito.

Nagkaroon ako ng dakilang karangalang mahirang na kasapi ng Kapi sanang Etnográpiko.<sup>11</sup> Dumalo ako sa pangkaraniwang pulong at gayon din sa pulong na hindi pangkaraniwan niyon. Hindi pa nalalaunan ay nagbigay si Duktur Domitz<sup>12</sup> ng isang kapana-panabik na panayam tungkol sa mga libingan ng mga Hapon nang panahong bago pa isulat ang kasaysayan; pinagbatayan niya ang mga lalagyan at palamuting natagpuan sa mga nasabing libingan. Iyon ang pinakamabuting panayam na narinig ko sa dalawang pulong.

Mga kumusta sa inyong minamahal na maybahay<sup>13</sup> at sa inyong ama.

Nawa'y maligtas kayo sa anumang karamdaman.

Ang inyong nagmamahal na kaibigau,

RIZAL

Ipinakukumusta kayo ng aking kababayan.

<sup>8</sup> Tinutukoy ang akda ni Jagor tungkol sa Pilipinas na pinamagatang *Reisen in den Philippines* na unang-unang sinulat sa wikang aleman, tila noong 1873, at inihulog sa kastila ni Sebastian Vidal y Soler sa ilalim ng pamagat na "Viajes por Filipinas" (Mga paglalakbay sa Pilipinas) at inilathala nang 1875. Inaakalang hindi naihulog sa Tagalog ni Rizal ang aklat na iyon.

<sup>9</sup> Ang akda ni Waitz ay nauukol sa Etnograpiya at Antropolohiya ng mga kauna-unahang bayan. Tila ang ginagawang itong pagsasalin sa Tagalog ni Rizal ay hindi natapos, sapagka't ayon sa napag-alaman ay ikatlong bahagi lamang ang kanyang natapos nang mga unang araw ng taong 1887, palibhasa'y isinauli niya sa Aklatan ang naturang aklat. Hindi rin malaman kung saan naroon ang hindi tapos na saling ito.

<sup>10</sup> Tinutukoy ang mga akda ni Humboldt hinggil sa wikang "Kawi" at sa mga wikang malayo, na pinamagatang *Über die Kawi — Sprache auf der Insel Java*, Berlin 1836.

<sup>11</sup> Nahirang siyang kasapi (ng *Sociedad Etnográfica*), at siya'y ipinakilala ng pangulo ng samahan na si Dr. R. Virchow. Sa pagkakataong ito'y bumasa si Rizal ng isa niyang akda tungkol sa tulang tagalog (Tingnan ang mga naunang tala).

<sup>12</sup> Tinutukoy si Dr. Domitz, isang etnógrapong aleman.

<sup>13</sup> Ang Ginang ni Blumentritt ay nanggalingang Rosa. Hindi nabanggit kailanman ang pangalan ng kanyang ama.

## 16. Blumentritt, Leitmeritz, 4 Pebrero 1887

Mga bilang ng "Globus"

Leitmeritz, Pebrero 4, 1887

G. Jose Rizal,  
Berlin  
Jaegerstrasse 71-III

Mahal na kaibigan:

Tatanggapin ninyong nakabalot nang hiwalay ang mga bilang ng "Globus" na may mga lathalang nauukol sa Pilipinas. Susulatan ko pa kayo bukas.

Mapipilitan akong manatili sa bahay buhat sa lunes dahil sa ubo at pamamalat.

Kalakip ang magigiliw na bati.

Boong pagmamahal na sumasainyo.

F. BLUMENTRITT

## 17. Rizal, Berlin, 7 Pebrero 1887

Hinaharap ang pananaliksik tungkol sa mga sakit.— Ang kinatawag La Guardia ay humihingi sa Kapulungan ng mga kinatawan para sa Pilipinas.— Si Rizal ay kasapi sa Kapisasanang Etnagrápiko.— Hindi pa gumagaling si Blumentritt.

Berlin

Ika-7 ng Pebrero, 1887

Daang Jaeger 71

Minamahal kong kaibigan:

Pinasasalamat ko kayo sa pagkakapadala sa akin ng mga bilang ng "Globus"<sup>1</sup>; ang mga iyon ay namalas kong lubhang kapana-panabik, at ipinamamanhik ko sa inyong pagkalooban ako ng ilang araw upang mabasa ang mga lathalaín. Ako'y abalang-abala ngayon, kaya ang nabasa ko lamang ay ang mga kauna-unahang pahina, sapagka't araw-araw ay tumutungo ako sa pagamutan at doo'y gumagawa ako ng mga pananaliksik.<sup>2</sup>

Bibigyan ko kayo ng isang mabuting balita: ang kinatawag si La Guardia<sup>3</sup> ay nagharap kumakailan ng tatlong mungkahi sa Kapulungan at hiningi niyang pagkalooban ng kinatawan ang Pilipinas. Sinulatan ko na siya at ako'y nagpapasalamat.

Labis kong dinaramdam na hindi pa kayo gumagaling; ang panahon dito ay bumuti na; umigi na rin ang aking pangangatawan, datapuwa't kumakain pa ako ng arseniko.

<sup>1</sup>Ang "Globus" ay isang pahayagang ukol sa agham na lumalabas tuwing labinlimang araw, na sa kanya'y ipinadala ni Blumentritt kalakip ng sulat nito nang ika-4 ng Pebrero. Ang mga lathalaín sa "Globus" ay kinalugdan ni Rizal dahil sa mga bagay-bagay na nauukol sa Pilipinas at gayundin naman sa mga artikulo ni Blumentritt. Ang mga artikulong ito ay di sasalang ang mga may pamagat na "Los Ilongotes" (Ang mga Ilonggot) at ang "Los Mangianes de la Isla de Mindoro" (Ang mga Mangyan sa Pulo ng Mindoro).

<sup>2</sup>Si Rizal ay dumadalo sa klinika ni Dr. Schultzer, isang alemang bantog na manggagamot sa mata, bilang katulong nito, at dumadalo rin naman sa klase ng "Anatomía Descriptiva" ni Dr. Hans Virchow (anak ni Dr. R. Virchow) gayondin naman sa mga panayam ni Dr. Virchow (ama) hinggil sa antropolohiya.

<sup>3</sup>Ang kinatawag La Guardia ay isang "liberal" na nagharap ng isang balak na pagbabago para sa Pilipinas. Sa malas ay nawala ang sulat ni Rizal kay La Guardia.

Ako'y tinanggap na sa kapisanang Antropolohiko; sa Kapisanang Heográpiko<sup>4</sup> ay iminungkahi na ako, bilang kaanib; noong nakaraang Sabado ay nagkaroon kami ng karaniwang pulong datapuwa't iilang kaanib lamang ang dumalo; ang pangulong si Ginoong W. Reiss, ang mga ginoong sina Jagor, Virchow at iba pa sa mga nakikilala ko ay hindi nagsidalò, kaya ako'y napilitang umalis pagkatapos ng pagtitipon.

Hinahangad ko ang inyong lubos na paggaling.<sup>5</sup> Sinasabi ritong ang lamig daw ay nakaraan na. Maging totoo nawa! Bumabati sa inyo.

Ang nagmamahal ninyong kaibigan,

RIZAL

---

<sup>4</sup> Tinutukoy ang "Sociedad Geográfica" sa Berlin, na ang pangulo'y si W. Reiss, at siyang nagmungkahi upang si Rizal ay maging kasapi roon. Pagkatapos, si Dr. Reiss ay naging matalik na kaibigan ni Rizal, at buong pusong bumati rito nang ilathala ang kanyang *Noli*.

<sup>5</sup> Sa sulat nang ika-4 ng Pebrero, ay sinasabi sa kanya ni Blumentritt na ito'y inuubo at namamalat.

## 18. Blumentritt, Leitmeritz, 16 Pebrero 1887

Dalawang akda ni Montano tungkol sa Pilipinas. Isang pagsalakay ng Hukbo sa Mindanaw.

Leitmeritz, ika-16 ng Pebrero, 1887

(G. Jose Rizal)

Mahal na kaibigan:

Gumagaling-galing na nang kaunti ang mahigpit na sipong nagpahirap sa akin sa loob ng dalawang linggo, nguni't hangga ngayo'y namumutla pa akong parang isang bangkay at mahinang-mahina pa ako. Sa biglang turing ay isa akong tunay na guho, nanglalabo ang mata at mahihina ang mga litid at ugat; higit sa lahat ay masamang-masama sa akin ang malamigan. Boong pananabik na hinihintay kong dumating ang tag-araw, na siyang tanging panahong ikabubuti kong lubos. Sa kasamaang palad, ang aming tag-araw ay napakaikli. Ikinalulugod ko ang pangyayaring minamahalaga ninyo ang mga bilang ng "Globus". Si Montano ay sumulat ng dalawang mahahalagang akda hinggil sa Pilipinas, na ang isa sa mga ito'y naglalaman ng maraming talang nauukol sa wikang tagalog, bikol at iba pa, at ang mga talasalitaan ay lalo nang makabuluhan. Sa mga ulat at mga paglalakbay ay maraming kamalian, ang mga kamalian sa mga larawan ay pinansin na't tinuligsa ni G. Isabelo de los Reyes sa *La Oceanía Española*.

Sa malaking pagsalakay ng Kagalang-galang na Gobernador Terrero laban kay Datu Uto (sa Mindanaw) ay inaasahan kong hindi lamang magkakamit ng lubos na tagumpay ang Espanya at ang relihiyong kristiyano, kundi madaragdagan pa rin ng malaki ang ating kaalaman sa heograpiya sapagka't ang kalagitnaan ng Mindanaw ay halos masasabing *terra incognita* ( isang lupaing hindi kilala). Inaasahan kong ang pagwawagi ng mga kastila ay siyang magliligtas sa mga *tiruray* sa panganib na mangahulog na lahat sa pagiging alipin ng mga moro.

Sa Sulu, na ang bagong sultan ay maghahandog ng parangal sa Oktubreng darating sa Kapitan Heneral sa Maynila, ay sinasabing nagkaroon ng mga kaguluhang gawa marahil ng mga huramentado .

Kahapon ay tumanggap ako sa may gawa (V.v. Haardt) ng isang malaki't magandang mapang etnográpiko ng Asia. Ang mapang ito'y pansabit sa dinding at magaling ang pagkakagawa.

Kalakip ang magigiliw na pagbati.

Ang sa inyo'y nagmamahal

F. BLUMENTRITT

## 19. Rizal, Berlin, 21 Pebrero 1887

Dalawang lathalain ni Rizal: isang pagtatanggol sa Pilipinas at isang pagtuligsa laban sa isang naninirang puri sa kanya.— Ang Espanya, at hindi ang mga Pilipino, ang siyang nararapat magnais ng pagsasakastila ng bansa.— Kung makaparoroon si Blumentritt sa Pilipinas.

Berlin

Ika--21 ng Pebrero, 1887

Minamahal kong kaibigan:

Ikinagagalak kong mabuti na ang inyong karamdaman; naging matagal din ang inyong pagkakasakit. Nawala na rin ang pananakit ng aking dibdib, datapuwa't kumakain pa rin ako ng arseniko, sapagka't ito'y nakabubuti sa akin nang malaki.<sup>1</sup>

Salamat sa mga sipi ng "Globus"<sup>2</sup>; marami na akong utang na loob sa inyo, nguni't matututo akong gumanti sa mga kagandahang loob ninyo kapag ako'y nakauwi na sa aming bayan.

Ipinadadala ko sa inyo ang dalawang lathalaín:<sup>3</sup> ang isa ay tuligsa laban sa isang naninirang puri sa aming bayan at ang isa nama'y pagtatanggol ko sa kapakanan ng Pilipinas. Si Lopez Jaena<sup>4</sup> ay isang Bisayang may dalawampu't pitong taong gulang. Si Ginoong *Qui-*

<sup>1</sup> Ang sulat na ito'y kasagutan sa sulat ni Blumentritt nang ika-16 ng Pebrero, na nagsasabing siya'y magaling na sa kanyang pagkakasakit, bagaman may kahinaan pa rin at napakaputlang parang isang bangkay. May dalawang linggong nagkasakit siya, na maaaring "influenza" o trangkaso.

<sup>2</sup> Pinadalhan siya ni Blumentritt ng maraming bilang ng "Globus," na lubhang kinalugdan ni Rizal, dahil sa mga bagay na nauukol sa Pilipinas na doo'y nababasa.

<sup>3</sup> Hindi matiyak kung alin-alin ang dalawang artikulong ito, nguni't ipinalagay na dili iba kundi ang *Deducciones*, na ayon sa kanya'y nilagdaan ng isang napakaliit at lumabas sa 'blg. 6 nang ika-28 ng Abril, 1887 ng lingguhang *España en Filipinas*, at ang *Dudas*, na inilathala sa lingguhan ding iyon, blg. 12, nang ika-28 ng Mayo, 1887, mga artikulong ipinadala, marahil, kay Blumentritt bago pa lumabas.

<sup>4</sup> Tinutukoy si Graciano Lopez Jaena, taga-Jaro, Iloilo, na nag-aaral ng Medisina sa Barcelona. Ito'y dumating sa Espanya nang 1880; isa siyang binatang matalino, na napatangi sa pagiging magaling na mananalumpati (bagaman may pagkaulat), at bilang mamamahayag ay napatangi sa kanyang mararahas at matatapang na mga artikulo. Siya ang nagtatag ng pahayagang *La Solidaridad* nang 1889.

*oquiap*<sup>5</sup> ay lalong marahas kaysa kina Cañamaque, Mas, San Agustin<sup>6</sup> at iba pa, datapuwa't siya'y lalong matapat. Siya'y naghahangad na mapatangi sa politika at may katuwiran siya sa gayon. Sa loob ng mahabang panahon ay ninais ng mga Pilipino ang pagsasa-kastila at masama ang kanilang ginawa sa paghahangad ng gayon. Ang Espanya at hindi ang Pilipinas ang siyang nararapat magnais ng pagkakatulad ng Pilipinas sa Espanya; ngayo'y tinatanggap namin ang aral na ito sa mga Kastila at sila'y pinasasalamat namin sa bagay na iyan. Kung naiiba lamang ang katayuan ng aking bayang tinubuan at kung kayo'y makatitira sana doon — doon ay walang hanggan ang tag-init, — ay iminumungkahi ko sa inyong kayo'y pumaroon upang makilala ninyong mabuti ang *Indiyo* na tinatawag nilang matsing, at upang makilala rin ang mga prayle at mga manunulat na sumusulat tungkol sa kanya ng mga kakatuwang bagay na totoong “pangmagkakaibigan” at “pangmagkakapatid”.

Umaasa akong kayo'y lubos na gagaling sa madaling panahon, at kayo'y aking kinaiingitan sa kabila ng inyong mga sakit.

Magiliw kayong binabati ng inyong nagmamahal na kaibigan.

## RIZAL

Ang pahayagang pinaglathalaan ng mga lathalaing ito ay “El Liberal”. Iisa lamang ang aking sipi, at ito'y ipadadala ko sa Pilipinas. Ito'y isang aral na napakabuti.

---

<sup>5</sup> Ang *Quiquiap* ay siyang sagisag ng isang manunulat at mamamahayag na kastila na nagnangalang Pablo A. Feced. Siya'y napatangi sa kanyang mga sinulat at mga lathalain laban sa mga pilipino at sa mga hangarin ng Pilipinas. Sumusulat siya sa *El Liberal* sa Madrid at sa iba pang mga pahayagan. Binabanggit siya ni Rizal sa sulat na ito dahil sa kanyang mga lathalang ipinalalagay na isang paglait sa mga pilipinong nasa Espanya. Gayon na lamang ang nilikhang sugat ng damdaming makabayan ng mga pilipino na marami sa kanila ang nagnais na sumagot kay *Quiquiap*, nguni't sila'y naunahan ni Lopez Jaena sa pamamagitan ng sinulat nitong lathalang pinamagatang *Los Indios de Filipinas* (Ang mga Indiyo sa Pilipinas), na, ayon kay Evaristo Aguirre, na isang mestisong kastila, ay isang artikulong karapat-dapat, mahinahon, maliwanag at hindi hubad sa lakas, bagaman sa palagay niya'y hindi iyon sapat. Ang artikulong ito ni Lopez Jaena ay inilathala rin sa *El Liberal*.

<sup>6</sup> Binabanggit sina Francisco de Cañamaque, dahil sa kanyang *Las Islas Filipinas*; si Mas, o Sinibaldo de Mas, dahil sa kanyang *Informe sobre el estado de las Islas Filipinas en 1842*; si Gaspar de San Agustin, dahil sa kanyang *Conquistas de las Islas Filipinas* at iba pa (1698) at sa *Compendio del arte de la Lengua Tagala*, 1887, Ikatlong pagkalimbag.



## 20. Rizal, Berlin, 9 Marso 1887

Humahanap si Rizal ng singaw ng panahong kahiyang ng kanyang katawan.— Hindi malaman kung saan paroroon.— Sumusulak sa kanyang dugo ang *wanderungslust* (paghahangad na mangibang bayan) ng mga Malayo.

Ika-9 ng Marso, 1887  
Berlin

Minamahal na kaibigan:

Mahaba nang panahong hindi ako nakakatanggap ng liham na galing sa inyo;<sup>1</sup> umaasa akong kayo'y walang sakit, sapagka't nagdaan na ang lamig at malapit nang dumating ang mabuting panahon.

Nabasa ko ang inyong mga lathalaín sa *Globus*; ang mga iyon ay kapanapanabik nang gayon na lamang at ninanais ko sanang isalin.<sup>2</sup> Sa loob ng madaling panahon ay lilisanin ko ang Berlin<sup>3</sup> sapagka't dito'y hindi mabuti ang aking pakiramdam; buhat nang ako'y dumating ay paulit-ulit nang ako'y nagkasakit, bagay na hindi nangyari sa akin kailanman noong una. Hangga ngayon ay hindi ko pa malaman kung saan ako paroroon; sumusulak sa aking dugo at ako'y itinutulak ng *wanderungslust*<sup>4</sup> (hangad na mangibang bayan) ng mga Malayo, at ito'y lagi ko nang tinataglay! Hilig at pagkakataon para sa bagay na ito!

Noong Sabadong nagdaan ay nakarinig kami ng isang kahanga-hangang panayam sa Kapisanang Heográpiko tungkol sa Mecca, nilakipan ito ng pagpapakita ng maraming kapana-panabik na larawan, na kinakitaan ko

<sup>1</sup> Ang huling sulat ni Blumentritt ay pinetsahan ng ika-16 ng Pebrero.

<sup>2</sup> Isa sa mga artikulo ni Blumentritt na naibigan ni Rizal ay ang *Ein Spanier, der Vor Hunger Stirkt und ein Spanier der in Preuden schwigt*, gayunman, ito'y hindi naihulog sa kastila gaya ng binabalak ni Rizal.

<sup>3</sup> Hindi umalis agad sa Berlin, kundi nang ika-11 na lamang ng Mayo ng 1887, kasama si Dr. Maximo Viola.

<sup>4</sup> Ang tinatawag ni Rizal na *wanderungslust* (hangad na mangibang-bayan) ay di malayong sadyang makapangyarihan sa kanya; nang siya'y umalis sa Berlin ay hindi nakapigil sa kanya ang kahinaan ng kanyang katawan upang kasama ni Viola na maglibot at dumalaw sa mga lunsod at mga bayang sumusunod: Dresden, Totachen, Leitmeritz, Burg, Munchen, Nuremberg, Ulm, Stuttgart, Baden, Cascada del Rhin, Schaffhausen, Bassel, Berna, Laussan at Geneva.

ng maraming Malayong nangingibang bayan. Ang ikalawang panayam ay nakaiinip, sapagka't ang sinundan marahil ay naging kapana-panabik nang gayon na lamang o sapagka't napanood na ng mga kasapi ang mga larawan, o sapagka't gabi na noon.

Ninanis ko sa inyo ang pagkakaroon ng pinakamabuting kalusugan sa daigdig sa minamahal ninyong bayang Bohemia.

Pinaabot ko ang magiliwing kumusta sa inyong kaanak.

Ang inyong nagmamahal na kaibigan,

RIZAL

## 21. Blumentritt, Leitmeritz, 15 Marso 1887

Isang sangguni kay Rizal

Leitmeritz, ika-15 ng Marso, 1887

G. Jose Rizal  
Berlin  
Jaegerstrasse 71-iii

Mahal na kaibigan:

Sa mga kasaysayang tumatalakay sa mga tagalog na hindi binyagan nang Dantaong XVI ay tinatawag na *Catalonan* ang mga paring lalaking hindi binyagan (*sacerdote*) at *Catalona* naman ang mga paring babae o sacerdotisa; sa talatinigan ni Noceda-Sanlucar ay nabasa natin ang *Catalonan-Sacerdotisa*; kay Santos naman (na ang kaalaman sa tagalog ay ipinalalagay kong hindi mahalaga) ay nabasa kong *Catalona-Sacerdotisa*. Alin dito ang tumpak? At aling mga salitang tagalog ang kinakakabitan ng *catalonan*?

Kalakip ang magigiliw na pagbati.

Ang sa inyo'y nagmamahal,

F. BLUMENTRITT

## 22. Rizal, Berlin, 16 Marso 1887

Mga pagsusuring makasaysayan at makawika ng salitang *Katalonan*.— Hindi nagkaroon kailanman ng salitang iyon sa latinigang tagalog.— “Iyon ba’y kamaliang naging katotohanan sa bisa ng pagsisipian sa isa’t isa ng mga manunulat”— Ang mga salitang wagas na tagalog ay walang *o* sa gitna.— Iyo’y ginagamit sa dulo lamang ng salita at may tunog na *ou*.— Ang pagbigkas ng mga Kastila ay siyang nagpasok ng *o* sa mga salitang tagalog.

Berlin

Ika-16 ng Marso, 1887

Minamahal na kaibigan:

Ibibigay ko sa inyo sa wikang Kastila ang aking pagpapakahulugan sa salitang *Katalonan* upang maisaysay ko nang lalong mabuti.

Upang sabihin ko sa inyo ang katotohanan, ang salitang *Katalonan*,<sup>1</sup> *catalona*, *catalona*, at iba pa ay ni wala sa wikang Tagalog sa pakahulugang ito’y pagsamba, ni hindi nakikilala ang salitang iyan sa apat na pangunahing lalawigang Tagalog, alalaong baga’y sa Laguna, Batangan, Tayabas, at Bulakan. Wala rin namang naiiwang ano mang ugat sa tagalog na tumutukoy sa kahulugan ng salitang ito (pagkapari). Ang kahulugan ng *ka-talu-han* o *Ka-talu-nan*, na ang ugat ay *talo*, ay “*perdida*”; *pagkawala* o *pagkadaig* at iba pa; ang ugat na *talo* ay nanganga-

<sup>1</sup> *Katalonan*: ang ibig ipakahulugan ng salitang ito ay ang tumutulong sa “babaylan” o saserdoteng babae, sa mga ginagawang seremonya o anitong may uring pangagamot sa pamamagitan ng pananampalataya. Si Isabelo de los Reyes, sa kanyang “Le relihiyon antigua de los Filipinos” (Ang matandang pananampalataya ng mga Pilipino) na inilathala ilang taon muna bago sinulat ang liham na ito, ay binabanggit si Padre Chirino na tumutukoy din sa salitang *katalonan*, na ayon kay Isabelo de los Reyes ay dapat na maging *katulungan* sapagka’t nauukol sa babaing katulong ng saserdotisa o paring babae na tinatawag na *babaylan*; Si Pedro A. Paterno, sa kanyang aklat na “Ang mga Ita” at ang Presbitero na si Ginocng Ventura Fernandez Lopez, sa kanya namang akiat na pinamagatang “Relihiyon de los Antiguos Indios Tagalos” ay binabanggit din ang *katalonan*. Nguni’t ang mga aklat na ito ay nalathala pagkatapos ng panahong sulatin ni Rizal ang sulat na ito. Ang sulat na ito ni Rizal ay sagot sa sulat ni Blumentritt nang ika-15 ng Marso, 1887, bilang 125, at duo’y itinatanong sa kanya kung alin ang tumpak, kung ang *katalonan* na isang saserdote ng mga hindi binyagan o *katalonan* na ang kahulugan ay paring babaing binabanggit sa mga kasaysayan na siyang gumagamot sa mga tagalog na hindi binyagan nang dantaong XVI, o kaya ay ang *katalonan* na isang paring babae, na binabanggit sa talasalitaan nina Noceda at San Lucar.

hulugan ng “wala, daig.” Ang salitang *Katolonan* (lalong mabuti ay *Katulunan*) ay wala rin, datapuwa’t, oo, may mga salitang *katuluñgan*, na ang ugat ay *tulung*, sumaklolo; *Katanuñgan*, na galing sa salitang-ugat na *tanung* (sulit); *Katalinuñgan*, na ang salitang-ugat ay *talinong* (katalasan ng isip); *katulinan*, na ang ugat ay *tulin* (bilis), at iba pa. *Nanganganib akong dito’y may isang pagkakamaling naging katotohanan sa bisa ng pagsisipian sa isa’t isa ng mga manunulat*, gaya ng nangyari sa salitang *Bathalá* o *Bahala* na naging diyos ng mga Tagalog dahil sa isang maling pagpapakahulugan sa isang kilalang salawikaing Tagalog: *Ang Bathalá (o bahala) ay nasa may Kapal*. Ang ginawang pagkaka-salin ng isang prayle sa pangungusap na ito sa kanyang talatinigan ay: *Ang Diyos ay higit sa lahat*; ang kahulugan ng pangungusap na ito, ayon sa mga salita ay: *ang pag-iingat ay nasa kapangyarihan ng Diyos*; ang Diyos ay *May Kapal* (Lumikha) at ito pa rin ang itinatawag namin sa kanya at gayon nga ang ugalan niya; ang salitang-ugat ay *Kapal*, na ang katuturan sa Aleman ay *bildan*, *welfe Bildur*. Ang sukdulang *maaaring mangyari* sa salitang *bahalá* (bagay na hindi napatotohanan) ay iniuukol sa Diyos lamang o kaya’y pagpapakatawan sa salitang pag-iingat.

Ang nakapagpapaniwala sa aking ang salitang *catalona* ay isang kamalian ay ang pangyayaring itinatangi ang salitang Katalonan (paring lalaki) sa salitang Katalon (paring babae), bagay na nagpapakilalang ang mav-akdang gumagawa ng ganitong pag-iiba-iba ay hindi nakaalam ng katangian ng wikang tagalog: sapagka’t hindi pinagtatangi-tangi ng tagalog ang kasarian sa pamamagitan ng mga dulo ng salita, sa pag-susudlong o pag-aalis ng isang titik, bagkus sinasamahan ng mga salitang *lalaki* o *babae*.

Baká naman katanungan? Ang *Ka* ay isang unlaping nangangahulugan ng kasama (cum, con); *tanung* ay mag-usisa; *an* ay siyang dulo ng mga salitang ginagawang panggalan; samakatuwid ang salitang *Ka-tanungan* ay nangangahulugan ng “ang taong *karaniwang pinagtatanungan*.” Hindi ba ang pare ang pinagsasanggunian ng mga bayang bata ng kanilang mga pag-aalinlangan at pinagtatanungan ng kanilang kamangmangan? Ang *Katanungan* kaya ay siyang *catalonan*? Sapagka’t nakapagtatakanang iningatan natin ang mga salitang *anito*, *poon*, *tikbalang*, *asuang*, *tianak*, *multu*, *buling-buling* at iba pa, at hindi natin iingatan ang salitang *Catalona* o *Catolona*, ni ibang salitang nalalapit o nakahahawig ng salitang iyon. Ito ang boong masasabi ko sa inyo tungkol sa bagay na iyan. Nabasa ko ang lahat halos ng mga akdang taal na Ta-

galog, at halos walang sinulat sa wagas na tagalog na hindi ko nakikilala, at gayunma'y hindi ko nakita kailanman ang salitang *catalona* na may kahulugang paring babae o lalaki.

Nararapat ding isaalang-alang na ang mga salitang taal na Tagalog ay walang titik na *o* sa kalagitnaan; ang *o* ay ginagamit sa dulo lamang ng mga salita at ang tunog niyo'y kaparis ng *o* sa wikang italyano o gaya ng *o* sa salitang pranses na *dos*; alalaong baga'y ang aming *o* ay isang *ou*, at hindi kaisa ng tunog ng *o* sa kastila; ang pagbigkas lamang ng mga Kastila ang nagpasok ng *o* sa mga salitang tagalog. Samakatuwid, kung nagkaroon ng salitang *catalonan*, ito'y nararapat na maging *Katalunan*, at ang kahulugan ng salitang ito, sa wikang kasalukuyan ay *pagkadaig* o *pagkatalo*.

Ninana'is ko sanang padalhan kayo ng isang larawan ko, datapuwa't may dalawang linggo na ngayong hinihintay kong mayari iyon ng potogrupo.

Binabati kayo ng inyong nagmamahal na

RIZAL

---

May isa pang salitang-ugat, *talón* (lundag lukso) datapuwa't ang mga hango lamang sa ugat na ito'y *Catalon*, *Katalon* (ang lalaki, ang babae), at iba pa, na kasamang tumatalon; *Ka* (unlapi: *con*, *cum*, "kasama"); *Talunan*, ay ang pook na tinatalunan; datapuwa't hindi maaaring hanguin sa salitang ito ang *Katalunan*; hindi nagkaroon at wala sa tagalog ng salitang *Katalunan*, nahinango sa salitang-ugat na *talon*.

Ang mga salitang *Catalo* o *Katálo* (kalaban) ay nanggaling sa salitang-ugat na *talo*, mawalan o malugi, away, at iba pa.

Ang salitang *Talá* (tanglaw na pang-umaga, tanglaw na panghapon). Walang iba, gaya ng *Katalá*, halimbawa; ang salitang *Katála* na walang tuldik at piwa ni pakupyá sa huling pantig ay nangangahulugan ng isang ibon, ang tinatawag na *kakadu*. Ang *Tulá* (mga tugma) ay may *Katulá*. (Isang salitang pinagtutugmaan ng iba).

Kinakailangang mag-ingat na mabuti sa pagbasa ng mga salitang tagalog na sinulat ng mga Kastila. Sa aming bayan ay hindi namin bini-

bigyan ng ano mang halaga, lubusang walang halaga, ang tagalog ng mga Kastila. Walang iniwan iyon kung talakayin ko ang wikang alemang sinasalita ng alilang babae o ng mga utusang lalaki, nang hindi nababasa ang maiinam na akda sa wikang aleman, sapagka't hindi ko maunawaan ang mga ito. Hangga ngayo'y wala pa akong natatagpuang Kastila na nakauunawa ng aming mga aklat; kahit ang bantog na hesuwitang si *P. Yepes*, na siyang lalong marunong ng Tagalog, ay napipilitang magtanong tuwina at mag-isip nang malalim nang mahabang panahon upang maunawaan si Baltazar<sup>2</sup> isang munting aklat na lagi nang naging isang palaisipan ng mga Tagalog na taga-Maynila. At lalong masama ang pagsasalita ng Tagalog ng mga Kastila kaysa pagsasalita ng mga Tagalog na taga-Maynila.

---

<sup>2</sup> Ang binabanggit na *Florante at Laura* ay ang bantog na awit ng Ama ng mga makatang tagalog na si Francisco Baltazar o Balagtas.

### 23. Rizal, Berlin, 21 Marso 1887

Nananabik nang umuwi si Rizal dahil sa kalungkutan. — Gina-gamit ang *k* sa halip na *c* sa palatitakang Tagalog. — Ipinailalim sa mapanuring hatol ni Blumentritt ang kanyang kauna-unahang aklat. — Tungkol sa kalagayang panlipunan at pampulitiko ng Pilipinas. — “Dito’y sinasagot ko ang lahat ng maling pagkukuro laban sa amin” — “At ang lahat ng pag-aglahi sa lahi.” — Si Rizal ay sinaktan sapagka’t hindi nakapagpugay, isang gabi, sa isang opisyal ng Guwardiya Sibil.

Berlin

Ika-21 ng Marso, 1887

Minamahal kong Ginoo:

Tinanggap ko ang inyong nakalulugod na sulat<sup>1</sup> at pinasasalamatan ko kayo sa lahat ng maalindog na bagay na doo’y sinasabi ninyo sa akin.

Noong iginuguhit ko ang larawan<sup>2</sup> ay nalulungkot ako nang gayon na lamang, sapagka’t ako’y lubos na nag-iisa at maysakit at pinanabikan ko ang aming tahanan. Hangga ngayo’y sinasalakay pa rin ako ng damdaming likha ng pagkakalayo sa aking kaanak, datapuwa’t hindi na gaanong masakit na gaya nang una.

Ang mga *aparceros* ay tinatawag na *kasamá* (ka-sama = pumaroong kasabay) *Kailian*. Ginagamit ko ang *k* sa halip na *c* sapagka’t iyo’y lalong madaling gamitin; halimbawa: kung ginagamit ang salitang-ugat na *kain*, ito’y hindi ko kinakailangang baguhin sa mga salitang hango, bagay na kinakailangang gawin kung ang ginagamit ay *c*; *cain*, *quinain*, datapuwa’t hindi na binabago sa *kain*, *kinain*, *kinakain*, at iba pa.

Maaaring maiwan na sa inyo ang mga pahayagan at ang mga lathalaín ni *Quiquiap* na ipinadala ko sa inyo; ipinagkakaloob ko na sa inyo

<sup>1</sup> Ang sulat na ito ni Blumentritt, na sinasagot ni Rizal ay hindi makita. Marahil ay nawala.

<sup>2</sup> Aling dibuho ang tinutukoy? Inaakalang ito ang larawang iginuhit sa lapis na ipinadala kay Blumentritt. Ang sipi ng larawang ito ay makikita sa ikalimang tomo ng *Epistolario*.



ang mga iyon. Ang pahayagang *España en Filipinas*<sup>3</sup> (Ang Espanya sa Pilipinas) ay sinusulat ng mga Pilipino lamang.

Ang lathalaing Tagalog ni Riedel<sup>4</sup> ay nakapagpapahinala sa aking iyon ay idinikta ng isang Ilokano at hindi ng isang Tagalog; gayong talaga ang pananagalog ng mga Ilokano. Malamang na ang sanhi noo'y ang pangyayaring halos lahat ng mga utusan sa Maynila ay mga Ilokano. Ang salitang "asta" (hasta) ay nagbibigay daan sa akin ng paniniwalang ito, sapagka't ang salitang iyo'y gamiting-gamitin ng mga utusan sa Maynila. Gaya ng mamamalas ninyo, iyo'y hindi salitang taal na Tagalog.

Pinadadalhan ko kayo ng isang aklat.<sup>5</sup> Ito ang kauna-unahan kong aklat, bagaman marami na akong sinulat bago pa iyan, at ako'y nagtamo ng ilang gantimpala sa mga paligsahan. Iyo'y siyang kauna-unahang aklat na walang kinikilingan at mapangahas tungkol sa pamumuhay ng mga Tagalog. Matatagpuan doon ng mga Pilipino ang kasaysayan ng kahulihuhilang sampung taon: umaasa akong mapapansin ninyo ang malaking pagkakaiba ng aking pagkakalarawan sa mga pagkakalarawang sinulat ng iba. Malamang na tuligsain ng pamahalaan at ng mga prayle ang akda, at sasagutin ang aking mga pagmamatuwid; datapuwa't nananalig ako sa Diyos ng Katotohanan at sa mga taong nakamalas nang malapitan ng aming mga pagtitiis. Dito'y sinasagot ko ang lahat ng maling kuro-kuro na sinulat laban sa amin at ang lahat ng paghamak na

<sup>3</sup> Ang *España en Filipinas* ay isang pahayagang itinayo ng "mga insik" (?) (mga Pilipino) nang buwan ng Pebrero, 1887. Ayon kay Evaristo Aguirre (Cawit) ang balak na pagtatayo ng pahayagang ito ay nanggaling kay Graciano Lopez Jaena, Albert, Jose del Rosario (Salvador) at Blanco (?) at nahirang na patnugot si Eduardo de Lete at taga-pangasiwa naman si Julio Llarente (sulat bilang 123). Gayunman ay sinasabi ni Graciano (sulat bilang 122) na siya ay ganap na humiwalay sa pahayagang ito, gayondin si Ceferino de Leon: at sa isa pang sulat (bilang 126) ay sinasabi ang mga dahilan kung bakit siya humiwalay; sa ganang kanya "ang pahayagan ay mapaniwalain, walang lakas, mapaglangis, mapagbigay at sunud-sunuran".

<sup>4</sup> Si Riedel ay isang pantas-wika (?) na alemang-olandes, na sumulat ng mga katha-katha tungkol sa Indonesya, Tagalog at Holo. Nang taong 1889 ay pinakiusapan siya ni Rizal na maging kagawad na sanggunian ng Samahang Pandaigdig ng mga makapilipino, sa mungkahi ni Propesor Jagor.

<sup>5</sup> Ang *Noli Me Tangere* ay natapos nang ika-11:30 ng gabi ng araw ng lunes, ika-21 ng Pebrero ng 1887, at inilathala sa Berlin nang buwan ng Marso, 1887 ng limbagang "Berliner Buchdruckerie-Aktion — Cosellschaft. Setzerinnen-Schule des Lette-Vierens" — Gayunman, ang handog na *Sa aking bayan* ay pinetsahan ng "Europa, 1886." Sa unang pagkakalimbag ay dalawang libong sipi ang ipinagawa na nagkahalaga ng tatlong daang piso at binayaran ni Dr. Maximo Viola, na noon ay kasama niya sa Berlin.

Nang 1897, pagkatapos ng isang taong pagkamatay ni Rizal ay sinabi ni Retana sa kanyang *Epitome de la Bibliografia Pilipina*, tungkol sa *Noli* ang ganito: "Ito ang aklat na, salamat sa maraming hagkis at tuligsang ginawa ng ilang manunulat ay nagbigay ng di-gagaanong kabantugan sa kulang palad na si Rizal." Maidurugtong pa rin na nang patay na si Rizal o kaya'y pagkaraan ng 60 taon (1956) ay patuloy pa ring hinahagkis at tinutuligsa siya, dahil sa aklat na ito, ng ilang taong kawangis nuong mga humagkis at tumuligsa sa kanya nang siya'y nabubuhay.

ninanais na ipang-api sa amin. Umaasa akong mauunawaan ninyong mabuti ang gayon.

Ang sinasabi ko tungkol sa aming mga pamahiin, na siyang mga pamahiin ng mga prayle ay kakalahati lamang; ang sinasabi ko rin tungkol sa mga Guwardiya Sibil ay kakalahati rin ng katotohanan. Noong ako'y may labimpitong taong gulang ay sinaktan ako at ikinulong, gayong ako ang nasugatan, at pinagbalaan pa akong ipatapon, na wala namang dahilan kundi sapagka't noong isang gabing madilim ay hindi ako nakapag-alis ng sambalilo nang ako'y dumaan sa harap ng isang tinyente ng Guwardiya Sibil. Nagsumbong ako sa Kapitan Heneral<sup>6</sup> datapuwa't hindi ako binigyan ng katarungan; tumagal ng dalawang linggo bago naghilom ang aking sugat.

Maraming bagay ang maaaring sabihin tungkol sa bagay na iyon.

Kinukumusta kayo ng aking kababayan.<sup>7</sup>

Kinukumusta ko rin kayo at ninanais ko sa inyo ang mabuting kapalaran at ang ikalalayo sa pagkakasakit.

Ang inyong nagmamahal na kaibigan,

RIZAL

---

<sup>6</sup> Ang tinutukoy na Gobernador Heneral ay si Fernando Primo de Rivera y Sobremonte, Marques de Estella. Namahala siya sa Pilipinas buhat nang 1880 hanggang 1883. Pagkatapos ay napunta siya uli bilang Gobernador Heneral nang buwan ng Abril, 1897 at lumagi siya rito hanggang ika-5 ng Oktubre, 1898, na kanyang ipinagbitiw ng tungkol sa paniniwalang siya'y pinawalang halaga sa kanyang mga ginawa sa Pilipinas, na tinuligsa ng gayon na lamang sa Espanya. Naghanap siya sa Senado ng isang kasulatan o ulat noong Agosto, 1898 upang ipaliwanag ang kanyang mga katuwirang pinanghahawakan sa bagay na ito.

<sup>7</sup> Tinutukoy ang kanyang kababayang si Dr. Maximo Viola.

## 24. Blumentritt, Leitmeritz, 25 Marso 1887

Tinanggap ang aklat ni Rizal

Leitmeritz (Bohemia)  
Ika-25 ng Marso, 1887

G. Jose Rizal  
Berlin  
Jaegerstrasse 71-III

Mahal na kaibigan:

Libu-libong pasasalamat sa inyong mainam na aklat, na sa ibang araw ay tatalakayin ko nang lalong mahaba sapagka't ngayo'y lungkot na lungkot ako dahil sa pagkakasakit ng aking maybahay at ng mga anak kong sina Fritz at Dolores, gawa ng mahigpit na sipon, at dahil sa ang anak kong maliit ay nakalulon ng balat ng "albarikoke" na nasa loob pa ng sikhura hangga ngayon.

Niyayakap kayo ng inyong tapat na si

F. BLUMENTRITT

## 25. Blumentritt, Leitmeritz, 27 Marso 1887

Binabati siya dahil sa kanyang nobela. Ang salitang "pilibustero".  
Isang hula ni Blumentritt tungkol kay Rizal. Ilang bagay  
tungkol sa salitang "Bathala".

Mga pansin tungkol sa "Tagalisch" ni Riedel:

*Ngaisendang* — nagkaroon noong araw sa ibang panahon. *Nasakit ang atainia* ay nangangahulugan marahil ng *nagkasakit ang kanyang atay*; dito ay nangangahulugan ng *masama ang ulo*.

Isinalin ni Riedel ang kuwento ng gaya ng sumusunod:

"Nangyari nang unang panahon, na isang dagang may sumpung ang nakapagsabi sa sarili: "Ayoko nang tumira nang mahabang panahon sa pook na pinanganakan sa akin, ibig kong maglibot sa mga bundukin at mga kaparangan upang makakita ng ibang bayang sa palagay ko'y kataagpuan ko ng mabuting pagkain at nakalulugod na kabuhayan." Pagkatapos ay naglakad ang daga. Matapos na makapaggala ng ilang araw ay dumating sa tabi ng baybayin ng dagat na kinatagpuan ng isang kabibing nakabuka nang bahagya. Sa gayo'y nagwika ang daga: "Ano ito?" Tutoo nga, kailan ma'y hindi ako nakakita ng kamukha nito sa mga gubat!" Samantala'y dumaan siya sa ibabaw ng balat ng kabibe upang tingnan ang laman, nguni't nang siya'y makapasok na sa loob ay tumikom ang kabibe, at ang kanyang ulo'y nadurog at nahiwalay sa katawan."

\* \* \*

Leitmeritz, ika-27 ng Marso, 1887

Minamahal kong kaibigan:

Yamang ang aking asawa't mga anak ay magagaling na o nasa landas na ng lubos na paglakas, ay makasusulat na ako sa inyo nang mahabaha. Unang-una'y tanggapin ninyo ang aking boong pusong pagbati dahil sa inyong mainam na nobela ng mga kaugalian, bagay na boong puso kong kinalulugdan. Ang inyong akda, gaya ng sabi naming mga aleman,

ay sinulat sa pamamagitan ng dugo ng puso, at dahil dito'y ang puso rin ang nagsasalita. Boong pananabik na ipinagpapatuloy ko ang pagbasa sa nobela, at mamarapatin kong humingi sa inyong minsan-minsan ng paliwanag kapag nakatagpo ako ng mga pangungusap na hindi ko nalalaman; halimbawa'y gaya ng *pilibustero* na maaaring may sariling kahulugan sa Pilipinas, nguni't hindi ko makita sa kastila sa Espanya ni sa kastilang ginagamit sa Amerika.

Talos ko nang kayo'y isang taong may katangi-tanging katalinuhan (ito'y sinabi na sa akin ni Pardo de Tavera at ang gayo'y mapagkikilala rin sa napakaikling panahong ikinatuto ninyo ng mahirap at magaspang kong wikang sinuso sa aking ina), nguni't gayunman, ang inyong akda'y humigit sa aking pag-asa, at itinuturing kong isang malaking kapalaran ang pagkakaroon ko ng dangal na kayo'y maging kakilala. Datapuwa't hindi lamang ako, kundi ang inyo mang bansa'y nararapat magpalagay na mapalad sa pagkakaroon ng isang anak na gaya ninyong tapat na makabayan. Kung magpapatuloy kayo sa ganyan, ay magiging isa kayo sa mga taong makatutulong at makaaakay sa inyong bayan sa ikauunlad ng kanyang buhay at kaluluwa. Angkin ko ang lalong pananabik kaysa noong una, ay hinihintay ko ang sandaling ikakikilala ko sa inyo nang harapan.

Ang inyong ibinalita sa akin tungkol sa opisyal ng Guwardiya Sibil ay nakatawag sa akin ng pansin at ng malabis na pagdaramdam, datapuwa't ang gayong mga katampalasanay hindi rin naman kaila sa Berlin.

Bukas ay tatanggap kayo ng isang artikulo tungkol sa inyong bayan, na ang pinakamahalagay sa mga balitang nauukol sa *folklore* at sa aklat na *Ninay* ni Paterno.

Tungkol sa *Bathala*, ang wika ng kaibigan kong Propesor Wilken, anak ng isang aleman at ng isang babaing *alfur*, sa kanyang magandang aklat na *Het Animisme bij den Volken van den Indischen Archipel*, Tomo II, pahina 162: "Kinuha rin sa mga Hindus ang pangalang *Batara-Guru*, na siyang ipinakikipag-unawaan noong una ni *Siva*, sapagka't bagaman ang salitang *Batara*, ang *bhattara* o kaya'y Ginoo (\* \* \*) ng Sanskrito, ay *Siva* (\* \* \*), gayunmay dagdag na guru (sa Sanskrito, ay guro), ay pumaparam ng lahat ng pagdadalawang kahulugan, palibhasay sa lahat ng sektang *sivaista*, ang *Siva* ay siyang tunay na *guru*. Kahit na ngayon ay ang *Batara-Guru* o *Batara* lamang, ang pangalan ng mataas na kadiyusan sa maraming bayang (malayo). Bukod sa iba't iba, ito'y nangyayari sa mga *bataks*, *makasars* at *budjis*. Ang

mga *olo-ngadjus*, isang lipi ng mga dayaks, ay tumatawag sa kataas-taasang makapangyarihan ng *Mahatara*, na isang daglat ng *Mahabatara*, o kaya'y dakilang ginoo. Sa mga *dayaks* ng baybayin ng Sarawak, ay mayroong *batarak* sa ayos na *betara* o *petara*."

Kalakip ang magiliw na pagbati.

Buong pagmamahal na sumasainyo,

F. BLUMENTRITT

## 26. Rizal, Berlin, 29 Marso 1887

Lakip ng pag-asa at mga pananalig — “Higit na pagpapahalaga sa sarili . . . Kuru-kuro ni Blumentritt tungkol sa kahalagahan ng *Noli*. — Mga tinig na pampabuhay ng loob nina Reiss at Hidalgo. “Mga dahong puno ng katotohanan at pag-ibig sa inang-bayan.” — Ang Tagalog ni Riedel. — Kahulugan ng *filibustero*, *pirata*, at *sospechoso*. Mga pagsusuring makawika tungkol sa salitang *Bathala*. — Hinango kaya sa salitang sanskritong *Bhattara*, gaya ng *Hari-rey*? — Nawala ba ang *Bathala* dahil sa kristiyanismo?

Ika-29 ng Marso, 1887  
Berlin

Minamahal kong kaibigan:

Ang pagkawalang-pag-asa ko ay naparam ng mga sulat<sup>1</sup> na tinanggap ko nang mga huling araw at nagsisimula akong magkaroon ng lalong mabuting palagay sa aking sarili. Ang inyong mahalagang sulat ay nakapagpasigla rin sa akin nang gayon na lamang sapagka't ang inyong makabuluhang kuro ay naging napakahalaga sa akin; ako na ring ito ay nag-aalinlangan sa kahalagahan ng aking aklat. Ang kaisa-isang taong nakakabasa niyon ay ang kababayan kong si Viola na maaaring isang mabuting manggagamot, datapuwa't hindi naman siya isang manunulat at lahat ng ginagawa ko'y inaakala niyang pawang mabuti. Dahil dito'y hindi ko mapanghawakan ang kanyang kuru-kuro. Datapuwa't ang mga pagbati ni Ginoong Reiss, ng aking kaibiga't kababayang si Felix Hidalgo at ang sa inyo ay nakapagpapaniwala sa aking ako'y hindi isang taong walang kabuluhan. Sinabi ni Hidalgo sa kanyang sulat: “Nabasa ko ang ilang pahina ng inyong aklat<sup>2</sup> at ang mga iyo'y namalas kong puno ng mga katotohanan. Ang mga tagpong buhay na buhay ay tila iginuhit ng kamay ng isang guro; mabuti ang pagkakarawan at tapat ang pagkakasipi ng kabuhayan sa ating mga lalawigan. Ikinagagalak ko ang pangyayaring nasabi ninyo ang inyong iniisip; ikina-

<sup>1</sup> Mga sulat ni Felix Resurreccion Hidalgo, ang bantog na pintor na pilipinong nasa Paris noon; ni G. Reiss, Pangulo ng “Sociedad Geográfica” sa Berlin at ng iba pa. Gayunman, ang mga sulat na ito'y wala sa *Epistolario*.

<sup>2</sup> Binabanggit ang kanyang *Noli Me Tangere*.

lulugod ko ang salamisim na nababanaagan sa inyong akda, at dito'y maaaring maramdaman ang mga tibok ng pusong nagmamahal sa kanyang bayang tinubuan. . .” Ito'y kaayong lubos ng inyong mga pangungusap na sinulat sa pamamagitan ng dugo ng inyong puso<sup>3</sup>. Pinasasalamatan ko kayong dalawa dahil sa pagkakaunawa ninyo sa aking aklat; ninais kong sumulat tungkol sa aking bayan at dalawang kaluluwa, na nagmamahal sa mga Pilipino, ang nakaunawa sa akin. !Kahimanawari'y maunawaan din ako ng aking bayan, gaya ng pagkakaunawa ninyong dalawa ni Hidalgo! Binati rin ako ng iba pang Pilipinong hindi manunulat, datapuwa't lalong mahalaga ang mga bati ninyo at ni Hidalgo. Kayo'y maituturing kong halos isang tunay na kababayan, at sa mga taga-Europa ay kayo ang siyang lalong nakakikilala ng kalagayan ng aming bayan. Mga pasasalamat na walang hanggan!

At ngayo'y sasagutin ko ang inyong sulat:

### ANG TAGALOG NI RIEDEL

*Min'san; Nang unang panahon; Nang isang arao; Nang una; Unang arao* — Ganito nagsisimula ang lahat ng mga kuwentong Tagalog; datapuwa't hindi nalalaman ang ibig sabihin ng “Ngaioen dang.” Ang kahulugan ng *Ngaion* ay *sa sandaling ito*; hindi ba't iyon ay sinusulat noong una na: “Ñg min'san daw.” “ng isa dau,” “niaon daw”? (sina-bing minsan, sinasabing noong minsan, sinasabi.) Ang sinulat ni Riedel ay “ilaga” sa halip ng “daga,” “kamang” sa halip ng “kaniang” (o lalong mabuti, “kaniyang”). Gayon ang aking palagay sapagka't wala ang katagang “dau.” Ang ibig sabihin ng “dau” ay sabi ng iba, umano.” Iyo'y hindi kinaliligtaan kailanman sa mga kuwentong Tagalog, sapagka't kung hindi gayon, ay pakutyang itatanong ng mga nakikinig sa nagkuwento: “Totoo ba?” Datapuwa't sa pagkakataong ito'y hindi Tagalog ang nagsasaysay, kundi Ilokano o Bisaya, kaya maaaring ipagpaumanhin sa kanya; ang ginagamit halos tuwina ay ang salitang-ugat sa halip ng mga panahunan.

Kailan man ay hindi ko narinig sa Tagalog ang mga pahayag na *magtiis sa atay at matagpuan ang sarili sa isang kalagayan ng kaluluwang*

<sup>3</sup> Tumutukoy sa sinulat sa kanya ni Blumentritt hinggil sa kanyang akda: “Ang inyong akda, gaya ng sinasabi naming mga aleman, ay sinulat sa pamamagitan ng dugo ng puso, at dahil dito'y nagsasalita rin naman ang puso.” Gayon na lamang kasigla, marahil, si Blumentritt sa pagbasa ng aklat ni Rizal, na, sa kasunod na talata ng sulat ding iyon ay idinugtong ito: “kung kayo'y magoapatuloy sa gayon, ay maaari kayong maging isa sa mga dakilang tao sa inyong bayan na makaakay na lubos sa ikasusulong at ikauunlad ng kanilang buhay.” Ang mga pangungusap na ito ni Blumentritt ay naging parang isang hulang natupad.



*malungkot*. Sa Tagalog, ang mga pahayag sa Kastilang “*Estar triste el corazon*,” o “*estar corrompido*,” ay sinasabing *sumama ang loob* at ang *estar enfermo del cuerpo ay sumama ang katauan*.

Sinabi kong *montaña abajo* (pababa sa bundok) at hindi *montaña arriba* (paakyat sa bundok), gaya ng mauunawaan sa mga pandiwang *magakiyat*, *mag panaog sa bunduk*; *magakiyat* ay nangangahulugan ng *gawing ang isang bagay* ay maitaas, datapuwa’t hindi *umakyat*. Ang *mag* ay katumbas ng *be* o *er* sa aleman; samakatuwid ang salitang *magpanao* ay hindi dalisay na Tagalog; lalong magiging tumpak ang *pumanao*. Isinalin kong *montaña abajo* (pababa sa bundok) dahil sa salitang *baibai* (dalampasigan) at *taklubo*, *kabibi* (ito, gaya ng aking narinig sa mga Hesuwita ay sa dagat lamang matatagpuan, wala kami niyon). Paano mangyayari, samakatuwid, na ang isang dagat na may mga kabibe ay umakyat sa ituktok ng bundok? — *Taleon* (talon) — mga gubat. *Talon*; lumukso sa ibaba; talon ng tubig.<sup>4</sup>

## FILIBUSTERO

Babahagya ang pagkakakilala sa salitang “*filibustero*” sa Pilipinas. Iyo’y hindi pa nakikilala ng mga karaniwang tao. Kauna-unahan kong narinig ang salitang ito noong 1872 nang mangyari ang mga kakilakilabot na pagbitay. Nagugunita ko pa ang malaking takot na ibinunga ng salitang ito. Pinagbawalan kami ng aming ama na bigkasin ang salitang iyon, gaya rin ng mga salitang *Cavite*, *Burgos* (na isa sa mga paring binitay) at iba pa. Ang salitang ito ang siyang itinatawag ng mga pahayagan sa Maynila at ng mga Kastila sa sinumang taong ninanais nilang paghinalaan ng pagiging manghihimagsik. Kinatatakutan ng mga Pilipinong mulat na sila’y tawagin ng gayong ngalan. Hindi nangangahulugan ng *pirata* o *tulisang-dagat*; manapa’y ang ibig sabihin ay *isang mapanganib na makabayan na sa loob ng madaling panahon ay bibitayin*, o kaya’y isang *taong pangahas*. Kalakip ng sulat na ito’y ipinadadala ko sa inyo ang isang lathalaín tungkol sa bagay na iyon, “*Ang Filibusterismo sa Pilipinas*.”<sup>4-a</sup> Kinukutya ko iyon sa aking nobela. Ang salitang *ispichoso* (sospechoso) ay lalong kilala, bagaman hindi gaanong kinatatakutan; ang taong *ispichoso* (ayon sa mga taong maralita’t aba) ay ipinatatapon o pinipiit na pansamantala; datapuwa’t ang salitang *plibestiero*, gaya ng

<sup>4</sup> Lahat nang ito’y siyang mga hinu-hinuha ni Rizal tungkol sa Tagalog ni Riedel, na isinangguni sa kanya ni Blumentritt. Sa isa pang sulat ay sinabi ni Rizal kay Blumentritt na marahil ang artikulo ni Riedel ay idinidikta sa kanya ng isang ilokano at hindi ng isang tagalog.

<sup>4-a</sup> Isang lathala ng isang mamamahayag na kastila.

sinasabi ng aking mga pinsan, ay hindi pa nakikilala, datapuwa't maki-kilala! Kaya nga huwag ninyong unawain *ayon sa pagkakasulat* ang lahat ng sinasabi ng aming mga tagabukid tungkol sa salitang iyon; sa aming bayan ay may 4 o 5 mag-aanak lamang na ang ilan sa kani-lang kaanak ang binabansagang pilibustero. Ang sinasabi ko tungkol sa "*Felisipinos*" ay totoo; kahit sa Madrid, sa daang Florida, ay may isang *Merendero ng Felepino* na nakagawian naming paroonan nina Luna, Paterno at iba pa. Ang mga titik ay dalawang talampakan ang taas at maaaring mamalas buhat sa kabilang ibayo ng ilog Manzanares.<sup>5</sup>

## BATHALA

Maaaring mabasa ninyo ang pagpapaliwanag tungkol sa salawikain: *ang bathala ay na sa May Kapal* sa talatinigan ng isang prayleng agustino, na sa palagay ko'y mayroon si P. A. Paterno. Dalawang taon na ang nakararaan nang sinabi ko sa taong ito na ikinamamamangha ko na walang sinumang Tagalog na nakaaalam ng nauukol sa salitang *Bathala*; sa gayon ay ipinakita niya sa akin ang isang talatinigan. Binuklat ko iyon at natagpuan ko ang nasabing salawikain na kaayon ng sa amin: *ang bahala ay na sa May Kapal*. Inakala kong marahil ay pinalitan ang salitang Bahala — (pag-iingat) ng Bathala. Ang salin ng salawikain na ginawa ng may-akda, ay hindi tama. Maaaring ang *Bathala* ay isang katangian ng kadiyusan. (Iyong nag-aalaga ng lahat). Datapuwa't kapansin-pansing lubha ang paggamit ng mga Tagalog ng sumusunod na parirala: *Ang Maykapal, sa Maykapal*. Nararapat ding isaalang-alang na iyon ay maaaring hinango sa salitang Sanskrito na *bhattara*, sapagka't kami'y may isa pang salita, Hari, na siyang pinaghanguan; maaari rin namang nawala ang salitang *Bathala* dahil sa Relihiyong Kristiyano. Susulat ako sa Madrid at itatanong ko ang <sup>e</sup>ngalan ng may-akda ng talatinigan; nakalimutan ko na. Maaari rin namang ang Bathala ay ginawa naming isang Diyos ng Kapalaran o pag-iingat, sa ganito'y sinasabi naming *ipabahala mo sa akin*, ako ang papag-ingatin mo sa bagay na iyon; *ako ang bahala! ikaw ang bahala!* na sa kastila'y — *yo cuida* (!), *tú cuidao* (!). Gayon ang ginagawang pagsasalin ng mga Tagalog; noong una'y sinasabing: *Ako ang Diyos, ikaw ang Diyos*, hayaan mong ako'y maging *Diyos*. Datapuwa't bakit naiwan sa parirala ang salitang *Maykapal*? Bakit sinasabi naming: *Ipabahala mo sa Diyos, sa May-kapal*? Ipaubaya ba sa pag-iingat ng Diyos? Sa anu't anuman ay totoong kapansin-

<sup>5</sup> Lahat ng sinusundang talataan ay siyang bumubuo ng pinakapaliwanag hinggil sa ilang salitang binabanggit sa *Noli Me Tangere* na hindi maaabot ng pang-unawa ni Blumentritt.

pansin ang pagkakahawig sa salitang Sanskrito. Marahil iyon ay naging isang katangian ng kadiyusan at sa gayong kahulugan ginamit ng mga manunulat. Huwag ninyong pansinin ang sinasabi ni P. A. Paterno tungkol sa Bathala sa kanyang aklat. Si P. A. Paterno ay isang . . . (Sumusunod ang ilang kakatwang mga larawan sa orihinal.)<sup>6</sup>

Babasahin ko ang inyong lathalaín tungkol sa mga kaugalian ng mga Tagalog; nguni't iyo'y napapansin kong napakaikli; ang lahat ng sinusulat ninyo ay kapana-panabik na sa akala ko'y totoong maikli. Ninanais ko sanang mainip na paminsan-minsan.

Kinukumusta kayo ng inyong tapat na kaibigan,

RIZAL

HABOL. Sinasabing sa Suwisa umano'y maginaw na maginaw pa; titigil ako rito ng isa pang buwan; magbibigay ako ng isang panayam sa Kapisanang Antropolohiko tungkol sa mga Tagalog; si Ginoong Virchow ang humiling niyon sa akin.<sup>7</sup>

---

<sup>6</sup> Ang ganitong pagwawariwari tungkol sa salitang Bathala ay buhat sa pangyayaring tinawag ni Blumentritt ang kanyang pansin sa pagkakawangki ng mga salitang sanskrito na *batara*, *Bhattara*, *bhattara*, *Bataraqura* sa salitang tagalog na Bathala. (LLR) Tingnan ang akda ni Pardo de Tavera hinggil sa Sanskrito. (JPB).

<sup>7</sup> Aling panayam hinggil sa mga tagalog ang tinutukoy ni Rizal, na kanyang binigkas sa samahang antropolohiko sa Berlin. sa kahilingan ni Virchow? Hindi makita ang panayam na ito sa mga Talaaklatang maka-Rizal. Maaaring ito'y iba sa "Arte Métrica en Tagalog" o *Tagalische Verskunst*.

## 27. Rizal, Berlin, 13 Abril 1887

Upang makaalam nang kaunti pa ng aming Kasaysayan ay kinakailangang patulong sa mga museo at mga aklat na Aleman. — Si Rizal ay katig sa mga pag-aaral na nauukol sa bayang tinubuan. — *Nosce te ipsum*. Kay raming mga salabid sa Kodigo Penal. — Hawanin ang gubat sa kanyang mga yagit. — Huwag harapin ng kabataan ang pag-ibig ni ang mga agham na ukol sa pagkahaling ng diwa. — “Magpakasakit nang bahagya sa dambana ng Pulitika.” — Kay raming pagkakamaling naga-gawa si Barrantes. — Ang kanyang mga ibinilanggong pinalaya. — Sulatin ni Blumentritt ang aming Kasaysayan.

Berlin

Ika-13 ng Abril, 1887

Daang Jager 71

Itinatangi kong kaibigan:

Maraming salamat sa inyong mahalaga't pakikinabangang handog na tinanggap ko kahapon.<sup>1</sup> Ang mapa'y pinag-aralan ko agad at ng aking kababayan at ngayo'y naragdagan nang kaunti ang aming nalalaman. Hindi ba nakalulungkot, aniko sa aking kababayan, ang pangyayaring ito, na sa ibang bansa kinakailangang manggaling ang mga bagong kaalaman tungkol sa ating sarili? Salamat sa mga pantas na mga Aleman at nagkakaroon tayo ng mga tumpak na kaalaman tungkol sa ating bayan, at kapag ang lahat ng bagay sa ating bayan ay nasira at ninais nating siyasatin ang katotohanang pangkasaysayan ng ilang pangyayari, ay kaka-ilanganin nating pumarito sa Alemanya upang manaliksik ng mga pangyayaring iyon sa mga museo't mga aklat na Aleman!

Nakalulungkot na tayo'y humantong sa ganitong wakas, datapuwa't siyang katotohanan! Kung ako sana'y magiging isang propesor sa aming bayan, ay pasisiglahin ko ang mga pag-aaral na may kinalaman sa bayang tinubuan, na siyang pinaka-*nosce te ipsum*, (kilalanin mo ang iyong sarili),

<sup>1</sup> Sang-ayon sa patnugot ng *Epistolario*, ang handog na ito ay “Ang mapa ni Blumentritt tungkol sa mga lahi sa dakong kalagitnaan ng Mindanaw, na inilathala ng “Instituto Cartográfico de Gotha”, na ang karamihan sa mga ilog na walang pangalan ay nilagyan ni Blumentritt ng mga pangalan ni Heneral San Lelín at ng ilang Hesuwita, isa na sa kanila si P. Sanchez,.”

at siyang nakapagbibigay ng tunay na pagkakaalam ng sarili at nakapaguudyok sa mga bansa sa paggawa ng mga dakilang bagay; datapuwa't hindi ako pahihintulutan kailanman na makapagbukas ng isang dalubhasaan sa aking bayan, kasakdalang sa Madrid ko pa natamo ang aking katibayan ng pagkapropesor!<sup>2</sup> Nakita na ninyo kung gaano karaming mga salabid ang inihahadlang sa dinaraan ng isang tao, upang huwag magkapuwang ang aming Kodigo Penal, kahit ito ay siyang naisin ng mga kagawad-bansa, ng mga manananggol, ng mga hukom at ng Pangulo ng Kataas-taasang Hukuman! At ang mga tumututol ay hindi naman mga dalubhasa sa sangay ng karunungan iyon: ang arsobispo<sup>3</sup> (o sa lalong tumpak na sabi, ang mga prayle, sapagka't ang arsobispo ay isang taong labis ang kabaitan na walang ginagawa kundi ang ipinagagawa ng mga prayle) at ang Tagapangasiwa ng Kayamanang Bayan. Sa tulong nito'y maaari ninyong mahagap kung paano ang buhay na pampulitika sa Pilipinas! Kulang na kulang ang banghay na ito; kung daragdagan pa ng iba't ibang bagay ay aakalaing hindi maaaring mapaniwalaan ng isang malayang taong taga-Europa. Dahil dito'y kinakailangan naming magsumakit pa nang gayon na lamang. "At maraming araw na batbat ng hirap ang aming ginugol sa paghawan ng kagubatan sa kanyang mga yagit at malalalim na ugat" gaya ng sinabi ni Schiller sa mga Suwiso; para sa amin ay kinakailangan pang isudlong ang tulang nauukol sa pakikipagbaka sa dragon, upang masabi namin sa mga inapo:

Ang lupaing ito'y amin ngang naagaw,  
 Pawis, hirap, pagod ang naging puhunan;  
 Dati'y gubat itong sa oso'y tahanan,  
 At nagawa naming sa tao'y tirahan,  
 Ang binhi ng dragon ay aming napatay.  
 At 24 pang mga ibang taludtod!

Hindi nararapat harapin ng aming kabataan ang mga pag-ibig ni ang mga agham na nauukol sa pagsambilat ng diwa na pawang buñga ng gunamgunam lamang at walang kinalaman sa paggawa, gaya ng ginagawi ng mga kabataan ng mga bansang mapapalad: kaming lahat ay nangangailangang magpakasakit kahit bahagya sa dambana ng pulitika bagaman hindi minamatamis ng aming kalooban. Iyon ay nauunawaan ng aming mga kaibigang naglalathala ng aming pahayagan sa Madrid<sup>4</sup>,

<sup>2</sup> Si Rizal ay nagtapos ng pagka-Batsilyer en Artes sa Ateneo at "Licenciado en Filosofia y Letras" sa "Unibersidad Central" sa Madrid nang Hunyo, 1885.

<sup>3</sup> Ang arsobispo noon sa Maynila ay si P. Pedro Payo, isang dominiko.

<sup>4</sup> Sinasabi ng patnugot ng *Epistolario* na ang binabanggit na "aming pahayagan" ni Rizal ay ang *La Solidaridad*. Gayunma'y ipinalalagay na ang tinutukoy ay ang *España en Filipinas*, sapagka't ang "La Solidaridad" ay sinimulan lamang nang Pebrero, 1889, sa Barsecelona, at hindi sa Madrid, bagaman inilipat dito pagkatapos.

mga binatang sa Pilipinas isinilang ng mga magulang na Kastila, mga mestisong Insik at Malayo; datapuwa't ang tanging itinatawag namin sa isa't isa ay Pilipino; kaming lahat halos ay nag-aral sa mga hesuwita, na talaga namang hindi nagturo sa amin ng pagmamahal sa tinubuang bayan, bagaman kami'y tinuruan ng kagandahang-asal at kabutihang-loob! Dahil dito'y hindi ako nangangambang may pagkakaalit-alit sa aming bayang tinubuan; maaari ngang mayroon niyon, datapuwa't maaari namang bakahin at supilin.

Si Ginoong Barrantes<sup>5</sup> ay siyang taong tinutukoy ko sa kabanatang ang pamagat ay *Ang Inang-bayan at ang mga kapakanan*<sup>6</sup> (Ang Kimaw). Siya ang taong noong hatinggabi ng Oktubre, 1883, ay nag-utos na ipiit ang 14 o 16 na taong walang kasalanan, datapuwa't mayayaman, sa isang mahalumigmig na bilangguan at ang sanhi niyo'y hindi ibinunyag; pagkaraan ng tatlong araw, ang mga kapus-palad na bilanggo'y pinalaya nang walang kaanu-anumang paliwanag at hindi napag-alaman ang dahilan ng pagkakapiit at pagkakapalaya sa kanila. Marami sa kanila ang nagkasakit ng rayuma, at marami ang nawalan ng daan-daang piso. Ang lahat ng mga taong iyon ay pawang kilalang naninirahan sa Tundo. Si Ginoong Barrantes din ang siyang ayaw duminig sa mga hinaing ng monghang aking binabanggit sa aking *Kabanatang Pangwakas*; ang ginoong ito'y hindi pa nakakatanggap ng karapat-dapat na parusa hanggang sa araw na ito; datapuwa't kung may isang Diyos ay narapat siyang pasakitan at pahirapan, gaya nang nararapat, sa buhay na ito o sa kabilang buhay. May nakikilala akong isang kababayang naghihintay ng isang mabuting pagkakataon upang siya'y hingan ng pagtutuos sa kanyang mga pagkakautang. Si Alba ay naging malupit, datapuwa't ang dahilan niyon ay upang makapaglingkod sa kanyang hari at sa kanyang bayang tinubuan; ang Inkisasyon ay naging malupit din sapagka't inakalang sa gayong paraan ay tinatangkilik nang di sapala ang relihiyon at ang pananampalataya; sa dalawang iyon ay maaaring ipagpatawad ang kanilang pagkakamali; sino ba ang hindi nagkakamali kung ang iniisip gawin ay ang kabutihan? Datapuwa't nang gawin ni Ginoong Barrantes ang gayong mga kagagawan, ay hindi siya naglingkod ni sa kanyang hari, ni sa kanyang bansa, ni sa relihiyon, ni sa pana-

<sup>5</sup> Tinutukoy si Vicente Barrantes, na isang kastilang naghawak ng matataas na tungkulin sa Pilipinas, at siyang sumulat ng *El Teatro Tagalo* at isa pang artikulo laban sa *Noli*, kung kaya sinagot siya ni Rizal, at ipinakilala ang kanyang kamangmangan hanggang sa ilagay siya sa katawa-tawang kalagayan.

<sup>6</sup> S kabanatang ito ng *Noli* na pinamagatang "Ang Inang-bayan at ang mga Kapakanan" ay ipinakilala ni Rizal ang isang tauhang pandak at komang, na pinagpapakitaan ng mabuti at buong paggalang ng mga kausap, at ayon sa sulat na ito ay dili iba kundi si Barrantes.

nampalataya; nagkasala siya, dahil sa kanyang kasakiman, upang maka-  
pagpayaman at iyon ay hindi maipatatawad ninuman sa kanya.

Huwag kayong magtaka sa hindi pagkatanggap ng mga balita buhat  
kay Ginoong Isabelo de los Reyes; tatlong buwan na ang nakaraan  
na hindi ako tumatanggap ng liham buhat sa aking mga kaanak!

Tatanawing utang na loob sa inyo ng Pilipinas kung kayo'y susulat  
ng isang buong kasaysayan ng aming bayan. Mahahatulan ninyo ang  
aming bayan nang walang pagkampi sa kaninuman. Naniniwala akong  
kayo ang tanging makagagawa ng bagay na iyon; ako'y may iwing  
katapangan upang gawin iyon, datapuwa't hindi sapat ang aking nalalaman,  
hindi ako nakabasa ng maraming aklat tungkol sa aming bayan, at ang  
mga aklatang Kastila ay nakapinid sa akin;<sup>6-a</sup> bukod dito'y kinakailangan  
ko ang aking panahon para sa ibang bagay at lahat ng aking masasabi  
ay lagi nang mapaghihinalaang nagbuhat sa isang diwang may kinikilingan;  
datapuwa't kung kayo ang susulat ay *babasahin* kayo na parang isang  
hukom na walang kinikilingan; wala kayong makasariling kapakanang  
tatangkilikin. Mabuti ang sinabi ninyo: ang Austria ay walang mga  
bayang sakop at hindi nag-iimbot sa aming bayan, at hindi ninyo  
kinakailangang baluktutin ang katotohanang pangkasaysayan upang kalug-  
dan ni ng mga Pilipino ni ng mga Kastila at maaari ninyong malasin  
ang nakaraan na taglay ang dugong malamig, gaya nang sinumang  
nanonood na taga-labas; kayo'y sumasampalataya sa relihiyong katoliko  
datapuwa't wala kayong kahit katiting ng pagkabalag ng pananampalataya,  
at hindi naman kinakailangang kayo na rin ay makamalas ng lupain; ang  
nakaraan ang minamalas ng mananalaysay. Naniniwala ako na kayo ang  
taong may higit na kakayahan sa naturang gawain. Gagawin din namin  
ang lahat ng aming magagawa upang makatulong sa inyo at kayo'y  
bibigyan namin ng mga talang nasa aming kamay. Datapuwa't huwag  
kayong mag-antay ni ng mga pasasalamat ni ng mga laurel: ang mga  
putong na yari sa bulaklak- at laurel ay mga likha ng mga bayang  
malalaya; datapuwa't marahil ay aanihin ng inyong mga anak ang bunga  
ng itanim ng kanilang ama.<sup>7</sup>

Kaming dalawa ng aking kababayan ay magiliw na kumukumusta  
sa inyo,

JOSE RIZAL

<sup>6-a</sup> Ipinalalagay ni Rizal na dahil sa lakad ng mga pangyayari ay wala  
siyang lakas at layang makapaglabas-masok sa mga aklatan sa Espanya.

<sup>7</sup> Sayang at hindi nayag si Propesor Blumentrit na sulatin ang kasaysayan  
ng Pilipinas, gaya ng iminungkahi sa kanya ni Rizal.

## 28. Rizal, Berlin, 24 Abril 1887

Ang pag-uwi sa tahanan.— “Lisanin ang Berlin ngayon pa namang lalo ko nang naiibigan...”— Nananabik ang ama ni Rizal na ito’y makita.— Mabigat sa loob ang paglisan sa Europa.— “Ako’y lalong pakikinabangan sa aking bayan...”— Nagpapaalam kay Blumentritt.— “Hangaan ang Berlin sa panahon ng tagsibol...” “Kung tatanggap ako ng mga pahayagan, ang magiging damdamin ko roon ay hindi ng sa isang itinapon ng kanyang bayang maka-aghām.”— Ang mga katesismo ni Weber.— “Sa Maynila, ang binabasa alamang ay ang mga bagay na nakalulugod, *utile e dulcissimo!*”

Berlin

Ika-24 ng Abril, 1887

Jager Strasse 71

Itinatangi kong kaibigan:

Sa wakas ay nakaraan din ang napakaginaw na taglamig; ngayo’y nagkaroon kami ng 15 antas ng init at ang mga punungkahoy ay nagsisimulang magdamit ng mga dahong luntian. Umaasa akong gaya rin nito ang nangyayari sa inyong bansa; sapagka’t sa loob ng ilang araw ay lilisanin ko ang Berlin, kasama ang aking kababayan, upang umuwi sa Pilipinas ay ninanais ko sanang dumaan sa bayang iyan upang makapagpaalam sa inyo. Totoong dinaramdam kong lisanin ang Berlin, sapagka’t ngayon ako lalong nawiwili sa kanya, nakilala ko ang ilang mga mag-aanak na kaibig-ibig, at ngayon pa naman kailangan kong magpaalam sa kanila *magpakailanman!* Uuwi ako sa aking bayang tinubuan, sapagka’t ako’y pinatawad na ng aking ama at pinahihintulutan na akong umuwi sa aming tahanan.<sup>1</sup> Ang araw na ito (ngayon dumating ang sulat) para sa akin ay isang araw ng kaluwalhatian! Makipagsaya kayo sa akin! Datapuwa’t sa kabila ng lahat, ay nakararamdam ako ng isang matamis na kalungkutan dahil sa lilisanin ko ang marikit, malaya, mulat at bihasang Europa, nguni’t ako’y lalong pakikinabangan sa aking bayan

<sup>1</sup> Pinatawad na si Rizal ng kanyang Ama sa pagkakaalis sa Pilipinas ng wala itong kapahintulutan.



kaysa rito;<sup>2</sup> dito'y walang sinumang nangangailangan sa akin; at kapag ako'y nasa aking bayan na ay maipagpapatuloy ko ang pakikitungo sa mga mababait na pantas na Aleman, kung ako'y tatanggap ng ilang mabubuting pahayagan ng bihasang Europa; sa gayon, ang magiging damdamin ko roon sa aking bayang sinilangan ay hindi kaparis ng sa isang itinapon ng aking bayang umadhika sa akin sa mga agham.

Hindi magtatagal at tayo'y magkikita at mapag-uusapan natin ang lahat; gagawin ko ang ipinayo ninyo sa akin. Darating kami riyan sa Huwebes.<sup>3</sup> Hindi ko matiyak kung kami'y makaaalis dito sa mga unang araw ng Mayo o pagkatapos; ninanais naming hangaan ang Berlin sa tagsibol, kaya maghihintay kami hanggang sa yumabong at mamulaklak ang mga punungkahoy. Ipagbibigay-alam ko sa inyo nang isang linggong pauna<sup>4</sup> ang aking pagdating upang kayo'y magkaroon ng panahong makapagbago ng panayam ng Huwebes o Biyernes. Nguni't ipinakiusap kong huwag kayong gumawa ng anumang pagbabago sa kinagawian ninyong pamumuhay, ninanais kong makilala ang tunay na pamumuhay sa Bohemia.

Hindi ko natapos ang pagsasalin ng kay Waitz,<sup>5</sup> datapuwa't itatamong ko sa aking mag-aaklat kung ako'y maikukuha niya ng isang tomong hiwalay ng katha; hinihintay ako ng aking kaanak sa buwan ng Hunyo o Hulyo.

Ang inyong payo hinggil sa mga katesismo ni Weber<sup>6</sup> ay napagkilala kong tama at kapaki-pakinabang, lalo na kung ang mga iyo'y napapalamutihan nang kaunti, sapagka't sa aking bayan, ang nababasa lamang ay ang mga bagay na nakalulugod: *utile e dulcissimo!* ("kapaki-pakinabang at napakatamis!"). Hinahangaan ko ang mga tagasuri ng mga kapisanang makaagham na Aleman, na nakapananatiling nakaupo sa loob ng maraming oras sa pakikinig sa mga panayam na nakaiinip nang hindi ikinukunot ang noo, hindi nauubusan ng pagtitiis; sa Madrid ay hindi mapaniniwalaan ang bagay na iyon.

---

<sup>2</sup>Hindi nalilimot ni Rizal na lahat ng kanyang buong katauhan ay dahil at ukol sa kanyang lupang tinubuan.

<sup>3</sup>Tumutukoy sa isang Huwebes na itinakda ni Blumentritt ang pagbibigay ng isang pang-agham na panayam. Umalis si Rizal sa Berlin nang umagang-umaga ng ika-11 ng Mayo, at dumating sa Leitmeritz nang ika-11 ng Mayo (sulat bilang 685)

<sup>4</sup>Pinadalhan si Blumentritt ng isang hatid-kawad buhat sa Tetchen, hindi isang Linggo muna kundi ng sinundang araw ng kanyang pagdating.

<sup>5</sup>Tinutukoy ang "Etnografia General" ni Waitz-Gerland. Nasabi na sa sinundang talata na ikatlong bahagi lamang ang naisalin, sapagka't isinauli ni Rizal ang aklat.

<sup>6</sup>Hindi makita ang sulat ni Blumentritt na bumabanggit sa mga katesismo ni Weber.

Humingi sa akin si Dr. Olshausen<sup>7</sup> ng ilang paliwanag tungkol sa aking *Noli Me Tangere*; hindi madaling isaysay ang laman ng aklat sa kanya, na isang taong hindi nakakikilalang mabuti ng aming kalagayan. Pahihintulutan ba ninyong sabihin ko sa kanya ang isang bahagi ng inyong palagay tungkol sa katha? Ako'y binati rin ni Dr. Reiss<sup>8</sup> datapuwa't hindi niya nakikilala ang aming bayang tinubuan nang kasimbuti ng pagkakakilala ninyo.

Ang inyong mga payo tungkol sa kung paano namin nararapat alagaan ang aming kalusugan sa iba't ibang panahon ay pinakinabangan nang gayon na lamang, sapagka't tutoong pabagu-bago ang panahon. Ang aking kababayan (na magiliw na nagpapakumusta sa inyo) ay sinipon, bilang bunga ng aming pagkakaroon sa Charlottenburg.

Pinaaabot ko sa inyo ang lalong taimtim na kumusta at ninanais kong magtamasa kayo ng kalugud-lugod na tagsibol, kalusugan at kaligayahan.

Sumasainyo,

RIZAL

---

<sup>7</sup> Tinutukoy si Dr. Olshausen, isang pantas na olandes.

<sup>8</sup> Tinutukoy si Dr. Reiss, Pangulo ng "Sociedad Geográfica" sa Berlin nang si Rizal ay tanggaping kasapi.

## 29. Rizal, Berlin, 4 Mayo 1887

Tutuloy sa Hotel Krebs. Dumalaw kay Blumentritt.— Habol. Si Swoboda at ang binatang si Casal.

Berlin

Ika-4 ng Mayo (araw ng pagpapakahirap),  
1887

Itinatangi kong kaibigan:

Sa Biyernes, ika-13 ng Mayo, ay magkakaroon ako ng kasiyahan kayo ay mayapos.<sup>1</sup> Hindi namin malaman kung anong oras kami darating sa bayang iyan, kaya ipinamamanhik naming kayo'y manatiling tahimik sa inyong bahay at huwag na kayong pumaroon sa himpilan upang kami'y salubungin.<sup>2</sup> Tiyak na kami'y tutuloy sa *Hotel Krebs* at kayo'y dadalawin namin pagkaraan ng kalahating oras, kapag kami'y nakapaghanda na sa pagdalaw sa inyo at sa inyong minamahal na kaanak. Hanggang sa araw na iyon, at ninanais ko para sa inyo ang mabuting kalusugan, sigla ng katawan at hanggang sa pagkikita!

Malugod na sumasainyo,

RIZAL

Ika-5 ng Mayo

Katatanggap ko sa sandaling ito ng inyong nakalulugod na sulat<sup>3</sup> at malabis kong ikinasiya ang nangyari kay Ginoong Swoboda; iyon ay hindi niya naunawaan; sana'y inanyayahan na lamang niya ang

<sup>1</sup> Dumating nga sa Leitmeritz nang araw ng Biyernes, ika-13 ng Mayo, sina Rizal at Viola. Sinalubong sila ni Blumentritt sa himpilan ng tren at bagaman sila'y nagkakakilala lamang sa pamamagitan ng sulat at ng larawan ay nagkamukhaan sila karakara. Nagbatián at parang magkapatid na nagyakap, sang-ayon sa mga alaalang sinulat ni Dr. Viola

<sup>2</sup> Buhat sa himpilan ng tren ay inihatid sila ni Blumentritt sa *Otel Krebs* na tinuluyan ni Rizal, at pagkatapos ay isinama sila sa bahay ni Blumentritt upang doon kumain.

<sup>3</sup> Hindi rin matausan ang sulat na ito sa alin mang lathala o aklat ng pinaghanapan, kaya't hindi malaman ang nangyari kay Ginoong Swoboda.

masipag na Guwardiya Beterana upang makilahok, sa gayo'y ipinikit sana nito ang mga mata.

Nakikilala kong mabuti si Ginoong Eduardo P. Casal;<sup>4</sup> siya'y isang binatang may 17 hanggang 20 taong gulang, sa Suwisa siya nag-tapos ng pag-aaral. Siya'y Pilipino, ang ama niya'y Kastila, ang ina'y isang babaing Tagalog; ang anak ay mukhang Tagalog, higit na kayumanggi kaysa akin at lalong matangos ang kanyang ilong kaysa akin.

Bumabati sa inyo,

RIZAL

---

<sup>4</sup>Si Eduardo P. Casal y Ochia ay tila isang binatang Bulakan. Sumulat at naglathala sa Madrid nang 1888, ng isang akdang pinamagatang *Cuestiones Filipinas. Estudio Politico-Social*.

### 30. Rizal, Brunn, 19 Mayo 1887

Ang mga anak na babae ni Duktur Willkomm.—Ang talino ni Rizal ay pinuri sa isang pahayagan sa Praga.—“Ano ba ang aking nagawa upang maging karapat-dapat na kagaanan ng dugo ng mga kaluluwang tigib ng kabutihan”. Napakadalas iluha ni Rizal ang bayang tinubuan.— Ang maalindog na pagpapaalam ng Europa.— Tagapagbalita kaya ng mga kulang-palad na araw?— Ang kaligayahan ay laging sinusundan ng kasawian.— Sa pagtatanggol sa mga kababayang siniraang puri.— Ganti dahil sa pagkampi sa katotohanan.

Brunn

Ika-19 ng Mayo, 1887

Otel Grand

Minamahal na kaibigan:

Kaninang umaga, nang kami'y paroon upang magpaalam sa Tagapayo ng Estado, na si Propesor Duktur Willkomm,<sup>1</sup> ay namangha kami nang gayon na lamang nang ako'y sumbatan ng kanyang mga kaibig-ibig na mga anak na babae dahil sa ako raw ay walang sinabi sa kanila tungkol sa aking kakayahan sa sining at tula. Buhat noon ay nagpalagayan na kaming parang matagal nang magkakaibigan at kami'y nagbibiruan pa; itinanong ko sa kanila kung bakit nila nalaman ang mga naturang bagay na nalilihim, na ako mang ito'y hindi nakaaalam. Isinagot nilang nabasa raw sa pahayagang *Bohemia* ng Praga at ang akala nila'y nantanggap ko ang iba't ibang pahayagan at dalawang liham na karakarakang inihatid ng kanilang kapatid na lalaki sa otel.

Iyo'y isang balitang nakasisiya at ninais naming bumalik agad sa otel upang basahin ang kanilang kalugud-lugod na liham; datapuwa't kami'y niyakag nila at ng kanilang mga pinsang babae sa halamanan at tumigil kami roon hanggang ika-1. Pagkatapos ay nagmamadali kaming

<sup>1</sup> Bukod sa pagiging “Consejero de Estado,” si Dr. Willkomm ay propesor sa “Historia Natural” sa Unibersidad ng Praga. Siya'y nakilala ni Rizal, sa pagka't kaibigan ni Dr. Blumentritt. Siya at ang kanyang magandang anak na babae ang sumasama kay Rizal sa mga paglilibot sa Praga, at siya rin ang binabanggit na Dr. Willkomm ni Dr. Viola sa aklat nitong pinamagatang *Mga Paglalakbay na kasama si Dr. Rizal*.

tumakbo sa otel at hingi namin sa tagapagbukas ng pinto ang mga sulat at binasa namin doon na rin sa restoran.

Dapat nang natuyuan ang aking mga mata, hindi na dinadaluyan ng saganang luha, marahil ay naitigis ko na ang buong pagtangis ko dahil sa aking bayang tinubuan, sapagka't ni isang patak na luha'y wala nang tumulo.<sup>2</sup> Datapuwa't mahirap kong mailarawan ang aking dinamdam sa aking puso nang mabasa ko ang dalawang liham. Iyon kaya'y kagalakan o kalungkutan? Hindi ko masabi: sa loob ng mahahabang sandali'y nakaupo akong hindi mar lamang nakita ang aking sabaw na lumamig nang lubos, at nawalan ako ng ganang kumain. Hindi ako makakain, umaapaw sa galak ang aking puso, at itinatanong ko sa sarili: ano ba ang aking nagawa upang maging karapat-dapat na kagaanan ng dugo ng mga kaluluwang tigib ng kabutihan? Ang maalindog kayang pagpapaalam na ito ng Europa ay tagapagbalita ng isang kakila-kilabot na pagtanggap sa Pilipinas? Sapagka't sa buhay ko, ang kaligayaha'y lagi nang sinusundan ng kapahamakan, at habang lalong nagiging kaakit-akit ang una, ay lalo namang kakila-kilabot na humaharap ang ikalawa. Datapuwa't dumating na ang darating, maging iyo'y pagkahabag, pagkagiliw o malungkot na babala ng hinaharap, ay pagpipilitan kong huwag mabigo ang mga butihing puso ng mga mararangal na mamamayan ng Leitmeritz at ako'y maging karapat-dapat na kaibigan nila; at sa aking iisipin at gagawin ay hindi ko ikasisiya ang aking budhi lamang, bagkus iisipin ko rin ang mabubuting kaibigang taga-Leitmeritz, at sa pakikipag-usap ko sa sarili ay aking sasabihin: "Hindi ka nag-iisa, Rizal, sapagka't doon sa isang maliit na sulok ng Bohemya ay may mga kaluluwang butihin, mararangal at kaibigan na sa iyo'y nagmamahal; isipin mo sila; gunamgunamin mong sila'y nasa piling mo, na ikaw ay kanilang minamalas; ikaliligaya nila ang iyong mga kaligayahan at itatangis nila ang iyong mga sama ng loob."<sup>3</sup>

Kapag nag-iisa ako, ay tinatakanan ako ng kaligayahan, maraming kaisipang hindi mapagsiya at mapanglaw ang sumasalakay sa akin, tila ba may nawala sa akin, o tila ba tinalikdan ako ng kapalaran. Inaakala kong naging mabuting lalo sa akin ang pagkalisan ko sa Leitmeritz sa

<sup>2</sup> Ang lupang kinamulatan ang siyang lagi nang pangunang isipang bumagabag kay Rizal, gaya nang mapapansin sa mga pangungusap na ito.

<sup>3</sup> Ang talataang ito'y nagpapahayag ng damdamin ni Rizal nang umalis sa Leitmeritz at magpaalam sa kanyang mga kaibigan. Sa pagbasa sa talataang ito ay hindi maaaring itanong kung ano ang nakita kay Rizal at kung ano ang dinamdam sa pakikipagpalagayan kay Rizal, sanhi sa mga alaalang iniwan nito, katulad ng nasasaad sa dalawang sulat na katatanggap at kababasa lamang ni Rizal. Kani-kanino ang mga sulat na ito? Hindi nasasabi sa mga aklat na pinagsanggunian.

kaukulang panahon; kung ako'y nagtagal pa roon, marahil ako'y naging isang binatang ikinapapakla ng loob ng lahat, gaya ng sinumang iba; at gayunman, ang paniniwalang ito'y hindi nakapagpapa-tahimik ng aking pananabik. Datapuwa't nakaaaliw sa akin ang isang pangungusap sa inyong sulat nang sabihin ninyong ako'y may nagawa alang-alang sa mabuting ngalan ng aking mga kababayang siniraan ng puri: gagantim-palaan ako ng Diyos sa pagkakagawa ko ng isang paglilingkod sa ikapagtatagumpay ng katotohanan, sapagka't sa katunayan, ang mga kababayan ko'y karapat-dapat sa isang kapalarang lalong mabuti at nagtataglay ng isang pusong lalong butihin kaysa akin, kahit sila'y hindi nakapaglakbay sa maraming bansang gaya ko at wala silang ibang wikang sinasalita kundi ang Tagalog.

Sumulat ako sa manlilimbag sa Berlin at itinanong ko kung may natitira pang ilang sipi ng aking aklat. Padadalhan ko kayo ng tatlong sipi para sa mabubuting kaibigang taga-Leitmeritz.

Magpapakuha ako ng larawan sa Viena, sakaling maaaring tapusin ng tagakuha ng larawan sa loob ng 5 araw. Humihingi ng isa ang maybahay ni Willkomm at pinangakuan ko rin ng isa si Propesor Willkomm. Ang butihing ginoong ito ay naging napakabait sa akin, na tila namamalas ko pa siyang nagpapaalam nang nakangiti sa kanyang tahanan sa Leitmeritz.

Sa Viena ay tutuloy ako sa Otel *Metropole*.<sup>3,4</sup>

Ihalik ninyo ako sa mga bata, mga kumusta sa inyong maybahay at sa inyong butihing ama at sa mga kaibigan sa Leitmeritz. Sa puso'y taga-Leitmeritz ako gaya rin nang kayo'y isang Pilipino sa damdamin. May palagay akong lagi nang mabubuhay sa aking puso ang Austria; ang pagpapaalam ko sa Praga ay hindi rin naging masaya.

Dahil sa pagkalimot ay naiwan ko ang alpiler ng kurbata na may mga brilyante sa ibabaw ng hapag ng aking silid sa *Otel Krebs*.<sup>4</sup> Sumulat

<sup>3a</sup> Sa katotohanan ay tumukoy siya sa hotel Metropole sa Viena.

<sup>4</sup> Ang pagkawala ng alpiler na ito ay napansin ni Rizal nang silang dalawa ni Viola ay nasa Brunn na. (Gayunman, si Viola, sa kanyang aklat na "Viajes con el Dr. Jose Rizal" ay nagsabing napansin lamang ni Rizal ang pagkawala ng nasabing alpiler nang sila'y nasa Viena na). Ginamit ni Rizal ang alpiler nang gabing idaos ang piging ng pamamaalam na inihandog nina Rizal at Viola sa *Otel Krebs* sa kanilang mga kaibigan sa Berlin. Isang utusan sa Otel ang nakakita sa alpombra ng silid na tinutuluyan ni Rizal, at karakarakang kinuha ni Blumentritt at ipinadalang kasama ng isang sulat, sa pamamagitan ng isang balutang pinabanguhan sa Otel Metropole sa Viena na tinutuluyan nina Rizal at Viola.

na ako sa may-ari. Maraming salamat sa inyong sulat ng pagtatagubilin at sa pakumusta ni Duktur Czepelack.<sup>5</sup>

Sa Viena ay susulatan ko kayo uli.

Yumayapos sa inyo,

JOSE RIZAL

### TARHETANG PANGKOREO

Pagdating sa Viena.— Mga pagdalaw na ipinagbilin.

Viena  
Ika-20 ng Mayo, 1887  
Otel Metropole

Minamahal kong kaibigan:

Dumating kami rito nang ika: 2:30 ng hapon; ikinalulugod namin ang lunsod pati ang mga tanawin nito. Bukas ay dadalawin namin ang mga ginoong pinagtagubilinan ninyo sa amin.

Pagod na pagod ako. Niyayapos ko kayo. Titigil kami rito nang 4 o 5 araw.

Taglay ang aking paggiliw,

JOSE RIZAL

---

<sup>5</sup> Tinutukoy si Dr. Czepelack, isang austriyakong kaibigan kapwa nina Rizal at Blumentritt; Iyon ay isang pantas at bantog na pintor, na noon ay may sakit na paralisis.



### 31. Rizal, Viena, 24 Mayo 1887

Sa Museo ng Viena.— Si Nordman ay kahawig ng ama ni Rizal.— Kahabag-habag na Dorang maysakit, ang batang may mga matang bughaw!— “*Die Tinguianen*.”— Isang karangalan ang kilalanin ang kakayahan.— Pakikipanayam ng isang manunulat ng “*Extra-Blatt*.”

Viena<sup>1</sup>

Ika-24 ng Mayo, 1887

Minamahal kong kaibigan:

Ano kaya ang magagawa ko para sa inyo upang makaganti sa inyong kagandahang loob at sa lahat ng nagawa ninyo sa akin? Sunud-sunod na dumarating ang inyong mga sulat sa pagpapakilala, na anupa't para kaming nasa sariling bahay dito, sapagka't ilan sa mga ginoong naging kasakasama ninyo ay ipinalalagay namin na parang mga dating kaibigan, gaya halimbawa ni Ginoong Masner at ng butihing matandang si Ginoong Nordmann. Sinamahan kami ni Ginoong Masner sa buong museo at kami'y nagtagal pa sana roon kung hindi inabot ng gutom ang kaibigan kong si Viola. Si Ginoong Masner ay katulad ng lahat ng taga-Leitmeritz at nagpapakumusta siya sa inyo at kay Propesor Czeplack. Nagpapasalamat ako sa matandang kaibigang si Czeplack!

Si Ginoong Nordmann ay isang matandang ginoong kaibig-ibig, kung ako'y papipiliin ng isang magiging ama (alalaong baga'y kung ang aking ama'y hindi isinilang sa daigdig na ito) ay pinili ko disin si Ginoong Nordmann sapagka't siya at ang aking ama ay magkahawig na magkahawig sa diwa, palibhasa'y ang aking ama ay mapitagan din, butihin at mapagmahal sa mga bata. Ipinakilala kami sa kanyang anak na babae

<sup>1</sup> Sa Pangulong-bayang ito ng Austriya, bukod sa pagdalaw na ginawa sa mga museo at sa pagmamalas sa mga duluan, gaya ng binabanggit ni Rizal, ay nagkaroon sila ng mga pagkakataong hangaan ang isang tanghalang noo'y idinaraos. Tanghalan ng mga banal na palamuti at ng mga larawan ng mga Santo; Naglibót din naman sila, na lulan ng isang munting bapor, sa Danubyo na unang kinapansinan nila nang paggamit ng serbilyetang papel, sa mesang kakanan. Binabanggit din naman ni Viola ang isang puno ng pag-ibig na pakikipagsáparan ni Rizal sa isang dalagang taga-Viena, na ayon sa pahayag ni Dr. Viola ay “Hindi karaniwan ang kagandahan at may panghalinang hindi mapaglalaman.” Ang mga nabanggit na ginoo ay mga kaibigan ni Blumentritt at siyang pinagtagubilinan kina Rizal at Viola.

at sa kanyang maybahay at kami'y dinalaw niya ngayon sa otel. Pagkatapos ay sumama sa aming magpasyal, ipinakilala ako sa kanyang Klub at binigyan kami ng mga tiket para sa dulaan. Siya'y isang taong walang maipipintas.

Sa kasawiang palad ay hindi namin matagpuan ang ibang ginoong inyong pinagtagubilinan at iniwan na lamang namin sa kani-kanilang bahay ang aming mga tarheta; datapuwa't natitiyak naming sila'y kasimbuti rin ng dalawang una, sapagka't ang lahat ng kaibigan ninyo ay mabubuting taong tumatanggap sa amin nang buong lugod, gaya nina Ginoong Willkolmm, Masner, Nordmann, Klutschack, Czepelack at iba pa.

Kapuwa kami nalulungkot ni Viola dahil sa maysakit ang aming maliit na kaibigang si Dora.<sup>2</sup> Nagugunita pa namin ang kanyang maliit na matang bughaw, nauulinig ang kanyang tawang masaya at namamalas ang kanyang ngiping maliliit; kahabag-habag na Dora! Namamalas ko siyang tumatakpong humahabol sa amin noong tumutulak ang tren! Buong puso kong ninanais na siya'y gumaling agad.

Tinanggap ko ang "*Die Tinguianen*"<sup>3</sup> at binasa ko ang paghahandog. Natitiyak kong ang salin niyon ay kalulugdan nang gayon na lamang ni I. de los Reyes; nakararangal ang pagtatamo ng isang pagkilala na sa aming bayang tinubuan ay ipinagkakait sa amin!

Malaking alingasngas dahil sa isang bagay na walang kabuluhan! Ito ang maitatawag sa kasyasan ng aking alpiler ng kurbata.<sup>4</sup> Pati kayo ay naabala sa bagay na itong walang kabuluhan. Napakabuti at napakaingat ang pagkakabalot niyon!

Maraming-maraming salamat uli!

Samantalang sinusulat ko ang liham na ito ay dumating ang isang ginoong nagngangalang Adler, ng pahayagang *Extra-Blatt*, at humingi ng isang pakikipanayam sa akin.<sup>5</sup> Ano kaya ang kahihinatnan ng panayam? Totoong kakaunti ang aking karanasan sa mga bagay na ito ako'y nanggambang baka ako'y naging mapusok sa aking mga pagpapahayag. Da-

<sup>2</sup> Tinutukoy ang anak na babae ni Blumentritt, na nagngangalang Dolores, na noo'y may pitong-taon ang gulang.

<sup>3</sup> Salin sa wikang aleman na ginawa ni Blumentritt sa isang sulat o akda ni Isabelo de los Reyes, na pinamagatang "*Los Tinguianes de Abra*," na inilathala noong 1886.

<sup>4</sup> Nakabalot sa isang balutang may pabangó.

<sup>5</sup> Hindi malaman kung ang pakikipanayam na ito ay nalathala; ang pakikipanayam ay tungkol sa Pilipinas.

tapuwa't lahat ng aking sinabi ay katotohanan at ito'y ikinaaalihw ko.  
O, ang maganda't kapus-palad na bayang tinubuan ko!

Aalis kami bukas. Mga kumusta.

Nagmamahal,

RIZAL

### TARHETANG PANGKOREO

Hindi nakipagkita sa kaibigan ni Blumentritt.  
*Koreo buhat sa Salzburg para kay Blumentritt.*

Ika-26 ng Mayo, 1887

Pinakamamahal kong kaibigan:

Kahapon ay nilisan namin ang Viena at natulog kami sa Linz.<sup>1</sup> Sapagka't maagang-maaga kaming umalis sa lunsod na ito ay hindi kami nagkaroon ng panahong dumalaw sa inyong kaibigan dahil sa takot na siya'y maabala, sapagka't oras noon ng paaralan. Ngayon ay aalis kami sa Salzburg upang tumungo sa Munich.

Maraming kumusta ng aking kaibigang Viola at mag-utos kayo sa inyong lingkod.

JOSE RIZAL

---

<sup>1</sup>Dumating sila sa Linz, isang munting bapor sa Danubyo nang hapon ng ika-25 ng Mayo; sumakay sila sa perokaril, tungo sa Salzburgo at doo'y dumating sila nang ika-26 ng Mayo; Buhat dito'y karaka-raka silang umalis nang araw ding iyon na tungo sa Munich, ang siyudad ng lalong mabubuting serbesa.

## 32. Rizal, Munich, 29 Mayo 1887

Ang munting aklat para sa Pilipinas. Magpapakuha ng larawan sa Hinebra.

Munich

Ika-29 ng Mayo, 1887

Otel Rheinischer Hof.

Minamahal na Kaibigan:

Kahapo't kamakalawa'y dinalaw namin ang lunsod, uminom kami ng maraming serbesa, at naging masaya kami. Ngayon ay lalong mabuti ang panahon, sapagka't kahapo't kamakalawa ay umulan at nagkukulog nang malakas.

Naaalaala kong ibig ninyong magpadala ng isang munting aklat sa Pilipinas:<sup>1</sup> nakalimutan ko iyon, sapagka't nang lisanin ko ang inyong lunsod na ang naging matamis ang alaala sa akin, ay nalilibang ako nang bahagya. Anumang bagay na ninanais ninyong ipadala sa Pilipinas ay maipakikidala ninyo sa akin; kinakailangan lamang na inyong ipadala sa Basel, ihulog sa koreo, o kaya'y sa Hinebra sa pamamagitan ng balutang pangkoreo, (Sa Pilipinas ay hindi tinatanggap ang mga paketeng pangkoreo), at harapin ko nang buong lugod ang bagay na iyon, sapagka't lugod ko na ang makapaglingkod sa isang mabuting kaibigan.

Umaasa akong ang maliit na si Dora'y magaling na.

Bukas ay aalis kami na patungong Nuremberg, Stuttgart, Konstanz, Lindau, Schaffhausen at Basel.<sup>2</sup> Iinaakala kong darating kami sa kahuli-hulihang lunsod na ito sa ika-5 o 8 ng Hunyo.

<sup>1</sup> Walang makitang tala na nagpapakilala ng kung alin ang munting aklat na binabanggit sa sulat na ito. Bagaman sinasabing ang aklat na ito ay para kay Padre Ricart. Namalagi sila sa Munich buhat ng ika-26 hanggang ika-30 ng Mayo, 1887.

<sup>2</sup> Sang-ayon sa mga tala sa "Mis Viajes con el Dr. Rizal" na sinulat ni Dr. Viola, ang paglalakbay hanggang Basel ay kanilang ginawa sa pagdaraan sa Nuremberg, Ulm, Stuttgart, Baden, Rhinfall at Schaffhausen. Kung tumpak ang mga talang ito sa paglalakbay, gaya ng sa malas ay tumpak nga, ay hindi sila dumaan sa Konstanz at Lindau. Nguni't sila'y dumaan sa Ulm. Tungkol sa pagdaraan nila sa mga pook na ito ay tingnan ang mga tala sa paglalakbay.

Mga kumusta sa inyong kaanak at sa mga masasayang naninirahan sa Leitmeritz.

Niyayakap kayo ng inyong magiliwing,

RIZAL

Habol. Hindi kami nagpakuha ng larawan sa Viena sapagka't hindi kami makapaghihintay ng 5 araw upang makita ang mga pruweba.

Sa hinebra na kami magpapakuha.<sup>3</sup>

---

<sup>3</sup> Ang larawang ito, na kinuha sa Hinebra, ay kilala na sa Pilipinas na dili iba kundi ang sinipi sa kalendaryo ng Bureau of Printing ng Pamahalaan at siyang una sa apat na makikita sa dakong ibaba ng naturang kalendaryo.

### 33. Rizal, Stuttgart, 31 Mayo 1887

Hinahanap ang propesor na kumakatha ng talatinigan.

Stuttgart

Ika-31 ng Mayo, 1887

Otel Marquardt

Mahal kong kaibigan:

Pagkatapos ng isang paglalakbay na kinambalan ng masamang panahon ay nakarating din kami rito.<sup>1</sup>

Naiwala ko ang tala ng tinitirhan ng propesor na kumakatha ng talatinigan, datapuwa't hindi kailangang nawala man, sapagka't aalis na kami bukas ng hapon. Kukunin namin ang pinakamadaling daang patungong Basel; maghihintay kami roon ng mga sulat na galing sa aming tinubuang-lupa. Dalawampung araw na ngayong hindi kami nakakatanggap ng anumang balita buhat sa bahay.

Ipagpaumanhin ninyo sakaling ang sulat na ito'y walang kaayusan ni mga kaisipan, sapagka't sinusulat ko samantalang ako'y naglalakbay. Buhat sa Hinebra ay isusulat ko sa inyo ang mga karanasan ko sa paglalakbay.

Paalam at ipakikumusta ninyo ako sa inyong minamahal na kaanak.

Niyayakap kayo,

RIZAL

---

<sup>1</sup> Dumating sila sa Stuttgart, gaya ng sabi ni Rizal, nang ika-31 ng Mayo, matapos na magdaan sa Nuremberg, isang matandang siyudad sa Alemanya, na bantog sa paggawa ng manika, at sa Ulm na kinadoroonan ng Katedral na pinakamataas sa buong Alemanya. Lumagi sila sa Nuremberg ng isang araw halos at doon ay nakatawag ng kanilang kalooban ang ayos ng mga gusali, ang pagkakagawa ng mga daan at ang mga kasangkapang ginamit sa pagpaparusa sa loob ng panahon ng Inkisisyon. Sa Ulm, si Rizal ay pumanhik sa mataas na hagdanan ng Katedral nang hindi namahinga.

### 34. Rizal, Basel, 3 Hunyo 1887

Susulat kina Willkomm at Nordmann.— Ang ginagamit ay isang salaming nakapagpapaganda sa lahat ng bagay.

Basel

Ika-3 ng Hunyo, 1887

Pinakamamahal kong kaibigan:

Ngayo'y dumating kami rito<sup>1</sup> at bukas ay aalis kami na patungong Genf o Hinebra; tinanggap ko ang inyong magiliwing tarhetang pangkoreo at karaka-rakang ako'y makapagpahinga sa Hinebra ay susulat ako kina Ginoong Willkomm at Nordmann. Kung ito'y hindi ko pa ginagawa hangga ngayon ay sapagka't ninanais kong sumulat sa kanila ng isang liham na lalong mahalaga kaysa isang sinulat nang madalian samantalang naglalakbay. Sa inyo'y maaari akong makapangahas sumulat ng mga liham na may bahagyang kawalang ingat, sapagka't marunong kayong magpaumanhin ng anumang kakulangan ko at ang lahat ng aming ginagawa ay mamamalas ninyo sa pamamagitan ng isang kalugud-lugod na salaming nakapagpapaganda sa lahat ng bagay.

Ninanais ko sa inyong lahat ang pagkakaroon ng kalusugan at gayon din kay Ginoong Willkolmm,

RIZAL

---

<sup>1</sup> Lumagi sila ng isang araw sa Basel: umalis sila rito nang ika-4 ng Mayo, tungo sa Hinebra at nagsipagdaan sa Berna at Lausanne. Sa Berna ay tumuloy sila sa Schweizer Hotel. Naglakbay sila, sa pamamagitan ng munting bapor, buhat sa Lausanne hangang Hinebra, na nagdaan sa Lawa ng Leman, na nang araw na iyon ay nababalot ng makapal na ulap.

### 35. Rizal, Hinebra, 6 Hunyo 1887

Iniiisip ang Alemanya. — Ang kanyang paglalakbay sa “Europa, lupain ng kalayaan,” ay malapit nang matapos. — “Makita ang matandang Roma ng mga Cesar.” — Hindi magpapaalam sa Europa buhat sa Marselya. — Ganap na pangkaraniwan sa likod ng magagandang pangarap ng Madrid, Paris at Alemanya. — “Sukdang matagpuan ko ang aking kapanganyayaan doon ay kina-kailangan kong umuwi!” — Ang mga Igurot ay nasa Madrid na. — Isang paglait sa kadakilaan ng tao ang sila’y itanghal sa piling ng mga hayop....

Hinebra  
Ika-6 ng Hunyo, 1887  
Daang Rhone 3  
Pensiyon Bel-Air

Minamahal kong kaibigan:

Sa wakas ay hinahawakan ko ang panitik upang sumulat sa inyo ng isang liham na makapagpapahayag ng aking mga damdamin. Punung-puno ng kapaitan ang aking puso.

Lagi nang sumasaisip ko ang Alemanya at ang mga pantas na Aleman: sa tuwi-tuwina’y nagiging paksa ng pakikipag-usap ko kay Viola ang katapatan at karangalan ng mga Aleman, bagaman may kagaslawan at kagaspangan ang gawi ng ilan; kapag ako’y nakaririnig ng pag-uusap sa wikang Aleman ay nagagalak ako, na para bang ang Aleman ang wikang aking sinuso. Lagi ko nang nasasabi: sa Alemanya, ang gayong bagay ay hindi ginagawa sa gayong paraan kundi sa ganitong paraan, ganyan, ganito; kung tayo’y nasa Alemanya, marahil ay hindi tayo makaririnig o makamamalas ng gayon o ganitong bagay.

Ang aking paglalakbay, ang paglalakbay ko sa Europa, sa lupain ng Kalayaan, ay malapit nang matapos. Sa Ika-3 ng Hulyo<sup>1</sup> ay kailangang sumakay ako ng bapor sa Marselya, sapagka’t ang mga bapor ng *Messa-*

<sup>1</sup> Hindi masabi nang tiyakan kung siya’y sumakay nga nang ika-3 ng Hulyo, nguni’t ang totooy sumakay siya nang mga unang araw ng Hulyo sa Marselya at sa bapor “Djennah” na ari ng “Mensagerias Maritimas.” Gayunman, sa kanyang sulat bilang 2, ika-5 tomo, noong ika-12 ng Hulyo ay sinasabi ni Rizal ang ganito: “Bukas ng ika-10 ay aalis ako rito” (Marselya)



*gerles Maritimes* ay hindi na dumaraan sa Napoles. Ninananais ko sanang makadalaw sa Italya<sup>2</sup> bago lisanin ang malayang Europa; mamalas ang Roma, ang matandang lunsod ng mga bayani at ng mga *civium* (mga mamamayan), ang dakilang Roma! Marahil ay hindi na ako babalik kailanman sa Europa; datapuwa't ano ang aking magagawa Ikinamumuhi kong sa pag-uwi ay magbuhat ako sa isang lunsod na mangangalakal, gaya ng Marselya at magpaalam sa Europa buhat sa isang karaniwang lunsod: ang Marselya ay walang-walang pagkamatulain pagkatapos ng aking magagandang pangarap sa Madrid, Paris at Alemanya.

Tinanggap ko ngayon ang inyong magiliw na liham<sup>3</sup> pati ng polyeto at kayo'y pinasalamatan ko nang maraming-marami. Gaano ang iisipin ko tungkol sa Leitmeritz, Berlin, Viena at Praga kapag ako'y nakauwi na sa aking tinubuan! Tinatangkang pigilin ang paglalakbay ko ng aking mabubuting kaibigan at kababayan at sinasabi nilang matatagpuan ko raw sa Pilipinas ang aking kapangyayaan! Datapuwa't wala akong magagawang ibang bagay; kinakailangang ako'y umuwi!

*Dulce moriens reminiscitur Argos!* (matamis na mamatay sa paggunita sa Argos.)

Bukas ay magpapakuha ako ng larawan at padadalhan ko ang aking mabubuting kaibigan: ito marahil ang tanging alaala kong maiiwan pagkatapos ng ilang panahon! Bukas ay susulat din ako kina Ginoong Nordmann at Willkolmm.

Ang mga kahabag-habag na kababayan kong itatanghal ay malaon nang dumating sa Madrid.<sup>4</sup> Sila'y kinukutya ng ilang pahayagan, data-

<sup>2</sup> Bagaman sila'y nag-aalinlangan sa pagdalaw sa Italya, ang totoo'y dinalaw niya ito, ayon kay Blumentritt, at dinalaw nang mabilisan ang Milan, Venecia, Florencia, Roma at Genova, at umalis siya sa Ginebra nang ika-21 ng Hulyo. Sa sulat ni Rizal, bilang 143, sa kanyang ama, ay pinatutunayang kanyang dinalaw ang mga siyudad ng Turin, Milan, Florencia, Venecia at Roma.

<sup>3</sup> Sa malas ay hindi naingatan ang sulat na ito, sapagka't hindi makita sa alinmang kasulatan o aklat na sinangguni. Hindi rin malaman kung aling polyeto ang tinutukoy ni Rizal, na ipinagpapasalamat kay Blumentritt.

<sup>4</sup> Tinutukoy ang mga Pilipino, na ang ilan sa kanila'y galing sa mga liping hindi binyagan, na dinala sa Madrid para sa tanghalan ng Pilipinas na binuksan nang unang araw ng Hulyo ng taong ito. Ang tanghalang ito ay tinutulan at sinalansang ng mga Pilipino sa Madrid. Si Lopez Jaena lamang ay naglathala ng limang artikulo sa iba't-ibang pahayagan, na tinututulan ang masamang pagpapalagay na ginagawa sa kanila (masamang pagkain, masamang pag-aalaga at pagpapalagay atbp). Bilang bunga ng masamang pagpapalagay na ito ay apat ang nangamatay sa mga taong itinanghal, sa apatnapu't tatlong kinuha sa Pilipinas, palibhasa'y may malulubhang karamdaman. Sa apatnapu'tatlong taong ito ay may mga Tsamoro, Karolino at Pilipino. At dito sa huli ay may mga galing sa Maynila, Abra Albay, Antike, Bulakan, Kamarines Sur, Maraming Igurot, Mga Moro sa Holo at Sambuwangga at isang Ita. Nagpadala rin naman ng maraming manggagawa ng tabako buhat sa Maynila. Ipinaghihimutok din ng mga Pilipino ang ayos at kaparaanan ng pagkakatanghal sa kanila, na nupa't ipinalagay ni Rizal na ang gayon ay isang tunay na pagdusta.

puwa't ang iba, gaya ng *El Liberal*, ay may ibang kuru-kuro. Sinasabi ng *El Liberal* na hindi naaangkop sa kadakilaan ng tao ang sila'y itanghal sa tabi ng mga hayop at mga halaman. Ginawa ko ang lahat ng aking magagawa upang mahadlangan ang ganitong paghamak sa mga tao ng aking lahi, nguni't wala akong napalang anuman. Ngayon ay namatay ang isang babae dahil sa pneumonia nakatira sila sa isang *baraka*—at ang *El Resumen* ay naglathala pa ng ilang mapangutyang biro tungkol sa bagay na iyon! Sinasabi ng *La Correspondencia de España*:

“Ang mga Pilipinong nagsiparito sa Madrid ay nagtatamasa ng isang ganap na kalusugan. Hangga ngayon ay walang nagkakasakit *kundi tatlóng tao, sa sipon at brongkitis.*”

Hindi ako magpapahayag ng anumang puna tungkol sa bagay na iyon.

Datapuwa't ninanais ko sanang ang lahat ay magkasakit at namatay na gaya ng kahabag-habag na si Basalia<sup>5</sup> upang sila'y hindi na maghirap pa. Malimutan nawa ng Pilipinas na ang kanyang mga anak ay pinagpakitaan ng gayon: itinanghal at hinamak. At ayon sa balita, silang lahat ay pumarito nang laban sa kanilang kalooban, sila'y nilinlang o pinilit!

Kapag naiisip ko ang ganitong kaimbihan ay napapabulalas ako: Ikinalulugod kong kayo'y aalis na sa Europa!

Sinasabi ko sa inyo, minamahal kong kaibigan, na nalulungkot ang aking puso; ibig kong umiyak. Inaakala kong ang katuwiran ay nasa aming panig, at wala na kaming utang na loob na dapat pasalamat na sa Espanya.

Maging mabuti nawa ang kalagayan ninyo, pinakamabuti kong kaibigan, at magsaya't magpasalamat na kayo'y Pilipino sa puso lamang at hindi sa dugo!

Kumukumusta at humahanga sa inyo,

RIZAL

Katatanggap ko lamang ng aklat at isang sulat.<sup>6</sup> Sa makalawa ay susulat ako uli sa inyo.

<sup>5</sup> Si Basalia ay isang morong babaing taga-Holo, asawa ng isang Morong may kapangyarihan at iginagalang sa matataas na lipi sa Holo, na nagngangalang Buton-Basan.

<sup>6</sup> Ang sulat ay kay Blumentritt na wala sa *Epistolario*: ang aklat na binabanggit ay tila ang aklat para kay Padre Ricart, na isang Hesuwita.

## 36. Rizal, Hinebra, 10 Hunyo 1887

Dadalaw si Rizal sa "Italya, bayang sinilangan ng mga batas ng Europa."— Paalam kay Dora.—Kapana-panabik ang polyeto ni Blumentritt tungkol sa mga bagay-bagay sa lupain. Ang Binyang ay may ilang katangiang Insik.— "Sa pag-alis, ay tila lalong maganda sa akin ang Europa."— Ibang kapaligirang politiko at panlipunan sa Pilipinas.

Hinebra

Ika-10 ng Hunyo, 1887

Minamahal kong kaibigan:

Sang-ayon sa aking ipinangako ay tinangka kong sagutin<sup>1</sup> ka-hapon ang inyong sulat, datapuwa't nagkaroon ng isang maliit na pagbabago sa aking balak tungkol sa paglalakbay: ninanais kong dumaan pa sa Italya,<sup>2</sup> sapagka't hindi ko ibig na umalis sa Europa nang hindi nadadalaw ang magandang Inang bayan ng mga batas ng Europa. Hindi ako nakapagpasiya agad, sapagka't malaki rin ang magugugol datapuwa't yamang ito marahil ang kahuli-hulihang pagkakataong mamamalas ko ang malayang Europa ay malugod ko nang gagawin ito. Samakatuwid kung magiging mabuti ang takbo ng lahat ng bagay ay aalis ako sa Hinebra sa ika-20 ng kasalukuyan.

Ang aking kaibigan at ako ay nagagalak nang gayon na lamang, sapagka't ang maliit na si Dora<sup>3</sup> ay bumubuti, palibhasa ang sakit na idinaraing niya ay mapanganib, kung minsan, at maraming bata ang namamatay sa sakit na iyan. "Ang marunong magsalita ng Aleman"<sup>4</sup> at "ang marunong tumugtog ng sitara"<sup>5</sup> ay masayang nagsasabi sa kanya ng "paalam" at nawa'y manatili siyang kaparis ng isang anghel sa lupa!

Hindi ko kalilimutan ang pagsulat kay Ginoong Eysert<sup>6</sup> at inaakala kong nararapat ko siyang padalhan ng isang larawan; sapagka't kailan-

<sup>1</sup> Tinutukoy marahil ang sulat na binabanggit sa sinundang liham, na di Malayong hindi naitago.

<sup>2</sup> Sa katohana'y dumaan nga siya sa Italya.

<sup>3</sup> Tinutukoy si Dolores Blumentritt.

<sup>4</sup> Ito'y si Rizal din.

<sup>5</sup> Si Maximo Viola ito.

<sup>6</sup> Si Eberhard Eysert ay isang bantog na pintor. Hindi siya nakilalang harapan ni Rizal, nguni't alang-alang sa kanyang mga tagubilin, sina Rizal at Viola ay tinanggap at pinarangalan nang gayon na lamang sa Viena.

ma'y hindi kami nagkita nang harapan, ang larawa'y siyang kakatawan sa dalaw na hindi nakita kailanman.

Nakita ko na ang mga pruwera at sa palagay ko'y lumabas na ma-buti. Hindi ko rin kayo nalilimutan. Taimtim kong isinasamo sa inyong ako'y padalhan ng isa ninyong larawan tuwing kayo'y magpaparetrato, upang aking mamasdan ang larawan ng aking kaibigan. Taglay ang nag-iibayong paghanga ay binabasa ko ang kahuli-hulihang polyetong ipinagkaloob ninyo sa akin.<sup>7</sup> Ang inyong mga kaalaman tungkol sa aking bayang tinubuan at ang inyong mga puna ay higit sa lahat ng aking nakita at nabasa hangga ngayon. Tinatalakay ninyo ang mga bagay-bagay na para bang kayo na rin ang nakamalas ng mga iyon; halimbawa, ang inyong pagsasaysay tungkol sa bayan ng Binyang na tinirhan ko ng isang taon at kalahati; ang bayang nabanggit ay hindi naman malayo sa aking bahay. Sa Binyang ay hindi sinasalita ang kastila, gaya ng sinasabi ng may-kathang hindi inilagda ang pangalan, kundi isang masamang tagalog na nahahaluhan ng maraming katagang Insik, dahil sa ang marami sa mga naninirahan ay mga mestisong Insik, at ito ang dahilan ng kanilang kasipagan, karamutan at kaputian ng kanilang balat.

Tinanggap ko ang aklat para sa mga Hesuwita<sup>8</sup> at ako na rin ang magbibigay kay P. Ricart.

Habang lalong nalalapit ang sandali ng aking pag-alis, ay tila Jalo namang nagiging maganda, sa aking palagay, ang Europa! Kinikilabutan ako tuwing naiisip ang uri ng mga maykapangyarihan, kawani, batas at pakikipagkapuwa-taong matatagpuan ko sa Pilipinas. Ako'y nahirati na sa ibang kapaligiran. Binigyan ako ng Pransiya at Alemanya ng kaisipang ibang-iba tungkol sa mga bagay-bagay!

Bumabati ako sa mga kaibigan sa dalampasigan ng Elba, at kayo'y niyayakap ko sa diwa.

Ang nagmamahal ninyong kaibigan,

JOSE RIZAL

<sup>7</sup> Hindi malayong tumutukoy sa ilang artikulo ni Blumentritt tungkol sa Pilipinas, na nakalalathala pa lamang.

<sup>8</sup> Isang aklat na ibig ni Blumentritt na dalhin ni Rizal sa Pilipinas upang ibigay sa paring Hesuwitang si P. Ricart. Hindi malaman kung ano ang pamagat ng aklat na ito, nguni't siyang sinabi ni Blumentritt kay Rizal nang ito'y nasa Alemanya pa, na ipadadala sa kanya. Nalimutan ni Rizal ang biling ito nang siya'y umalis sa Alemanya, kaya hininging ipadala sa kanya sa Hinebra.

### 37. Rizal, Hinebra, 13 Hunyo 1887

Isang retrato para kay Blumentritt at isa para kay Eberhard, ang taong tumanggap sa kanya nang boong lugod sa Viena.— Bilang alaala.

Hinebra

Ika-13 ng Hunyo, 1887

Minamahal na kaibigan:

Ipinadadala kong kalakip nito ang dalawang retrato at isang liham at ibig kong humingi sa inyo ng isang payo. Ang isa sa mga larawang iyan ay para sa inyo at ang isa nama'y nais ko sanang ipagkaloob kay Ginoong Eberhard Eysert, sakaling inaakala ninyong maiibigan ng nabanggit na ginoo; kung inaakala naman ninyong hindi, ay inyo na ang larawan at gawin ninyo kung ano ang inaakala ninyong marapat.

Hindi ko nakikilala si Ginoong Eberhard Eysert, at hindi ko malaman kung ano ang iisipin niya sa akin sakaling pangahasan kong padalhan siya ng isang larawan, datapuwa't magiging napakadahop ang mga pangungusap ng pasasalamat para sa inihanda niya sa amin sa Viena.

Susulatan ko pa kayong madalas, kaya tinatapos ko na ngayon ang liham na ito sa pamamagitan ng pagkumusta at magiliw na pagyakap sa inyo,

RIZAL

Binabati ko ang butihing Patnugot Alois Lange.<sup>1</sup>

Ang kaibigan kong si Viola ay tutungo sa Barselona sa ika-20 ng buwang kasalukuyan.

---

<sup>1</sup>Si Alois Lange ay siyang patnugot ng isang istitusyong ukol sa agham. Nakilala siya ni Rizal sa pamamagitan ni Blumentritt.

### 38. Rizal, Leitmeritz, 14 Hunyo 1887

Isang paglililiwaliw sa kabundukan

Leitmeritz, (Bohemia)

Ika-14 ng Hunyo, 1887

G. Duktur Jose Rizal  
3 Rue de Rhone, Pension Bel Air  
Ginebra

Minamahal na kaibigan:

Katuwaan lamang ang idinulot sa akin ng inyong mahal na sulat ngayon, at ang tangi kong dinaramdam ay hindi ko masagot agad nang lubos at ganap, sapagka't kung magkakaroon kami ng mabuting panahon bukas ay kasama ko ang aking mga tinuturuang maglalakbay at maglililiwaliw sa mga kabundukan, at ang balak nami'y hanggang sa huwebes na ng gabi. Inaasahan kong uulan bukas, at kung ito'y mangyayari ay susulatan ko kayo nang mahaba. Maanong umulan na nga, umulan na nga sana!

Buong pusong mga pagbati ng matatanda, at mga halik ng mga bata!

Niyayakap kayo.

Ang tapat ninyong si

FERNANDO BLUMENTRITT

### 39. Rizal, Hinebra, 19 Hunyo 1887

Hindi kasang-ayon sa pakikilahok sa mga bubot na panghihimagsik.— Kapag wala nang ibang lunas kundi ang hanapin sa digma ang aming ikapapanganyaya. — Ang tagumpay o ang siga ng kamatayan. Walang bagay na hindi natatapos.— Hindi maaaring tiisin ang lahat.— “Ang kaligayahan ng aking bayan.” “Kung ang kasamaan ay nasa pamamalakad lamang ng pamahalaan, ay sasalungatin ko ang lahat ng babalakin laban sa Espanya.”— “Nananalig ako sa Diyos!”— May salaming engkantado.

Hinebra

Ika-19 ng Hunyo, 1887

Minamahal na kaibigan:

Tinanggap ko sa kapanahunan ang inyong mahalagang sulat at ang inyong tarhetang pangkoreo,<sup>1</sup> at ikinagagalak kong matalos na ang damdamin ninyo ay gaya rin ng sa akin. Pinasasalamatan ko kayo sa inyong mahabaging kaisipan at ako'y uuwing naaliw sa aking bayan. Tini-tiyak ko sa inyong wala akong kanais-nais na makilahok sa mga panghihimagsik, na inaakala kong napakaaga sa panahon at napakama-pangahas. Datapuwa't kung kami'y pipilitin ng pamahalaan na gawin ang gayon, alalaong baga'y kung wala nang nalalabi sa aming iba pang pag-asa kundi hanapin ang aming pagkapariwara sa pakikidigma, kapag lalong minamaraçat ng mga Pilipino ang mamatay kaysa magpatuloy sa lalong pagtitiis, sa gayo'y makikisama na rin ako sa mga mararahas na kaparaanan. Nasa kamay ng Espanya ang pagpili ng kapayapaan o ng kapariwaraan, sapagka't isang pangyayaring hindi mapag-aalinlanganan, at nalalaman ng lahat, na kami'y mapagtiis, labis na mapagbata at matahimik, “maamo,” “dugong patay” at iba pa. Nguni't natatapos ang lahat sa buhay na ito; walang anumang bagay na walang

<sup>1</sup> Wala sa *Epistolario* ang sulat na binabanggit. Marahil ay hindi naitago. Ang tarhetang pangkoreo ay ang mayandang blg. 139 ng *Epistolario*. Sinasabi ni Rizal na ang kanyang damdami'y katulad din ng kay Blumentritt tungkol sa paggamit ng mararahas na kaparaanan at sa paghihimagsik.

hanggan sa daigdig at ito'y maikakapit din sa aming pagtitiis. Hindi ko mapaniniwalaang kayo, na isang taong malaya, isang mamamayan ng Europa, ay magtatangkang magpayo sa inyong mabuting kaibigan na magtiis sa lahat ng bagay at mag-asal na parang isang taong mahina ang loob, walang tapang. Maniwala kayong wala akong ibang inadhika kundi ang kaligayahan ng aking bayan at habang ako'y naniniwalang ang kasamaan ay nasa pamamalakad lamang ng pamahalaang Kastila, ay babakahin ko ang lahat ng babalakin laban sa Espanya. Maaasahan ninyo iyan.<sup>2</sup>

Pinasasalamatann ko kayo sa inyong pagtatagubilin, datapuwa't ipagpatawad ninyo sa akin ang pagaangkin ng paniniwalang ang isang tagubilin sa akin, sa aking sariling bayang tinubuan, ay may himig na malungkot.<sup>3</sup> Ang mga tagubilin ay maaaring pakinabangan sa ibang lupa, datapuwa't sa lupang sarili ng itinatagubilin ay nangangahulugan ng isang bagay na mapaít; totoo ngang ang mga iyo'y pakikinabangan, datapuwa't ikinahihiya ko ang pagbibigay ng mga liham na may gayong uri. Pinasasalamatann ko kayo at mangyari na ang mangyayari, ay nananalig ako sa Diyos.<sup>4</sup>

Inaakala kong ang salamin sa matang inyong ginagamit ay engkantado tuwing kayo'y nakakabasa ng anumang bagay tungkol sa akin, at iyon ay isa kong kapalaran. Ito'y sinasabi ko sa inyo sapagka't naiibigan ninyo ang aking mga sinulat. Ang inyong payo na ako'y manatili sa Madrid at magsulat doon ay udyok ng kagandahan ng inyong loob; datapuwa't hindi ko maaari ni nararapat na tanggapin. Hindi ko matitiis ang pamumuhay sa Madrid; doon, kaming lahat ay "vox clamantis indeserto" (tinig ng humihiyaw sa ilang); ninanais akong makita ng aking mga kamag-anak at ninanais ko ring makita sila; saan mang dako'y hindi magiging gaanong kasiya-siya sa akin ang buhay na di gaya ng sa aking bayang tinubuan, sa piling ng aking kaanak. Hangga ngayoy hindi pa ako napagiging Europeo, gaya ng sinasabi ng mga Pilipino sa

<sup>2</sup>Hindi malayong lubhang mahalaga ang sulat ni Blumentritt, sapagka't ayon sa talataang ito'y naglalaman ang nasabing sulat ng maraming payo at mga kuru-kuro tungkol sa mga paghihimagsik, pagbabangon o paghiwalay sa pamamagitan ng mararahas na kaparaanan. Ang sinasabi rito ni Rizal ay isa pang katunayan na ang kanyang mga kuru-kuro hinggil sa pagpapalagayan ng Espanya at ng Pilipinas hanggang sa mga sandali ng pagbaril sa kanya, ay siya ring tinataglay niya noong may 9 na taon nang nakararaan nang siya'y nasa Europa pa.

<sup>3</sup>Nakikinikinita na ni Blumentritt ang masamang pagtanggap na gagawin kay Rizal sa kanyang sariling bayan, kaya ginawa ang mga nasabing tagubilin.

<sup>4</sup>Sa malas, si Blumentritt ay nagkusang magbigay sa kanya ng mga tagubilin sa kanyang mga kaibigang kastilang may hawak na kapangyarihan nang panahong iyon, isa na sa kanila ang Hesuwitang si P. Ricart.



Madrid; lagi kong ninanais na umuwi sa bayan ng aking mga ninuno. "Lagi nang niluluggati ng kambing ang paninirahan sa bundok," anila sa akin.<sup>5</sup>

Ipaalam ko ang inyong mga kahilingan sa mga kaibigan ko sa Re-bista. Ikinahalakhak naming lubha ang nakasulat na direksiyon: "BO-MENTIRT LIMERIT". Inyo na ang sobre, iyan ay isang maliwanag na patutoo ng karunungan ng mga kawani ng Koreo at ng kaalaman sa heograpiya ng mga pilipino!

Hinggil sa tanghalan, ako'y kasang-ayon ninyo; may limang taon na ngayong binalak naming magdaos ng isang Tanghalan na nilalahukan ng mga manggagawang pilipino, manghahabi, at iba pa, at hangga ngayon ay ninanais pa naming gawin iyon; datapuwa't hindi isang pagtatanghal ng mga *taong* di-karaniwan upang libangin ang mga naninirahang walang magawa sa Madrid; hindi kami sumasang-ayong itanghal ang aming mga kababayan na parang mga kakatwang bagay; hindi rin kami kasang-ayon sa mga malulupit na pakikitungo sa kanila, gaya ng ibinabalita ng mga pahayagan na rin sa Madrid. Hindi namin ituring ito, sa anu't anumang paraan, na parang isang kapalaran. Bakit naparito ang mga taga Holo, mga marino, mga kuwadriyero, mga Karolino at iba pa na wala namang gagawin? Bakit silang lahat ay nagsisiksikan sa iisang kamalig, na ayon sa sinasabi ng mga pahayagan ay nakapagkakasakit at marumi? Ang ninanais namin ay isang pagtatanghal ng kapamuhayan, nguni't hindi isang pagtatanghal ng mga tao, at hindi dapat pilitin ang mga tauhang tumira sa hamugang halos, gaya ng nangyari kay Basalia, na sang-ayon sa ilang tao ay namatay sa pananabik na makauwi, at sang-ayon naman sa iba ay namatay sa neumonya o sa tipus!<sup>6</sup>

<sup>5</sup> Si Blumentritt, gayundin naman ang lahat niyang kaibigan sa Europa at ang mga kababayang sumusulat sa kanya ay nangagsikap na mahikayat siyang magbago ng akala tungkol sa paguwi sa Pilipinas, sapagka't lahat sila'y naniniwalang magiging kasawiang-palad ni Rizal ang pagbalik niya sa Pilipinas. Gayunma'y ibig makita ni Rizal ang kanyang mga kaanak at ang kanyang ama, na naggawad na sa kanya ng kapatawaran sa pagkakapaglabay niya sa Europa nang walang kapahintulutan iyon; at higit sa lahat ay sapagka't dahil sa kanyang mabuting hangarin, sa kanyang tahimik na budhing hindi siya nakagawa ng anumang hindi karapat-dapat, ni anumang laban sa mabubuting simulain, ay buong-buo ang kanyang pagtitiwalang sa kanyang mga ginawa at sinulat ay hindi siya nagbigay ng anumang dahilan upang ipalagay siyang kaaway ng Espanya ni ng pamahalaan nito.

<sup>6</sup> Tumutukoy uli sa Tanghalan ng Pilipinas, na idinaos sa Madrid, at sa pulutong ng mga taong dinala sa Tanghalan upang doo'y itambad na parang mga bagay na hindi karaniwan o katawatawa. (Tingnan ang mga naunang tala)

Nakatanggap kami ng isang sulat ni Propesor Willkomm,<sup>7</sup> at dito'y isinasaysay ng propesor ang kanyang mga pagliliwaliw sa Leitmeritz; siya'y nasiyahan nang gayon na lamang at nagugunita niya si Propesor Klutschack at ang *napakamagiliw na si Ginoong Blumentritt*.

Hindi pa ako nakakatagpo ng isang angkop na salitang kastilang mai-tutumbas sa salitang *anregend*; inaakala kong maaaring isalin ng bu-makla ng loob, pumukaw, humalina, umakit, magpasigla ng loob, at gayon din ng salitang mag-udyok o magbuyo, sang-ayon sa kinalalagyan ng pandiwa.

Ako'y sumasang-ayon sa inyong sinasabi tungkol sa pagka-republikano ng mga naninirahan sa Timog, lalong-lalo na ng mga Kastila. Sa ma-kalawa ay patutungo ako sa Italya.<sup>8</sup>

Kumusta sa maybahay, sa propesor, at inyong matandang ama at hinahagkan ko ang aking maliliit na kaibigan .

Niyayakap kayo ng inyong kaibigan,

JOSE RIZAL

Ika-20 ng Hunyo

Ang inyong mahalagang sulat<sup>9</sup> ay kararating lamang ngayon. Si Viola ay natutulong pa. Ang *miosotis* ay isang bulaklak na lalo kong kinagi-giliwan bagama't napakaromantiko. Maraming salamat. Sulatan ninyo ako sa pamamagitan ng koreong dumaraan sa Marselya. Buhat sa Ve-necia ay susulatan ko kayo ng isang liham na mahabang-mahaba. Ngayon, ay ipagpaumanhin ninyo na aking wakasan ang sulat na ito, sapagka't kinakailangan ko pang makipagkita sa Konsul.<sup>10</sup>

Ang inyong mabuting kaibigan,

JOSE RIZAL

<sup>7</sup> Tinutukoy si Dr. Willkomm, Tagapayo ng Bansa (Consejero de Estado) propesor sa Unibersidad ng Praga, at pagkatapos ay naging *Rector Magnificus* ng nasabing Unibersidad.

<sup>8</sup> Umalis sa Hinebra na patungong Italya, nang ika-21 ng Hunyo, 1887.

<sup>9</sup> Isa pa ring sulat na wala sa *Epistolario*.

<sup>10</sup> Tinutukoy ang Konsul Kastila.

## 40. Rizal, Roma, 27 Hunyo 1887

Sa harap ng mga guho ng Roma ng mga Cesar.— “Ang abo ng mga bayani’y niyayapakan ng mga paa ko.”— Ang Kapitolyo, Ang “Roca Torpeya”, ang Palatino, ang Foro, ang Ampiteatro sa harap ng mga mata niyang arkeologo. Sa “Museo Capitolino” at ang simbahan ng Santa Maria, ang Malaki — Isang bulaklak na kinuha sa palasyo ni Septimio Severo para kay Blumentritt, bilang alaala.

Roma

Ika-27 ng Hunyo, 1887

Mahal na kaibigan:

Sumusulat ako sa inyo ng ilang kataga ngayong gabi upang mabatid ninyong hindi ko kayo nalilimot. Ako’y nasa Roma! Iyan ang aking dahilan: maghapon akong naglakad kahit na napakainit sapagka’t ang Roma ay sadyang dapat magkahalaga ng isang sakit ng ulo.

Hindi ko kayang ilarawan sa inyo ang damdaming pinukaw sa akin ng Roma; ang tanging masasabi ko’y namamaga ang aking mga paa at may mga paltos, gayunma’y lilibutin kong muli bukas nang lakád upang mapanood kong mabuti ang mga guho. Ako’y nasa Roma! Ang lahat ng niyayapakan ko’y pawang abo ng mga bayani; dito’y nalalanghap ko ang hangin ding nalanghap ng mga bayaning Romano; pinagpupugayan ko nang buong pitagan ang bawa’t estatuwa at tila bagá ako — abang naninirahan sa isang pulong maliit — ay nasa isang simbahan. Nadalaw ko na ang *Kapitolyo*,<sup>1</sup> ang *Batong-buhay (Roca) Torpeya*,<sup>2</sup> ang *Palatino*,<sup>3</sup> ang *Foro Romano*,<sup>4</sup> ang *Ampiteatro*,<sup>5</sup> at iba pa. Ang lahat ng bagay

<sup>1</sup> Ang sinasabing *Capitolio* ay siyang Palasyong tahanan ng Emperador, na natatayo sa bundok ng Kapitolino.

<sup>2</sup> Ang *Roca Torpeya* ay siyang ituktok ng malalaking batong buhay ng isang bundok sa Roma, at buhat doo’y inihuhulog ang mga makasalanang napaparusahan

<sup>3</sup> Ang *Platinum* ay siyang Palasyo ng mga Cesar.

<sup>4</sup> Ang *Foro Romano* ay dili iba kundi ang gusaling pinagdarausan ng paglilitis ng Pretor o Hukom na Romano.

<sup>5</sup> Ang *Ampiteatro*, na ngayo’y tinatawag ding *Coliseo*, ay isang gusaling pinagdarausan ng iba’t ibang palarong pambayan. Ito ang siyang pinakamalaki sa mga kauri niya sa boong daigdig, at ayon sa nagkasalin-saling paniwala ay iginuhit iyon ni Gaudencio, isang arkitekto at martir, at sa paggawa’t pagtatayo noon ay Ibu-libong bihag na hudiyo ang ginamit, na dinala ni Tito buhat sa Hesusalem.

dito ay dakila, maliban sa mga inuman ng kape at mga kapihang may nagsisiawit; dahil dito'y hindi ako pumapasok sa mga iyon, ikanaririmarim kong makarinig dito ng mga awit na pranses at makamalas ng mga pagawaang makabago. Ang mga pook na lalong kinagigiliwan ko ay ang *Ampiteatro* at ang *Foro Romano*; doo'y umuupo ako nang mahabang oras, pinanonood ko ang lahat ng bagay at binibigyan ng buhay ang mga guho. Hanggang ika-8 ng gabi ay lumagi ako ngayon sa *Foro*, lubos akong nag-iisa at madilim na. Nadalaw ko na rin ang ilang simbahan at mga museo, gaya ng *Museo Capitolino*,<sup>6</sup> at ang Simbahan ni Santa Maria, ang Malaki, na dakila rin naman. Dito sa Roma, ang salitang "malaki" ay maliit. Kalakip nito'y ipinadala ko sa inyo ang isang bulalak na kinitil ko sa Palatino, sa Palasyo ni *Septimio Severo*.<sup>7</sup> Ninanais ko sanang lumagi rito hanggang sa huling sandali; hindi ko na dadalawin ang iba pang lunsod. Nagsisisi ako dahil sa nakabili na ako ng tiket para sa paglalakbay; kung ako'y may isang taon pa sanang panahon ay titigil ako rito sa buong taong iyan.<sup>8</sup> Naririnig kong sinasalita ang wikang italyano at ang aleman, sapagka't dito'y maraming aleman; datapuwa't bagaman ang tunog ng mga wikang iyan ay kalukud-lugod sa aking pandinig ay lalo kong mamabutihing walang marinig na anuman, hindi makamalas ng kasuutang makabago, ni mga sambalilo, ni mga pantalon, sapagka't parang isang hamak na bagay ang manood niyon pagkatapos na mapanood ang mga guho. Ang mga Papa, na lagi ko nang ipinalagay na maliliit at katawa-tawa, sa palagay ko'y lalong naging mga dakila pagkatapos na mamalas ko ang mga simbahan at mga palasyo. Ang dating Roma'y tutoong nakaaakit sa akin at dinaramdam ko ngayon ang pagkakaparaan ng 15 araw sa Ginebra.<sup>9</sup>

Inaakala kong boong lugod na pauunlakan ni Luna ang kahilingan ninyo,<sup>10</sup> nakikilala ko siyang mabuti, sapagka't nagkasama kami sa loob ng apat na buwan; ang nais ninyo'y makasakit sa kanyang pagkamaka-

<sup>6</sup> Ang *Museo Capitolino* (*Museum Capitolinum*) ay siyang pook na pinagda-rausan ng mga pagsusuri at pagsisiyasat tungkol sa agham, sa panitikan at sa sining ng Imperyong Romano, bukod sa isa rin namang museo ng mga baagy-bagay sa unang panahon, sa mga pintura, mga iba't ibang salapi, mga kasangkapang gamit sa digma at iba pa.

<sup>7</sup> Si *Septimio Severo* (*Lucius Septimius Severus*) ay isa sa mga naging Emperador sa Roma (193-211 A.D.)

<sup>8</sup> Hindi mapag-aalinlanganang ang kadakilaan ng mga bantayog, mga simbahan, mga palasyo at mga guhong nakita ni Rizal sa Roma ay nakapagdulot sa kanya ng malaking pagkamangha at pagkalugod.

<sup>9</sup> Dumating si Rizal sa Hinebra nang ika-6 ng Hunyo at umalis siya roon nang ika-21. Wala siyang gaanong gagawin sa lunsod na ito, nguni't siya'y tumigil doon sa paghihintay ng kanyang mga sulat, bukod sa siya'y nag-uurung-sulong kung siya'y dapat magdaan sa Italya o huwag. Pagkatapos ay nagsisi siya sa pagkakatigil ng maraming araw sa Hinebra.

<sup>10</sup> Ipinahiwatig ni Blumentritt kay Rizal ang hangad na papinta kay Luna ng ilang tanawng aleman.

bayan, nguni't hindi niya minamabuti ang pagpipinta ng mga tanawing hindi niya nakita kailanman: si Hidalgo'y lalong mabuting pintor ng mga tanawin kaysa kanya, lalo na kung mga tanawing pilipino. Gayunman'y gagawin iyon ng buong kasiyahan ni Luna; ito'y maaari ninyong asahan.

Nahahapo akong parang isang aso at matutulog akong parang isang Diyos (Heine). Kaya nga sinasabi ko sa inyo: hanggang sa Marselya! Buhat doo'y susulat akong muli sa inyo.

Mga pagbati sa aking mga maliliit na kaibigan at sa mga matatanda.

Ni'yayakap kayo ng kaibigan ninyong si,

RIZAL

## 41. Rizal, Marselya, 2 Hulyo 1887

Tungol sa panulaang Tagalog.— Nawawatasan ni Blumenbritt si Rizal.— Naniniwala ang mga Aleman sila'y may mga dibdib na naaninag"— May pagka-aleman?—Isang uri ng hesuwitang nakalulugo ang ugali — Ang karapatan, ang kagandahang-asal ay nakapagpapatibay ng pag-iibigan. — Pinapalad si Rizal.— May mapanghalinang pangganyak ng kalooban. Ang nakikitungo sa kanya'y nagiging kaibigan niya.— Inaliw ni Blumentritt.

Marselya

Ika-2 ng Hulyo, 1887

Mahal kong kaibigan:

Ang mga pag-asa ko'y hindi nabigo sapagka't noong ako'y dumating dito ay naghihintay na sa akin ang dalawang sulat, na naglalaman ng nakalulugod na pagbati ng pagpapalam.<sup>1</sup> Bago ko sagutin ang mga sulat na iyon ay pinasasalamat ko kayo sa sipi ng "Globus";<sup>2</sup> hindi ko pa binabasa nang masinsinan sa dahilang abalang-abala ako sa paghanda sa pag-alis ko, datapuwa't naparaanan ko na ng tingin. Tungkol sa panulaang tagalog,<sup>3</sup> ay nagpadala ako ng isang lathalain sa Kapisanang Etnográpika. (Marso-Abril).

Kayo'y nakauunawang lubos sa akin; nababasa ninyo ang lalong lihim kong kaisipan, at iyo'y ikinagagalak ko sapagka't nagpapakilalang ako'y may kaunting pagka-Aleman, at ang mga Aleman (sang-ayon sa isa sa inyong mga sulat) ay naniniwalang sila'y may dibdib na naaninag, alalaong baga'y matapat sila at hindi nagpapahalaga sa anyo o pinakabalat. Sinasabi ko ito dahil sa inyong kagandahang-loob sa pagtatagubilin sa akin sa "makapangyarihang" Pari Ricart.<sup>4</sup> Pinasasalamat

<sup>1</sup> Tinutukoy ang isang sulat ni Resurrection Hidalgo at isang Blumentritt, na kapuwa hindi makita sa *Epistolario*.

<sup>2</sup> Isang bilang ng rebistang *Globus*, na may mga lathalain ni Blumentritt.

<sup>3</sup> Ang ngalan nito, sa wikang alemanng kinasulatan ay *Tagalische Verskunt*. (Tingnan ang sinundang tala tungkoi dito)

<sup>4</sup> Tila si P. Ricart ay siyang Kataas-taasang Puno ng mga Paring Hesuwita nang panahong iyon.

ko kayo sa bagay na iyan at gagawin ko ang lahat ng magagawa upang lagi nang maging karapat-dapat ako sa minamahal na nagtagubilin.

Maaari ninyong tawaging “kaibigan” si P. Ricart bagaman sa mga Kastila, ang mga bansag ay hindi nagtataglay ng kahulugang kaisa ng sa mga Aleman, tangi pa sa si P. Ricart ay nagbigay din sa inyo ng bansag na ito sa pag-aakalang kayo’y karapat-dapat na tawaging gayon, at ninanais niyang maging kaibigan ninyo; bukod dito, si P. Ricart ay isang taong karapat-dapat at pormal. Sa mga Kastila’y wala niyang mga kaugaliang umiiral sa mga klerigo at mga mamamayang Aleman; sang-ayon sa mga kaugaliang nabanggit, ang mga kagandahang-asal at ang karangalan, sa ganang sarili nila’y maaari ring mapagpapatibay ng pag-iibigan, bagaman ito’y hindi pa nagtatagal, gaya ng sa ating dalawa, halimbawa. — Si P. Ricart ay walang anyong mapanghalinang tulad ni P. Heras; siya’y putlain, parang isang bangkay, malamig, mahinhin ang kilos at katangi-tangi kailanma’y hindi ko siya nakitang ngumiti, walang kalatis kung lumakad at nakataas ang ulo; siya’y isang uri ng hesuwitang mahinhin ang kilos at katangi-tangi. Kapag siya’y nakitang minsan ay hindi na siya malilimot. Ang kanyang mukha’y katulad ng sa isang bangkay, nguni’t hindi naman mabigat ang dugo.

Si Ginang Luisa Klutschak<sup>5</sup> ay naging magiliw sa pagpapadala sa akin ng kanyang larawang nakaakit sa aking kalooban. Yao’y labis-labis kong ikinagalak. Kung minsa’y inaakala kong ako’y anak ng kapalaran sa Europa man lamang, sapagka’t dito’y napakarami kong kaibigang mabubuti. Kahapon at kamakalawa’y naging mga araw na kalugud-lugod para sa akin; kamakalawa ay nakatagpo ko sa perokaril ang isang paring Italyano nakipag-usap sa aking parang isang matagal nang kaibigan ko, o para bagang ang paring pinagkukumpisalan ko. At kahapon naman ay pinakitunguhan ako nang buong giliw ng isang mag-asawang Amerikano.<sup>6</sup> Ang babae, na magkakaroon ng mga 35 taong gulang, ay walang wikang sinasalita kundi ingles at ito ang kauna-unahang paglalakbay niya sa Europa; ang lalaki, na isang bangkero, ay nagsasalita ng aleman, ng pranses at bahagyang italyano. Madalas akong inanyayahan nilang kumain at uminom; kami’y nasa treng mabilis at sa kotse kami kumakain. Nasiyahang lubha ang babae nang paunlakan ko ang anyaya at nagpabili sa asawa niya ng mga dalandan, mga bungang-kahoy at iba pa; at nang ako naman ang magtangkang bumili ng ilang bagay para sa kanila ay hindi

<sup>5</sup> Tinutukoy ang Ginang ni Dr. Klutschak. Pinadalhan siya ng larawan ni Rizal.

<sup>6</sup> Hindi makilala kung sino ang mag-asawang amerikanong nakatagpo ni Rizal sa tren sa kanyang paglalakbay na patungong Marselya.

ako pinayagang manaog sa tren. Bilang himagas ay binigyan ako ng isang putol na tsokolate at nang kailangan nang kami'y maghihiwalay na ay sinabi ng babae sa asawa niyang ako'y bigyan ng tarheta. Bumaba sila sa Monako, at hinangad nila sa akin ang lahat ng mabuting kapalaran. Kailanma'y hindi ko malilimot ang pagkikita naming ito at ang pagkakalapit ng aming loob na isinupling sa isa't isa ng gayong pagpapanyam. Ang lalaki'y hindi nagtataglay ng anumang bagay na katangi-tangi, datapuwa't ang babai'y may mga matang bughaw, mukhang kaaya-aya at marangal at isang ngiting malinis, katulad ng sa dalagang kristiyano nang unang panahon. Sinabi ko sa kanila nang ako'y magpaalam: "Paalam na, marahil ay hindi na tayo magkikitang muli!" Tumugon ang babae: "Sino ang nakaalam! Umaasa akong magkikita tayong muli. Mangyari 'pa!"—Umaasa rin akong mákakatagpo silang muli, sapagka't minamahal ang mga taong hindi mapag-imbót. Naniniwala akong ako'y isang anak ng kapalaran! Siya nga! "Mangyari pa!" gaya ng sabi ng butihing ginang. Kinakawayan nila ako hanggang sa málayo na ang tren. Anò nga ang katangian ko? Hindi ako mayaman, ni hindi maganda, at gaya ng sinabi ni Goethe, ay maaari akong umuwi nang walang kasama. Walang alinlangang ako'y anak ng kapalaran sa Europa. Ang anak ng kapalaran na magpapadala ngayon ng kanyang larawan kay Donya Luisa at hihingi ng kay Ginoong Klutschack.

Karapat-dapat si Propesor Willkomm<sup>7</sup> sa karangalang maging *Rector Magnificus*, ikinagagalak ko ito at babatiin ko siya.

Labis kong dinaramdam na si Ginoong Labhart<sup>8</sup> ay mapilitang umalis sa Pilipinas. Ikinagagalak ko na sanang maaari akong makipagkilala sa kanya; nguni't dahil sa kanyang mga tungkulin, ay walang magagawa. Sikapin kong ipagpatuloy ang gawain ni Ginoong Labhart alang-alang sa inyo, at kakausapin ko si Reyes<sup>8a</sup> tungkol sa bagay na iyan.

Sapagka't ang mga dibuho ko'y nasa kailaliman ng aking maleta, ay hindi ako makapagpapadala ng kahit isa kay Dr. Czepelack: datapuwa't nangangako akong magpapadala ng mga tunay na dibuho ng mga tanawin at kaugaliang pilipino. Ito'y maasahan ninyo.

Taglay ang inyong sulat ay naaaliw akong umuwi sa amin, nababatid kong ako'y may isang mabuting kaibigan, at iya'y isa nang malaking ka-

<sup>7</sup> Si Propesor Willkomm, propesor sa "Historia Natural" sa Unibersidad ng Praga.

<sup>8</sup> Nang panahong iyon, si Dr. Labhart ay nasa Pilipinas dahil sa ilang pag-aaral na ginagawa, samantalang si Rizal naman ay naglalakbáy sa Alemanya. Hiningi ni Blumentritt kay Dr. Labhart na gumawa ng ilang pagsusuri sa Pilipinas para sa kanya.

<sup>8a</sup> Si G. Isabelo de los Reyes ang tinutukoy.



palaran. Ipinalalagay ng mga Griyego sa una na ang isang mabuting kaibigan ay siyang pinakamabuting handog ng mga diyos. Magpapakabuti ako ng asal upang hindi ninyo pagsisihan ang pagbibigay-dangal sa akin sa pamamagitan ng inyong pakikipagkaibigan.<sup>9</sup>

Hihintayin ko sa Kalamba ang inyong mga sulat. Sa bawa't himpilan ay susulat ako sa inyo. Ipagpaumanhin ninyo ang sulat na ito, ang uri ng tinta at ang hugis sapagka't ako'y kasalukuyang nasa paglalakbay. Bukas nang ika-sampu, ay aalis ako rito. Europa! malayang buhay ng nangingibang lupa, paalam!

Hinahagkan ko ang maliliit kong kaibigan at loobin nawa ng Diyos na ako'y makapamuhay sa aming bayan hanggang sa dumating doon ang isang Blumentritt; kapag nagkagayon ay manunumbalik ang magagandang araw na ginintuan!

Mga kumusta sa matatanda at kayo'y niyayakap ko. Huwag ninyong lilimutin ang inyong mabuting kaibigan si,

RIZAL

Alam ba ninyo kung si Doktor Czepelack<sup>10</sup> ay may iniingatang larawan niya? Hindi ako humingi sa kanya, sa dahilang baka hindi niya ibig na magparetrato ay daramdamin niya iyon. Huwag ninyong banggitin ang bagay na ito sa kanya.

#### TARHETANG PANGKOREO

Si Blumentritt, na hindi maaaring malimot

Kipot ng Malaka, "Ojemwale"  
Ika-26 ng Hulyo, 1887

Mahal kong kaibigan:

Binabati ko kayo buhat sa Kipot ng Malaka. Dito'y napakakinis ng dagat na diwa'y isang salamin! Ang paglalakbay buhat sa Kolombo hanggang Singgapur ay parang isang pagpapasiya! Sa loob ng limang araw ay nakararating sa Singgapur. Darating kami bukas.

Sumasaiyo,

RIZAL

<sup>9</sup> At gayon nga ang nangyari. Si Blumentritt ay nagtamo ng malaking karangalan sa pakikipagkaibigan kay Rizal hanggang sa kamatayan nito.

<sup>10</sup> Si Dr. Czepelack ay nagpadala ng kanyang larawan kay Rizal, at hanggang ngayo'y iniingatan pa ito sa tahanan ng mga kaanak ni Rizal.

## 42. Rizal, Djemmah, 7 Hulyo 1887

Malayo sa Europa. — Paalam “marikit na bansa ng kala-yaan”.— Nawala ang largabista.— Ang isang sakit na buhat sa pagkawala ng Kuwalta maaaring makapagpalimot sa sakit ng damdamin! — Mga kapakinabangan ng isang pantas-wika.

“Djemmah” sa Dagat Mediteraneo,  
Ika-7 ng Hulyo, 1887

Minamahal kong kaibigan:

Narito ang inyong kaibigan na napakalayo na sa kanyang minamahal na Europa! Bukas ay iiwan namin ang Mediteraneo at papasok sa Kanal. Paalam, Europa!

Noong ako’y sumakay sa bapor sa Marselya at tumulak ang sasakyan sa daungan, ay sinalakay ako ng ilang kaisipang gayon na lamang kalulungkot na naramdaman kong nangingilid ang aking luha! Lubos akong nag-iisa noon at walang sinumang nakipagpaalam sa akin; namalas kong unti-unting nawawala ang baybayin at ang marikit na bayan ng aking kalayaan ay lumayo nang parang natatabingan ng isang ulap. Nang tangkain kong kunin ang aking largabista upang palapitan ang agwat, ay napansin kong iyon pala’y ninakaw. Ito’y nakabawas nang bahagya ng aking sakit, sapagka’t ako at ang mga kamarero ay walang hinarap kundi hanapin iyon sa loob ng isang oras halos. Nakita na ninyo kung paanong ang isang sakit na gawa ng Kuwalta ay maaring makapagpalimot ng sakit ng damdamin! Natitiyak kong kung ang pinakamarikit na damit ni Maria Stuart ay sinilaban nang sandaling paalis siya sa Pransiya, nang sandali ring iyon ay nakalimutan ang marikit na Pransiya.

Kaming mga sakay ay may 50, maraming Pranses, 4 na Ingles, 2 Aleman, 3 Insik, 2 Hapon, at ako.<sup>1</sup> Marami ring babae at bata (at marahil ay marami ring dalaga.) Ilaw elektriko ang ginagamit sa bapor, bagay na maginhawa nang gayon na lamang. Kinakausap ko sa wikang aleman at

<sup>1</sup> Isang heneral Chann na kasama ang kanyang asawa, tatlong anak at dalawang katulong, dalawang pag-asawahang pranses na may apat na anak, tatlong insik na may kasamang dalawang inglesa, apat na ingles, dalawang aleman, dalawang hapón, isang eskoses, maraming pranses, si Rizal at dalawang utusang pilipino.

italyano ang mga Hapon: ang isa sa mga ito ay tumira sa Italya at ang isa nama'y sa Berlin. Ang mga Insik ay kinakausap ko sa wikang ingles. Ang isa sa mga Aleman ay isang binatang taga-Schwarin na nagngangalang Fentz at tutungong kasama ko sa Maynila. Ipinahiram niya sa akin ang papel na ito sapagka't wala na akong ibang papel.

Ako'y natutulong sa ibabaw ng Kubyerta, nakikinig ng tugtog at nakiki-paglaro ng ahedres; sinasalita ko ang lahat ng wika.

Niyayakap ko kayo, hinahagkan ang mga bata at magiliw na kinukumusta ang mga matatanda.

Sumasainyo.

RIZAL

### TARHETANG PANGKOREO<sup>2</sup>

O, kay alinsangan!

Kolombo

Ika-14 ng Hulyo, 1887

Minamahal na kaibigan:

Salamat sa Diyos at kami'y nakarating dito nang hindi naihaw. Sa Dagat na Pula ay nagkaroon kami ng init na 37 antas Celsius. Ang Aden ay gaya rin nang may limang taon nang nagdaan.

Ang inyong kaibigan,

RIZAL.

---

<sup>2</sup> Tarhetang pagkoreo na may petsa sa Kolombo nang ka-14 ng Hulyo, 1887, at sinulat sa bapor "Djemnah"—Maaaring mali ang pagkakasipi ng petsa ng tarhetang ito, sapagka't sa sulat blg. 33 ay sinasabi ni Rizal na nang ika-8 ng Hulyo ay pumapasok sila sa Kanal ng Suwes, at lubhang mahirap paniwalaan na buhat sa pagpasok sa kanal hanggang sa Kolombo ay nangailangan lamang ng anim na araw, lalo na kung isasaalang-alang na kailangan nilang bagtasin ang kanal, ang dagat na pula, tumigil sa Aden at pagkatapos ay bagtasin ang dagat ng Arabya hanggang dumating sa Kolombo. Bukod sa rito'y masdan ang sulat blg. 34, na may petsa 20 ng Hulyo, na sinasabi ni Rizal na "Bukas ay darating kami sa Kolombo"

### 43. Rizal, Djemmah, 20 Hulyo 1887

Niyuyugyog ng masisigwang alon. — Napanaginip kong naiwan ako sa Europa. — Nakagaan ng dugo ng mga kasakay si Rizal, bilang tagapagsalin sa ibang wika.— Ang Alema'y mapagmahal sa mga kaluwalhatian ng kanyang tinubuang bayan. — Ang mga Aleman ay isang dakilang bansa, datapuwa't hindi sila nangunguna sa lahat ng paraan. Si *Dora* at ng mga bata sa mga bayang sakop.

“Djemmah”<sup>1</sup>

Ika-20 ng Hulyo, 1887

Mahal kong kaibigan,

“At kumukulog, at dumadagundong, at nagnangalit at umuungol.. ang sabi ng dakilang Schiller sa kanyang silid-aralan; at inuulit ko ang kanyang mga tugma sa bulwagan, akong may-sakit at nalulula, at nakaririnig na humahaginit at umuungol ang dagat. Diyos ko! Nagkaroon kami ng limang araw na kakila-kilabot matapos na makatulak sa Aden. Dalawang araw akong lumagi sa kamante na di makakain; apat na ikalimang bahagi halos ng mga sakay ang maysakit dahil sa pagkalula. Ang mga alon ay umaapaw sa ibabaw ng sasakyan at kinakailangang itali namin ang mga upuan; isang eskoses na tutungo sa Shanghai ay gumulong-gulong sa kubiyerang puno ng tubig at sa pagitan ng mga upuan; ako man ay gumulong-gulong din buhat sa isang tagiliran hanggang sa kabila; at lahat ng mga aklat ko'y nabasa ng tubig na alat.

Lagi kong napanaginip na ako'y naiwan sa Europa; na ako'y naiwan ng sasakyang dagat, na hindi ko inabutan ang tren at iba pa. Nguni't pagka-umaga, pagkagising ko'y napapayapa ang aking pagkabalisa at ako'y nasisiyahan sa pagmamalas na ang panaginip ko'y hindi naging katotohanan. Dalawampung araw pa ang nalalabi bago ako makarating sa amin; ako'y nagagalak sa harap ng kaiga-igayang isipang makikita kong muli ang aking mga magulang. Umiisip ako ng iba't-ibang kaparaanan

<sup>1</sup> Ang sulat na ito'y ginawa isang araw muna bago dumating sa Kolombo.

upang sila'y gulatin; datapuwa't nangangamba akong baka biguin ang aking pag-asa ng isang masamang pagkakataon<sup>2</sup>. Manalig tayo sa Diyos.

Bukas ay darating kami sa Kolombo, na siyang dulo ng masamang bahagi ng paglalakbay; umaasa kaming ang dagat ay lalong magiging tahimik pagkarating namin doon.

Ipinalalagay kong mapalad ako dahil sa pagtatamo ng mabuting pagpapalagay at paggiliw ng aking mga kasama sa paghihirap. Kinakausap ko ang lahat at paminsan-minsa'y nagiging tagapagsalin nila ako sa ibang wika. Nang una'y lagi na akong nakikipagtalo sa isang binatang Alemang taga-Schwerin, na isang matigas at bulag sa pananalig sa mga kaluwaihatian ng kanyang inang-bayan. Pinaninindigan niyang ang Alemanya ay nangunguna sa lahat ng bagay. Hindi ko siya sinang-ayunan sa bagay na ito at sinabi kong tunay ngang ang mga Aleman ay bumubuo ng isang dakilang bansa, datapuwa't hindi maaaring sabihing sila'y siyang nangunguna sa lahat ng bagay.<sup>3</sup> Nabawasan unti-unti ang kanyang pagmamatigas at ngayo'y magkaibigan na kami.

Dito sa sasakyan ay mayroon kaming apat na batang lalaki, datapuwa't kay laki ng pagkakaiba nila sa mga maliliit kong kaibigan sa dalampasigan ng Elba! Oras-oras halos ay napapalo sila, at sa gayo'y nagngangalangalan, at iba pa. Ang mga bata sa mga bayang sakop ay nagiging napakasama sa dahilang sapul sa pagkabata ay namamalas nila ang pagkamakahayop at ang maraming utusang inaaba nila at iba pa. Gayon din ang nagyayari sa mga anak na lalaki ng mga Kastila. Kapag pinapaparis ko sila at si Dora ay nasasabi ko sa sarili: ang mga bayang sakop ng Sumatra at Saigon ay sadyang dapat maging napakalayo sa Leitmeritz! Mamabutihin ko nang manatiling binata sa buong buhay kaysa magkaroon ng gayong mga anak.<sup>4</sup>

Sa hapag ng pagkain, ang mga sakay ay paminsan-minsan nag-uusap tungkol sa mga bayang sakop, sa mga manggagawang tubo roon at sa paraan ng pagsasamantala sa kanila at iba pa. Nakahahapis na marinig

<sup>2</sup> Sa katotohanan, ang masamang pagkakataon ay nangyari nga, sapagka't dumating sila sa Maynila nang gabing-gabi na (ika-9 ng gabi), at ang mga piloto at iba pang mga opisyal ng daungan ay ayaw nang matigatig na papasukin ang bapor palibhasa'y lumagpas na ang taning na oras, kaya't sila'y napilitang maghintay ng kinabukasan upang makaahon.

<sup>3</sup> Dito'y ipinakikilala ni Rizal na bagaman gayon na lamang ang kanyang paghanga sa Alemanya at sa mga aleman, ay hindi rin niya nalilimot ang tunay na mga pangyayari.

<sup>4</sup> Ang paghihimutok na ito'y nagpapakilalang si Rizal ay hind tumalikod kailan man sa pag-asang balang araw ay maari rin siyang makapag-asawa.

ang ganitong mga usapan at manaka-naka'y gumagawa ako ng mga punang kakaiba, na ikinamamangha ng mga mananakop.<sup>5</sup>

Ang kapitan ay siyang tunay na larawan ng pagkamagiliwing pranses: kaming lahat, ang mga Aleman, ang mga Ingles, ang mga Pranses at ang mga Insik ay pawang nalulugod sa kanya: malasin at ibigin siya ay isang bagay lamang. Kami'y inaaliw niya at lagi kaming binibigyan ng mga maling hula tungkol sa panahon upang huwag kaming mabahala.

Sa palagay ko'y napakahaba na ang panahong nagdaan buhat nang ako'y tumanggap ng mga sulat ninyo.

Batiin ninyo, sa ngalan ko, ang mga matatanda at ihalik ninyo ako sa mga mababait na bata, at nawa'y lagi silang maging malusog gaya ng hanggang ngayon.

Niyayakap kayo ng inyong nagmamahal na kaibigan,

RIZAL

---

<sup>5</sup> Sulat na asahang si Rizal ay makagawa ng mga pagpuna, sa pagkakaalam ng kanyang mga isipa'y matatayog at sa pagkakilala sa kanyang kaasalan.

#### 44. **Blumentritt, Leitmeritz, 24 Agosto 1887.**

Ang pagkamatay ni Juan Nordmann

Leitmeritz (Austria)  
Ika-24 ng Agosto, 1887

G. Jose Rizal

Pinakamamahal na kaibigan:

Ang ating marangal at kapuwa kaibigang si Juan Nordmann ay wala na sa mga buháy. Siya'y titistisin sana sa Ospital ni Wjedner sa Viena nguni't siya'y namatay na bigla roon sa isang paraang hindi inaasahan. Ang pangyayaring itong nakapanglulumo ay nagbunga sa buong Alemanya at Austria ng malaking pagdadalamhati, sapagka't si Nordmann ay hindi lamang isang manunulat kundi isang taong minamahal at iniibig ng marami.

Kalakip ang taos sa pusong pagbati ng lahat ng kaanak ko.

Ang matalik ninyong kaibigang sumasaiyo,

F. BLUMENTRITT

## 45. Blumentritt, Leitmeritz, 4 Setyembre 1887

Pagsasalin ng "Noli" sa wikang aleman

Leitmeritz (Austria)

Ika-4 ng Setyembre, 1887

G. Jose Rizal

Pinakagigiliw kong kaibigan:

Tanggapin ninyo ang aking taos-pusong pasasalamat sa magiliwin ninyong sulat nang ika-27 ng Hulyo. Kasabay ng sulat na ito'y tinanggap ko rin ang apat na sipi ng "Manila Alegre," na kinadoroonan ng aking larawang mabuti ang pagkakakuha. Humihingi ako ng inyong pahintulot upang maihulog sa wikang aleman ang inyong nobela, bagaman hindi ako nahahandang tapusin iyon bago makaraan ang isang taon. Dalawa o tatlong kabanata'y maaari kong ilathala agad. Lagi na kaming nag-uusap tungkol sa inyo. Kaya pabirong sinasabi ng aking amain na ang asawa ko at ako ay labis-labis na nagigiliw sa inyo bagay na sadya namang tutoo. Tanggapin ng inyong mga minamahal na kamag-anak ang pagbati ng akin namang kaanak. Pagbati at halik ng mga matatanda, ng mga bata, ng malalaki at maliliit.

Buong puso kayong niyayakap,

F. Blumentritt



## 46. Blumentritt, Leitmeritz, 4 Setyembre, 1887

Isang larawan ni Blumentritt para kay Rizal

Leitmeritz, Austria

Ika-4 ng Setyembre, 1887

(G. Jose Rizal)

Pinakamamahal kong kaibigan:

Inihuhulog ka sa buson kaninang ika-24 ng tanghali ang isa sa mga sulat ko sa inyo, nang makaraan ang isang oras ay tanggapin ko ang sulat ninyong buhat sa Saigon, bagay na nagdulot sa akin ng malaking katuwaan. Naparito uli sa akin ang pintor na si Eberhard Eysert at tiniyak sa aking ipipinta niya uli ang aking larawan para sa inyo. Sa gayo'y maghihiganti siya dahil sa inyong sulat at larawan. Marahil ay ipipinta niya ako sa silid ni Dr. Czepelak, na kinaduroonan ko't buong lugod na pinag-uusapan namin kayo at si Viola. Kung paano maipadadala ang pintura sa Kalamba ay tunay na hindi namin malaman.

Kalakip ang buong pusong pagbati ng aking mga kaanak.

Ang inyong matalik na kaibigan

F. BLUMENTRITT

## 47. Blumentritt, Kalamba, 5 Setyembre 1887

Maligayang pagkabagtas. Dakilang pagkakatanggap sa loob ng pamamahay. — Mga luha ng kagalakan, sampung libong tanong na magkakasabay at tawanan. “O, maganda kong tinubuan!” Ang *Noli* ay nagpaalimpuyo ng makapal na alikabok... Sinabi ng Heneral: ang iyong nobela ay nagbunga ng mga usap-usapan, naglalaman ng mga kaisipang mapanghimsik, ninanais kong mabasa iyon... — “Kung kayo’y hindi makatanggap ng sulat ko, ay may nangyari sa akin.” — “Pabalik, marahil, sa aking itinuring na bayang tinubuan.”

Kalamba

Ika-5 ng Setyembre, 1887

Minamahal na kaibigan:

Hiindi pa natatagalang sinimulan kong sumulat sa inyo,<sup>1</sup> at halos matatapos na iyon nang ako’y ipatawag ng Gobernador Heneral. Tutoo nga, mahal na kaibigan, naniniwala akong mapipilitan akong bumalik agad sa Europa, sapagka’t ang aking iniirong na inang bayan ay ayaw makarinig ng anumang bagay tungkol sa akin.

Nagkaroon ako ng isang maligayang paglalakbay; naratnan kong nagtatamasa ng mabuting kalagayan ang aking kaanak at napakalaki ang naging kaligayahan ko nang kami’y muling magkita-kita; nagkaiyakan sa tuwa; kinailangan kong sumagot sa sampung libong tanong na sabay-sabay, nagkaroon ng tawanan, mga paalaala, at marami pang iba O, ang aking marikit na bayang tinubuan!

Ang aking aklat ay nakapagpaalimpuyo ng makapal na alikabok, tinatanong ako ng lahat ng tao tungkol sa nasabing aklat. Ninanais nilang ako’y isumpa at ipinatawag ako ng Heneral<sup>2</sup> upang humingi ng isang sipi. Sinabi niya sa akin: “Kayo’y kumatha ng isang nobelang nagbunga ng maraming

<sup>1</sup>Hindi pa nalalaunang natausan ang banghay ng sulat na tinutukoy, at ito’y ilalathalang kasama ng ibang uri ng mga liham.

<sup>2</sup>Dumating si Rizal sa Pilipinas nang gabi ng ika-5 ng Agosto nang ang Gobernador Heneral ay si G. Emilio Terrero y Perinat. Hindi siya nakaahon kundi kinabukasan na, dahil sa pagtanggì ng piloto at mga opisyal ng daungan na magsigawa nang gabi. Tinawag siya ng Gobernador Heneral sanhi sa mga sinasabi tungkol sa kanya at dahil sa kanyang *Noli*.

usap-usapan; sinasabi sa aking doon daw ay may mga kaisipang mapang-himagsik. Ninanais kong mabasa iyon." "Heneral: — aniko sa kanya— binabalak kong magpadala ng mga sipi sa inyong Kadakilaan at sa Arsobispo pagkatanggap ko ng mga iyon buhat sa Europa. Wala ako kundi isang sipi at ibinigay ko na sa isang kaibigan. Sakaling pahihintulutan ng inyong kadakilaan ay hahanap ako ng isa." "Hindi lamang pinahihintulot ko iyon kundi iniuutos ko pa." Naparoon ako sa mga Hesuwita upang kunin ang sipi, datapuwa't ayaw nilang ibigay sa akin; kaya ako'y napilitang magdala sa Heneral ng isang siping marumi na.<sup>3</sup> Magiliw niya akong tinanggap at itinanong sa akin kung ako raw ay uuwi sa aming bahay o hindi.<sup>4</sup>

Kaya, sakaling sa loob ng isang buwan ay hindi kayo makatanggap ng ibang sulat ko, ay alamin ninyong may masamang nangyari sa akin, o kaya'y naglalakbay na akong patungo sa aking itinuturing na inang bayan, alalaong baga'y sa Europa, o kaya'y binabantayan ako rito na parang isang bilanggo;<sup>5</sup> araw-araw ay nakakatanggap ako ng mga pagbabala.<sup>6</sup>

Ibinigay ko ang aklat sa mga Hesuwita at tinanggap nila nang buong lugod.<sup>7</sup> Si P. Ricart ay nasa Mindanaw noon, kaya napilitan akong sa Rektor ibigay.

Makalawa akong nagsadya kay Ginoong I. de los Reyes<sup>8</sup> upang dumalaw sa kanya, datapuwa't hindi ko siya nakita. Iniwan ko ang aking

<sup>3</sup> Sa katotohana'y halos aanim na buwan lamang na lumagi si Rizal sa Pilipinas, at sapilitang umalis kahit na siya'y maysakit, nang kalahatian ng Pebrero, 1888, sa payo ng Gobernador Heneral, na masasabing katumbas na ng isang utos. Buhat nang Disyembre 1887 ay ipinagpauna nang siya'y aalis sa Pilipinas sa Marsong darating, nguni't dahil sa mga pangyayaring hindi inasahan ay umalis bago pa dumating ang nasabing buwan.

<sup>4</sup> Dumating siya sa Maynila nang ika-9 ng gabi ng ika-5 ng Agosto, na sakay ng bapor *Haiphong* buhat sa Saigon, at umagang-umaga kinabukasan, pagkaahong-pagkaahon ay karakarakang nagtuloy sa Kalamba.

<sup>5</sup> Ang Heneral, gayondin ang lahat halos ng mga maykapangyarihan sa Maynila ay pawang mga kasapi sa Partido Liberal. Ito'y nagpapakilala, sa paano't paano man, ng ipinamalas na mabuting pagkakatanggap sa kanya.

<sup>6</sup> Tumatanggap siya ng mga mapagbalang sulat na walang lagda o hindi kilala kung sino ang may gawa, bukod sa mga mapagmasakit na pahiwatig sa kanya ng kanyang mga kaibigan. Dahil sa mga pagbabalang ito'y inatasan ng Gobernador Heneral Terrero ang isang tenyente ng Guwardiya Sibil, si G. Jose Taviel de Andrade, upang samahan siyang lagi nito. Ito'y napilitang magtira sa Kalamba hanggang sa maging matalik na kaibigan ni Rizal; siya'y kapatid ng isa ring Andrade (Luis) na pagkatapos ay naging tagapagtanggol ni Rizal sa pag-uusig laban sa kanya sa kasalanan paghihimagsik nang 1896.

<sup>7</sup> Tinutukoy ang aklat na ipinadala kay Rizal ni Blumentritt upang ibigay kay P. Ricart.

<sup>8</sup> Dumalaw si Rizal kay Isabelo de los Reyes dahil sa isang bilin ni Blumentritt na may kinalaman sa mga pag-aaral na ipinagbilin naman kay Dr. Labhart, na hindi nito naipagpatuloy dahil sa pag-alis sa Pilipinas.

tarheta at siya'y pumaroon sa amin upang makipagkita sa akin, datapuwa't ako'y kinakapulung noon ng Gobernador Heneral.

Ginagamot ko ang ilang maysakit; dito'y napakaalinsangan para sa akin; may bungang-araw na ako.

Kailanman ay hindi ako pinahihintulutan ng aking ama na umalis ng bahay nang nag-iisa, ni kumain sa bahay ng ibang mag-aanak; ang matanda ay nanganganib at nagdadalang takot dahil sa akin.<sup>9</sup>

Ako'y ipinalagay na isang tiktik ng mga Aleman, kinatawan ni Bismarck, protestante, mason, mangkukulam, kaluluwang malapit nang parusahan, at maraming iba pa. Kaya nga, minamarapat ko pang lumagi sa bahay. Matibay na pinaniniwalaan ng mga Guwardiya Sibil ang lahat ng iyon at sinasabi nilang-pabulong sa mga tao na ako raw ay bumubuo ng mga balak. Ang kabo (na isang taga-Madrid) ay naniniwalang ang pasaporte ko'y galing sa isang dayuhan at ako raw ay naglilibot kung gabi. Ako'y nasa mga kamay ng Diyos at ng aking kapalaran; mangyari na ang mangyayari!

Ang mga buháy na pamangkin kong lalaki at babae ay labing-anim, at kung ibibilang ang namatay ay dalawampu't apat, na sana.<sup>10</sup> Sa tuwituwina'y itinatanong ng mga batang maliit ang mga *uliman* (mga Aleman), na nakikita sa larawan,<sup>11</sup> lalung-lalo na si Dolores o Loleng. Talaga bang marunong silang magsalita ng aleman?—ang usisa nila sa akin.

Tinanggap ko ang inyong sulat, datapuwa't iyon ay napakaikli, isang tarhetang pangkoreo lamang; sulatan ninyo ako nang lalong mahaba. Ako'y nagsisimulang gumuhit ng mga tanawin.<sup>12</sup> Ang larawan ni Doktor Czepelack ay hinahangaan ng lahat;<sup>13</sup> ibig ikuwadro ng aking ama.

Kinukumusta kayo at ang inyong kaanak ng aking mga magulang at mga kapatid.

Sa susunod na koreo ay may maipadadala ako sa inyo.

Ang inyong kaibigan,

RIZAL

<sup>9</sup> Dahil sa walang patid na pagbabalang tinatanggap.

<sup>10</sup> Tatlong anak na babae ng kapatid niyang si Saturnina; siyam ni Narcisa, na sa mga ito'y tatlo ang namatay; tatlo ni Olimpia, na ang isa'y namatay; pito ni Lucia, na tatlo naman ang namatay at dalawa ni Maria.

<sup>11</sup> Isang larawan ng buong kaanak ni Blumentritt.

<sup>12</sup> Ang mga tanawing kuha sa mga bagay-bagay sa Pilipinas na ipinangako kay Dr. Czepelack ay hindi nakuhang tapusin dahil sa biglaan niyang pag-alis, at sapagka't hindi nakasiya kay Rizal ang mga nasimulan na.

<sup>13</sup> Larawang yari sa "oleo" ng pintor na alemang si Everhard Eysert. Hindi malaman kung saan naparoon ang larawang ito.

## 48. Blumentritt, Leitmeritz 1887

Si Dr. Czepelak. Isang tadhana ng "Codigo Penal" laban sa mga indiyo at mga mestiso.

Leitmeritz (.....) 1887

(G. Jose Rizal)

Mahal na kaibigan:

Sa mga sandaling ito'y malapit na kayo sa inyong tahanan at di malalaot tutuntong na kayo sa banal na lupang inyong kinamulatan. Inaasahan kong tatanggap ako ng una ninyong sulat na galing sa Pilipinas sa kalahatian o katapusan ng buwan ng Setyembre. Pinag-uusapan namin ni Dr. Czepelak ang inyong paglalakbay. Ang pagkakadalaw ninyo sa kanya ay nagpasigla ng kalooban ng ating kaibigan upang alalahanin ang Pilipinas hanggang sa hingin sa akin ang "Mga Paglalakbay" ni Jagor, upang makabuo siya ng kurukuro tungkol sa Pilipinas at sa mga mamamayan dito. Ang larawang kasama nitong ipinadadala ko sa inyo, sa pamanhik ni Dr. Czepelak, ay iyong guhit sa "óleo" ni Eysert na inyong nakita sa aking silid. Nagpapahatid siya sa inyo ng magiliw na pagbati at ipinagbilin sa aking ang inyong pagkakadalaw sa kanya ay hindi malilimot sa buong buhay niya. Gayon na lamang ang pagpuri niya sa inyo, gayondin ang kanyang bayaw na si Dr. Theumer, na di pa natatagalang napasa Aussig, na nagsabing ang pagkakadalaw ninyo'y nakagising ng kanyang kalooban. Ikinalulugod ko ang pangyayaring kayo'y naihatid ko sa bahay ng butihing si Czepelak.

Isinalin sa kastila ni Casal ang aking "Observaciones," alalaong baga'y ang unang bahagi lamang; pinaikli ko ang ikalawang bahagi, at ito'y isinalin ko sa *wikang kastila sa Leitmeritz*, na may ilang pagbabago sa orihinal. Ang tadhana ng "Codigo Penal" na lalapatan ng parusang lalong mabigat ang indiyo o mestiso, ay nakapagngitngit sa akin nang gayon na lamang, sapagka't ang gayo'y nagpapakilalang ang taong hindi pinanganak na puti ay tunay na isang kriminal na pusakal. Ito'y isang kawalang matuwid na napakalaki na tila lalong malaki at walang matuwid upang maging tadhana ng isang batas (!) Ninanais ko sanang sumulat ng isang artikulong lalong mahaba tungkol sa bagay na iyan, nguni't ang pagsulat

sa kastila ay pinaggugugulan ko ng mahabang panahon (.....) kasalukuyang dumadalaw sa akin ang butihin kong amain (.....) na siyang pinag-uukulan ko ng halos buong panahon ko, sapagka't may 79 na taon na, at hindi makapagsabi nang tiyakang: "Magkikita tayo uli sa taong darating."

Mangyaring isulat ninyo sa akin kung kayo'y mayroong pambulsang maliit na "atlas" ni Justus-Perthes. Tuwing kapon ay nagpipinta ako ng mapang etnográpiko na ipadadala ko sa inyo sa kapanahunan.

Hinahandungan ako ni Viola ng malaking kaligayahan sa pamamagitan ng madalas niyang pagsulat. Buong giliw na pinadadalhan namin kayo ng pagbati, at kayo'y niyayakap ko, at ako'y sumasainyong matapat.

F. BLUMENTRITT

## 49. Blumentritt, Leitmeritz, 25 Setyembre 1887

Nagpapahatid ng bati ang mga kaibigan niya sa Austria

Leitmeritz, Austria  
Setyembre 25, 1887

(G. Jose Rizal)

Pinakamamahal kong kaibigan:

Nalubog ako sa ganap na kalungkutan sapagka't ang kawalan ng pinakananais na balita ng inyong maluwalhating pagdating sa inyong pinakamamahal sa buhay ay ipinagpighati namin. Idagdag pa natin dito ang malungkot na balita ng pagkamatay ng aking mga kaibigang sina Normann at Labhart. Pati mga mata ko'y sumasakit nang gayon na lamang. Buong pagsusumikap na ipinipinta ako ni G. Eysert para sa inyo. Hanggang sa linggong darating ay mayayari na ang larawan. Dumating na si Propesor Robert Crupach buhat sa kanyang pamamahinga sa tag-araw. Ibig niyang bumati sa inyo. Ibig ding bumati sa inyo sina Czepelak at Eysert. Ang mga pinakamamahal ko'y nagsisibati rin sa inyo at nagsisihalik sa kanilang matalik na kaibigan.

Taglay kayo sa puso ng inyong kaibigang nagmamahal.

F. BLUMENTRITT

Habol: Binabati ko rin ang inyong pinakamamahal na magulang at mga kapatid.

## 50. Rizal, Kalamba, 26 Setyembre 1887

Mga sigarilyo bulaklak. — Ang *sulpakán* (pansindi) na lalang ni Rizal. — Ang kayarian niyon. — Pagkamatay ng kanyang kapatid na si Olimpia dahil sa panganganak. — Ang mga batang naulila.— Ang pasiyam.— Mga kuwintang ginto ng mga Tagalog na ibinaon sa mga gusing luwad.

Kalamba

Ika-26 ng Setyembre, 1887

Minamahal na kaibigan:

Pinadadalhan ko kayo ng isang kahong maliit, iyon ding kahong ipinadala ninyo sa akin sa Viena na pinaglagyan ng aking alpiler.<sup>1</sup> Ang laman ngayon ay 6 na sigarilyo, mga sampagita at mga bulaklak ng sinamumo at kamuning,<sup>2</sup> at isang pansining<sup>3</sup> Tagalog. Ang pagkakayari ng panindi ay nababatay sa simulain ng hanging piniit.

(Mga dibuho)

Inilalagay ang *lulung* o *yesca* sa dulo ng palitong *a*. Ang *lulung* na ito'y napapaloob sa *d*. Pagkatapos ay ipinapasok ang palito sa butas *c*, itinutulak nang malakas at binubunot agad; sa gayon ay may apoy na kayo. Upang dumulas na mabuti ay pinapahiran ng langis ang palito. Ang pansindi ay tinatawag na *Sulpakán*, na hinango sa salitang-ugat na *sulpak* —paraanin ang isang putol na kahoy sa isang butas.

<sup>1</sup> Siya ring maliit na kahong pinabanguhan na pinaglagyan ng alpiler ng korbatang nawala kay Rizal sa Leitmeritz, at sa kanya'y isinauli ni Blumentritt.

<sup>2</sup> Ang *sinamumo* ay isang bulaklak na dilaw na magulang, mabango at karaniwang inihahalo sa sigarilyo, dahil nga sa kabanguhan; ang *kamuning* ay isa ring maliit na bulaklak na puti at mabango rin. Si Blumentritt ay hinandugan ni Rizal ng sigarilyo, sapagka't siya'y mahiligin sa paghitit.

<sup>3</sup> *Sulpakan* ang tinawag ni Rizal sa isang pansinding Tagalog na kanyang ginawa, bilang kapalit ng *sacafuego* o *casefuego* o *fosforo*. Maging alin man sa tatlong katawagang ito ay tumpak at pawang kuha sa salitang kastila. Ang paninding likha ni Rizal ay nakakahawig na ng mga pangkasalukuyan at makabagong *cigar* o *cigarette lighter*.



Tinanggap ko ang inyong sulat na kasama ang larawan,<sup>4</sup> ng butihing Doktor Czepelak. Nasiyahan ako nang gayon na lamang. Pakibigyan ninyo siya ng ilang sigarilyo. Hindi ko kayo mapadalhan ng marami sapagka't napakahigpit ng adwana sa Austriya. Salamat sa larawan.

Hindi ako makasulat sa inyo nang mahaba, sapagka't kadadalaw pa lamang sa amin ng isang malaking kapahamakan: isa sa mga kapatid kong babae, ang pinakamabait sa lahat marahil, pinakawalang rangya at ina ng dalawang anak, ay kamamatay pa lamang.<sup>5</sup> Dahil sa masamang panganganak ay dinugo siya nang katakut-takot na siyang ikinamatay sa loob ng kulang pa sa 13 oras. Dahil dito'y hindi ko maaaring iwan ang aking kaanak sa taong ito. Ang mga kahabag-habag na ulila ay walang kamalay-malay sa kanilang kapahamakan at lagi nang hinihintay na makitang muli ang kanilang ina. Ang sinasabi nila'y "umuwi bukas ang nanay, at pagagalingin siya ng Diyos." Kahapon ay dinalaw namin ang kanyang libingan. Tinawag ng mga bata ang kanilang ina at sinabi nila: "umuwi na tayo ngayon, umuwi kapag kayo'y magaling na!" Inaakala kong kung ang kaluluwa'y nakaririnig at umiisip, ay nararapat marinig ng ina ang walang malay na tinig ng kanyang mga anak. Inaaliw ko ang aking sarili sa pagsasabing iyon ay siyang kalooban ng Diyos, at gawain niya ay nararapat na siyang maging pinakamabuti.

Ngayo'y idinaos namin ang pasiyam: ang aking kapatid na babaing si Olimpia ay namatay noong nakaraang Huwebes.

Habang tumatagal at ginagamit ang panindi, ay lalong madaling magingas; ang palitong *a* ay lalong dudulas na mabuti.

Ipakikumusta ninyo ako sa mga mabubuting kaibigang Czepelak at Flutschack. Sisikapin kong sumulat sa kanila sa susunod na koreo.

Mga kumusta sa inyong kaanak.

Niyayakap kayo ng

Inyong kaibigan,

RIZAL

<sup>4</sup> Ito ang larawan, hindi ang kuwadro, na iniingatan pa ng mga kaanak ni Rizal at may nakasulat pang paghahandog, na ang petsa'y Hulyo 1887 at gawa ng potograpong si King. Ang binabanggit na sulat ay ang may blg.150, nguni't inaakalang sinulat nang dakong magtatapos ang Hulyo, 1887.

<sup>5</sup> Tumutukoy sa kanyang kapatid na si Olimpia, asawa ni Ubaldo, na namatay sa panganganak. Sa malaking pagdaramdam ni Rizal sa nangyari, sapagka't siya ang nagpaanak, ay naihagis tuloy ang mga aklat na kanyang pinagsasangunian. Si Olimpia ay inagasan.

Tatangapin din ninyo ang isang salaping ginto,<sup>6</sup> katutuklas pa lamang ng maraming salaping ito, na nakabaon sa isang gusing luwad. Ipinalalagay na ang mga iya'y salapi ng mga Tagalog sa una.

---

<sup>6</sup> Salaping ginto na kasinglaki ng butil ng mais, bilog at tinapyas sa isang mukha na kinatitikan ng titik na *Ma* sang-ayon sa matandang palatitikan ng mga Pilipino. Si Blumentritt ay nagkaroon ng malasakit sa salaping ito, at sinikap na papag-aralan sa ilang pantas na aleman (hindi malaman kung ano ang naging hangga nito), bukod sa minungkahi kay Rizal na sumulat ito tungkol sa salaping iyon at nagbigay siya ng ilang bagay na dapat talakayin (blg.163). Maraming nakitang kaparis ng salaping ito sa iba't ibang dako ng Luzon, gaya sa Mandaluyong, Rizal; Bagak, Bataan; at inaakalang gayondin sa iba't ibang dako pa hanggang sa Hilaga ng Mindanaw. Ang mga salaping ito'y pinanganlan ni Dr. Jose Bantug ng piloncitos na siyang itinatawag o ikinakikilala ngayon.

## 51. Blumentritt, Leitmeritz, 18 Oktubre 1887

Katuwaan sa pagkakatanggap ng sulat ni Rizal. Mga kuwentong batang hinihingi ni Rizal. Si Rizal ay boong pag-aalinlangang pinakikitunguhan sa kanyang bayan. Isang sulat ng Ministro Balaguer.

Ika-18 ng Oktubre, 1887

### MGA ALAALA NG LEITMERITZ

(G. Jose Rizal)

Mahal na kaibigan:

Panggagaling ko sa klase ngayong ika-12, ay sinalubong ako ng aking maybahay at buong katuwaang nagsabi: "Dumating ang isang sulat ni Rizal." Madaling-madaling binuksan ko ang sobre at binasa ang inyong mahal na sulat. Matagal nang hindi ako nagkakaroon ng napakalaking katuwaang gaya ngayon. Nababalisa na ako sa inyong kalagayan; sa panaginip ay nakita ko kayong maysakit. Nguni't salamat sa Diyos at kayo pala'y mabuti at walang sakit. Ang pagmamahal ko sa inyo'y itinuro sa akin ng pagkabalisa sa kawalan ng balitang buhat sa inyo sa loob ng mahabang panahon. Mahal kong kaibigan, labis-labis ang aming katuwaan na ang inyong mga minamahal na magulang at mga kamag-anak ay nakakaalaala sa ámin nang buong paggiliw; mangyaring paratingin ninyo sa kanila ang aking magiliw na pagbati. Upang maipakilala ninyo sa inyong mga kamag-anak na maliliit ang mga kuwento ng mga bata sa aking bayan, ay ipadadala ko sa inyo sa isa sa mga araw na ito ang *Habel's Schatzkaestlein* at ang mga kuwento ni Musaeus. Maisasalin ninyo sa tagalog at walang salang mangatutuwa ang mga bata.

Gayon na lamang ang pagkalugod na namugad sa aking puso na matagal ding hindi ako nakakain. Karakarakang ako'y makakain ay nagsadya ako sa aking mabuting kaibigang si Dr. Czepelak (na marahil ay kinatangapan na ninyo ng kanyang larawan) na gayon na lamang ang pagmamahal sa inyo at nagmungkahing basahin ko sa kanya ang

sulat ninyo. Buhat sa kanyang upuan ng maysakit ay ipinahahatid niya ang kanyang libu-libong alaala. Dahil sa minamahal kayo ng gayon na lamang ng aming mga anak ay pakukunan ko ng larawan si Loleng at ang dalawang batang lalaki upang ipadala lamang sa inyo. Inaasahan kong tatanggapin ninyo ang mga larawang ito sa dakong panahon ng Pasko. Si Loleng ay pakukunan ko ng larawan na may engkaheng gawa sa Pilipinas sa liig, na ipinadala sa akin ng butihing si Labhart, na sa kasawiang palad ay namatay na. Ngayo'y ipinadadala ko sa inyo ang aking larawan; ito'y hindi bago kundi sipi lamang na bago sa dati kong larawan nang 1886, noong malago pa ang buhok ko kaysa ngayon. Hinihintay ko nang buong katuwaan ang sandaling ikatatapos ni Eysert sa aking larawang ipininta sa "óleo." Marahil, ang larawang iyon ay maipadadala sa inyo sa pamamagitan ng (.....) sapagka't ang ating kaibigang Viola ay aalis sa Barselona sa (.....) buwan upang bumalik sa mahal nating Kapuluang Pilipinas na sakay ng bapor "Isla de Luzen."

Dinaramdam kong kayo, na isang taong matapat, ay pag-alinlanganan ng mga nakikitungo sa inyo sa inyong bayan. Kayo'y hindi nakagawa ng anumang pagkakasala. Nguni't ang Kagalang-galang na Kapitan Heneral Terrero ay isang maginoo at hindi ko siya pinanganganiban dahil sa inyo. Sakaling kayo'y haharap sa kanya upang maghandog ng paggalang ay huwag ninyong lilimuting ihandog din ang paggalang ko.

Ipinakikiusap ko ring ipakihatid ninyo ang aking mga pagmamahal sa M.R.P. Ricart at sa mga kagalang-galang na paring Hesuwita. Ikalulugod ko ng labis-labis sakaling makatanggap ako agad ng sulat ni P. Ricart.

Hindi ako makasulat sa inyo ngayon ng isang liham na mahaba, sapagka't ang katuwaa'y nag-uumapaw sa akin, na halos hindi ako makapanatiling nakaupo sa mahabang panahon; lagi akong nagyayao't dito at kinakausap ko ang aking butihing maybahay tungkol sa inyo at kay Viola.

Ang Kagalang-galang na Ministro Balaguer ay sumulat sa akin (Madrid, ika-28 ng Setyembre ..... ) ng sumusunod:

"Labis kong ikinalulugod na isang taong lubhang kagalang-galang na gaya ninyo at nag-aangkin ng malabis na pagmamahal sa bayang sakop ng Espanya sa Dulong Silangan, ay pumuri sa pagsasagawa ng isang balak (Museo Colonial de Manila) na mahaba nang panahong

ingatan-ingatan ko sa aking isipan na puno ng mabuting hangarin upang masunduan ang pagkakasulong at kapanatagan ng Pilipinas. Nararapat dalhin sa Espanya sa napakalayong pook na iyon ang pambuhay na lakas ng kabihasan ng Europa at lahat tayo'y nararapat magtulung-tulong upang mabuksan ang daan ng pagkakasulong. Gayon nga ang inyong ginawa sa pag-uukol sa Pilipinas ng inyong pagmamahal at masinop na pag-aaral, at sinasamantala ng ministro ng Ultramar ang pagkaka-taong inihahandog sa akin ng kanyang sulat upang taos-pusong batiin ang may-katha ng ilang mahalagang aklat na pinagkalooban ng gan-timpalang isang medalyang ginto ng isang paham na Inampalang kuma-katawan sa Espanya."

Ang sulat na ito'y nagdulot sa akin ng malaking kasiyahang loob, sapagka't dito'y namamalas na si G. Balaguer ay nalulugod sa aking pagmamahal sa Pilipinas.

Huwag ninyong lilimuting ipagkaloob sa akin ang kapahintulutan upang isalin sa aleman ang inyong nobelang tagalog. Sang-ayon sa mga batas sa Alemanya at Austria ay hindi na kailangan pang magkaroon ako ng kapahintulutan, nguni't nararapat na bigyan ninyo ako.

Mapapansin ninyo sa mga titik ko na hindi na ako makapagpapa-tuloy pa ng pagsulat.

Libu-libong alaala at libu-libong halik naming lahat.

Ang tapat ninyong kaibigan,

F. BLUMENTRITT

## 52. Rizal, Kalamba, 19 Oktubre 1887

Nasisiyahan sa mga liham ni Blumentritt. — Isang bulwagan ng palakasan sa Kalamba.— Upang mabawasan ang mga tao sa sabungan at pangginge.— Salin ng *Noli* sa aleman ni Blumentritt.— Hindi dumalaw kay Pardo na may mga tagubilin ng Pamahalaan.— Upang huwag marungisan ang mga puting guwantes niya “aking mga kamay na narumihan dahil sa pagsusulát ng mga nobela.”— Ang isang *chauvinistang* Aleman ay lalong mabuti kaysa taong walang kagitingan.— Mga kababayang may pinag-aralan datapuwa't walang karangalan at kahihiyan.

Kalamba

Ika-19 ng Oktubre, 1887

Minamahal na kaibigan:

Hindi ninyo mahahaka ang kaligayahang pinupukaw sa akin ng inyong mga liham:<sup>1</sup> pagdating na pagdating ng isa ninyong sulat ay nagtitipon na ang buong mag-aanak upang pakinggan iyon: unang-una'y kung paano ang tunog ng pinananabikang liham sa wikang aleman, at pagkatapos ay ang salin. Pagkatapos ay marami silang inuusisa, nguni't sa kabuuan, ang mga tanong ay iyo't iyon din: “Ilang taon na ang propesor, ang kanyang maybahay at ang kanyang mga anak? Ano ang tikas nila, at kung ang mga batang maliliit ay marunong nang magsalita ng aleman gayong ang wikang ito'y napakahirap? at iba pa.

Hindi pa nalalaunang tumanggap ako ng dalawang liham<sup>2</sup> at kahapon ay tumanggap na naman ako ng dalawang tarhetang pangkoreong galing sa inyo, na makalawa kong basahin. Sinasabi nilang sagutin ko raw kayo agad sa loob ng madaling panahon. Sinabi ng matandang lalaki: “Sinusulatan ka nang makalawa ng propesor tuwing koreo at ikaw naman, kung magkaminsan, ay hindi sumusulat sa kanya sa buong isang buwan,

<sup>1</sup> Si Rizal ay madalas na makatanggap ng sulat kay Blumentritt. Sa loob ng buong panahong (anim na buwan) itinigil ni Rizal sa Pilipinas, ay napakaraming sulat ang naipadala sa kanya ni Blumentritt, nguni't walang naingatan kundi mga sampu lamang (sang-ayon sa *Epistolario*.)

<sup>2</sup> Wala sa *Epistolario* ang dalawang sulat na ito, nguni't naroon ang dalawang tarhetang pangkoreo blg. 151 at 152, Tomo I.

ano na lamang ang sasabihin niya tungkol sa iyo." Kaya nga pinagpapahinga ko ang aking mga maysakit at ang mga nag-aaral sa klase ng pagpapalakas, at hinahawakan ko ang panulat upang makipag-usap ng ilang oras ang aking pag-iisip sa aking kaibigan. Ibinabalita ko sa inyong pinalaganap ko rito ang mga pagsasanay sa pagpapalakas ng katawan<sup>3</sup> upang ang mga manunugal, sa halip na pumaroon sa sabungan o umupo sa hapag ng pangginge ay pumarito sa palakasan at manood ng mga pagsasanay o upang sila na rin ay magpalakas. Sa pamamaraang ito'y napagagaling din ang ilang sakit.

Ang aking kaanak at ako ay nagagalak nang gayon na lamang sa gagawin ninyong pagsasalin ng aking nobela sa wikang Aleman.<sup>4</sup> Ang bagay na iyan ay hindi lamang isang kasiyahan kundi isa ring dakilang karangalan, sapagka't bagaman ako'y may mabuting pagpapahalaga sa aking sarili, ay hindi ko inaakalang ako'y naging karapat-dapat sa gayong bagay. Hindi na ninyo kinakailangang humingi ng pahintulot sa akin upang isalin ang aking mga akda. Magagawa ninyo ang ninanais ninyong gawin sa mga akdang iyon at umasa kayong ikaliligaya ko. Ang ikalawang pagkakalimbag ay ilalathala nang may mga larawan ng isang artistang Tagalog.<sup>5</sup>

Hindi ko pa nakakausap sina Pardo de Tavera at Reyes<sup>6</sup>. Makalawang binalak kong makipagkita kay Reyes, nguni't hindi ko siya natagpuan sa kanyang bahay; at noong siya'y pumarito upang makipagkita sa akin ay wala naman ako sa bahay. Sapagka't marami sa mga nakatira sa Maynila ang natatakot sa aking pagdalaw, ay hindi na ako nakipagkita kay Pardo.<sup>7</sup> Siya'y may mga tagubilin ng Pamahalaan at

<sup>3</sup> Nagtatag si Rizal sa Kalamba ng isang bulwagan ng pampalakas para sa kanyang mga kaibigan at mga binatang tagaroon. Sa mga larong pampalakas na nagugunita pang doo'y kanyang itinatag ay kabilang ang argolya, ang "barra," ang "paralela," ang sipa, ang suntukan, ang eskrima at iba pa.

<sup>4</sup> Isinalin ni Blumentritt ang ilang kabanata, nguni't ayon sa pagkakaalam namin ay hindi natapos ang buong aklat, sapagka't si Rizal na rin ang sumaway sa kanya upang huwag siyang magkaroon ng mga kaaway.

<sup>5</sup> Hindi nalathala ang pangalawang pagpapalimbag na itong may mga larawan, gaya ng binalak ni Rizal, na may mga larawang ipininta ni J. Luna. Gayunman, ang pangalawang pagpapalimbag ay ipinagawa ng kanyang mga kaanak nang wala nang mga larawan, nang taong 1900, sa limbagan ni Salvador Chofre at Ka. sa Maynila. Sa sulat na ito'y binabanggit ni Rizal ang isang palimbag na may mga larawang gawa ng ibang artista at hindi ni J. Luna, na isang ilukano? Tila hindi maaaring mangyari ang gayon, sapagka't nang panahong nasabi'y walang nakikilalang mga larawang isasama sa pagpapalimbag kundi ang kay Luna lamang.

<sup>6</sup> Tinutukoy si Trinidad H. Pardo de Tavera at si Isabelo de los Reyes.

<sup>7</sup> Nang panahong iyo'y maraming pilipino at pati na mga tagaibang-lupa, ang nangatakatok makipagpalagayang-loob o makipaglapit, hindi lamang kay Rizal kundi pati sa kanyang mga kaanak. Kung hindi man dumalaw si Rizal kay Pardo, ay hindi sapagka't sila'y hindi na magkaibigan, kundi upang maiwas siya sa anumang kapanganiban.

hindi ko ninanais na marungisan ang kanyang mapuputing guwantes ng aking mga kamay na narumhan sa pagsusulát ng mga nobela. Ang mga bagay na ito'y nangyayari sa aking bayan, datapuwa't sa puso ay nananatili kaming matatalik na magkaibigan, sa ganang akin man lamang.

Hindi ko malaman kung paano ko ipahahayag ang aking pasasalamat sa minamahal na ginoong Eysert. Naiinip na kami sa paghihintay ng inyong larawan at humahanap na kami ng pinakamabuting pook na mapaglalagyan niyon.<sup>8</sup> Umaasa kaming ang larawan ay tatanggapin namin bago magpasko. Ang pinakamabuting paraan ng pagpapadala sa amin ay ipaloob sa isang kartong binilot na parang bumbong at ipadala sa pamamagitan ng koreong sertipikado; sa gayong paraan nagpapadalahan kami ni Luna ng mga kuwadro at larawan.

Bagay sa mga Alemang *chauvinista* (nagmamahal sa bayang tinubuan sa salita lamang), ay minamabuti kong lalo ang isang *chauvinista* sa isang taong walang pag-ibig sa kanyang bayan, gaya nang ilang naririto. Sa ilang kababayang "may pinag-aralan" at "bihasa" ay wala akong natatagpuan ni karangalan, ni kahihiyang, ni katapangan. Ninanais ng mga ito na ako'y mapanganyaya at nagkakatat ng mga balitang kabulaanan tungkol sa akin.<sup>9</sup> Wala akong ninanais kundi tumupad sa aking tungkulin at ipinipikit ko ang aking mga mata at ipinipinid ang aking mga taynga. Nguni't ako'y may mabubuting kaibigang tumutulong sa aking makalimot sa mga bagay na ito. Isasalin ko sa tagalog ang tula ni Von Wildenrath.<sup>10</sup>

May ilang linggo na ang nakararaan nang kayo'y padalhan ko ng isang panindi ng sigarilyo, isang salaping ginto at mga bulaklak;<sup>11</sup> umaasa akong hindi naligaw ang mga iyon. Kalakip nito ay ipinadadala ko sa inyo ang isang larawang guhit sa lapis sa isang paglililiwaliw sa Los Banyos; kasama ang mulát at may pinag-aralang tenyente ng Guwar-

<sup>8</sup> Ipinangako ni Blumentritt na padadalhan si Rizal ng kanyang larawang yari sa "óleo," na ipinangakong gagawin ng pintor na si Eysert upang sa gayo'y makaganti kay Rizal.

<sup>9</sup> Ang talataang ito'y isang kuru-kurong ginawa ni Rizal tungkol sa isinulat sa kanya ni Blumentritt na binabanggit sa sulat na ito, nguni't wala o hindi kasama sa *Epistolario*. Bukod dito'y idinaraing niya ang ilang kababayang sa hangad na kalugdan ng mga kastila at ng ma may kapangyarihan, ay lumilikha pa't nagkakatat ng mga balitang makapipinsala sa kanya.

<sup>10</sup> Hindi malaman kung naisalin sa aleman ang tulang ito sa tagalog.

<sup>11</sup> Natanggap ni Blumentritt ang pansindi gayon din ang kuwintang ginto (*piloncito*) at ang mga bulaklak ng sampagita.



diya Sibil na si Don Jose Tabiel de Andrade.<sup>12</sup> Ang kaanak niya ay marangal, nagsasalita siya ng ingles at pranses at marunong gumuhit ng larawan, datapuwa't namumuhi siya sa Guwardiya Sibil. Sinasabing minsan daw ay sinabi niya sa kanyang puno: "Sinabi ninyo sa aking ako'y magiging sangkap ng isang kalipunang may dangal at ngayon ay namamalas kong ang aking mga kakasamahin ay mga tulisan."

Gayon na lamang ang pagpuri ng tenyente sa larawan ni Doktor Czepelack.<sup>13</sup> Sinimulan ko ring gumuhit ng isang larawan, nguni't iyo'y hindi ko ikinasiya.<sup>14</sup> Susulat ako sa kanya at sa maybahay ng tagapayo ng paaralan, nguni't kinakailangang dahan-dahanin ko ang pagsulat, sapagka't sila'y hindi magiging mapagpaumanhing gaya ninyo, na nagtatakip sa lahat ng aking kamalian.

Lahat ng aking mga maysakit ay kulang sa dugo; kamakailan ay tinistis ko ang isang kahabag-habag na babae, at lumabas na mabuti ang pagkakatistis.<sup>15</sup> Bukas ay titistis ako ng dalawang bilig sa mata.<sup>16</sup>

Ang aking kaanak ay nagpapakumusta sa inyo at sa inyong kaanak, at niyayakap ko kayo't sinasabing "hanggang sa ating pagkikita."

Sumasainyo,

RIZAL

(Sipi ng isang tarhetang pangkoreo ni Rizal, sa wikang Kastila na sinulat sa lapis ni Federico Blumentritt at may petsang Paris, ika-29 ng Nobyembre, 1889).<sup>17</sup>

<sup>12</sup> Tumutukoy, marahil, sa pagkakaakyat sa taluktok ng bundok Makiling, kasama ng tenyente Taviel de Andrade, ng kanyang mga bayaw na sina Antonino Lopez at Mariano Herbosa at iba pang mga kaibigang taga-Kalamba. Ang dibuho ng paglililiwaliw na ito ay hindi kasama; marahil ay nawala.

<sup>13</sup> Isang kuwadrong yari sa "oleo" (pinturang may langis) na gawa ng pintor na si Eysert. Si tenyente Andrade ay isa ring artista.

<sup>14</sup> Katulad ng ipinangako kay Blumentritt, binalak din ni Rizal na gumawa ng ilang larawan ng mga tanawin, nguni't gaya ng sinasabi rito'y hindi siya nasiyahan sa kanyang ginagawa.

<sup>15</sup> Ayon sa mga balita, ay tila isang bukol ito.

<sup>16</sup> Wala kaming nalalaman sa mga pagtistis na ito sa dalawang bilig ng mata na ginawa ni Rizal sa Kalamba. Inusisa namin at ipinagtanung-tanong sa isang paglalakbay na sadyang ginawa sa Kalamba kung sino o sinu-sino ang mga tinistis ni Rizal sa bilig sa mata, at walang sinumang nakapagsabi sa amin.

<sup>17</sup> (Tarhetang pangkoreo sa lapis—Paris, 29 ng Nob., 1889) Hindi dapat masingit dito ang mga nasabing tarheta, ayon sa pagkakasunud-sunod.

## Táma ba ang pariralang Griyego

Paris

Ika-29 ng Nobyembre, 1889

Minamahal kong kaibigan at kapatid:

Sapagka't hindi ako gaanong malakas sa Griyego at sapagka't ako'y walang panahon upang maghanap sa talatinigan, ay ninanais ko sanang sabihin mo sa akin kung tama ang nasusulat sa dakong wakas ng iyong pambungad na salita. Doon ay nasusulat: *dobis dwaly te piate*; sa wari ko'y hindi ito tumpak na tumpak at marahil ay nararapat sabihin sa ibang paraan, sapagka't para sa akin ay tila hindi maliwanag. Ipinamamanhik ko sa iyo, samakatuwid, na ipadala mo sa akin agad, sa pamamagitan ng isang tarhetang pangkoreo, ang *tumpak na pagsulat* niyon at ang ibig sabihin.<sup>18</sup>

Ang iyong Alaala<sup>19</sup> ay nilimbag na.

RIZAL

---

<sup>18</sup> Ang salin ay wala sa alin man sa mga sulat ni Blumentritt na nalathala na, ni ang tumpak na pagsulat na hinihingi ni Rizal. Ang binabanggit na paunang salita ay di malayong ang paunang salita sa *Morga*, nguni't ang salitang ito sa wikang griyego ay wala rito, gaya ng pagkakalathala. Marahil ay sadyang inalis na rin ni Blumentritt.

<sup>19</sup> Ang binabanggit na "Alaala" ay ang sinulat na Alaala ni Blumentritt.

### 53. Blumentritt, Leitmeritz, 29 Oktubre 1887

Humihingi ng isang balarila at isang talatinigang tagalog

Leitmeritz, Austria  
Ika-29 ng Oktubre, 1887

(G. Jose Rizal)

Pinakamamahal na kaibigan:

Buong lugod na tinanggap ko ang inyong mahalagang akda na *Zeitschrift für Ethnologie* (Lathala para sa Etnolohiya) na pinamagatang "Arte Poética Tagala" (Sining ng Panulaang Tagalog). Kung kayo'y may hiwalay na sipi ay hinihingi ko ito sa inyo at isa pang sipi para kay Dr. Kern, propesor ng mga wikang malayo sa Unibersidad ng Leyden, Olanda. (Dito'y may mga salitang tagalog)—"Marami akong gagawin. Salamat sa Diyos at ako'y mabuti na. Kumusta kayo riyan?"— (Dito natapos ang mga salitang tagalog). Dito natatapos ang aking kaalaman sa wikang tagalog. Inaasahan kong maglalathala kayo agad ng isang Balarila at isang Talatinigang Tagalog.

Kalakip ang aking taos pusong pagbati at ng aking mga kaanak.

Buong pagmamahal na niyayakap kayo,

F. BLUMENTRITT

## 54. Blumentritt, Leitmeritz, 14 Nobyembre 1887

Pagkabalisa dahil kay Rizal

Leitmeritz, Austria

Ika-14 ng Nobyembre, 1887

Mahal na kaibigan:

Ang matagal na hindi ninyo pagkibo ay nagdudulot sa amin ng hirap ng loob. May sakit ba kayo o may nangyari sa inyong kapahamakan? Inaasahan kong alin man dito'y hindi nangyari sa inyo. Utang na loob ay sulatan ninyo ako. Hinahangad namin sa inyo at sa inyong mga kaanak ang masaganang kaligayahan para sa bagong taon. Ubusin namin ang isang basong pontse alang-alang sa inyo at sa inyong mga kaanak sa ika-31 ng Disyembre.

Niyayakap kayo nang taos sa kaluluwa ng inyong matalik na kaibigan.

F. BLUMENTRITT

## 55. Blumentritt, Leitmeritz, 15 Nobyembre 1887

Ang aliw ng relihiyon. Ang "sulpakan" at ang mga bulaklak na ipinadala ni Rizal. Isang sarong luwad. "Salamat sa Diyos at buhay si Rizal!" Isang kuwadro ni Luna para kay Blumentritt.

Leitmeritz, Austria

Ika-15 ng Nobyembre, 1887

(G. Jose Rizal)

Mahal na kaibigan:

Kaharap ko ngayon ang inyong magiliwing sulat nang ika-26 ng Setyembre na buong pananabik kong pinakahintay-hintay. Sa kasamaang palad, ang pagkalugod na aking tinamo sa pagkatalos na mabuti ang inyong kalagayan at hindi kayo nagkakasakit ay binabagabag nang gayon na lamang ng malungkot na balita ng pagkamatay ng inyong butihing kapatid na babae. Sumapayapa nawa! Ang lalong kaakit-akit na isipang maibibigay sa atin ng relihiyon, ay ang pangyayaring kung mamatay ang isa nating minamahal, ay may nalalabi sa ating kaaliwang darating ang araw na tayo'y muling magkikita sa kalangitang pinamamayanan ng Diyos at ng mga santo. Pag dumating ang araw na itinawag sa akin sa daigdig na ito ng butihing Lumikha upang tumungo sa ibang daigdig na lalong maligaya, ay inaasahan kong doo'y (.....) na hindi ako nagkalugod na sila'y makilala (.....) ikatutuwa kong makilala ang lahat, ang inyong mga mahal na magulang, mga kapatid na babai't lalaki, mga pamangking babai't lalaki (nguni't hindi doon sa itaas, kundi dito na sa lupa) Walang salang sila'y kamukha rin ninyong mabubuti, marurunong at kaakit-akit na gaya ninyo, sapagka't ang wika nga ng isang salawikaing aleman: "Ang mansanas ay hindi nalalaglag nang malayo sa puno." Bukas ay tutungo ako sa tindahan ng aklat upang humanap ng isang magandang aklat na may mga larawan upang maipadala sa mga batang maliliit ng inyong kapatid na namatay, upang maaliw naman ang mga kahabag-habag. Tanggapin ninyo ang pakiki-dalamhati naming lahat, at ito'y ipagbigay-alam din naman ninyo sa

inyong mga butihing magulang, na siyang lalong nagdaramdam kaysa iba ng kasawiang palad na ito.

\* \* \* \*

Kaming mga aleman sa Austria ay mayroong anyong paliit o pabawas na —*erl* o —*erle* sa halip ng tumpak na —*echen*

Paliit na austriako. Paliit na aleman (hilaga). Halimbawa: *Kind* (..... Pinasasalamat) ko kayo ng labis at labis dahil sa ibang mga bagay na ipinadala ninyo sa akin. Pinagpugayan ko ang magagandang bulaklak na bumukad sa bayan ng aking mga pangarap at pinupol ng hindi ko malilimot na kaibigang si Rizal. Libu-libong pasasalamat sa katunayang ito ng kagandahang loob. Kinalulugdan ko ang *sulpakan*; bukas ay ipakikita ko sa aming mga propesor sa pisika, bilang *argumentum vivum* ng dakilang katalinuhan ng mga indiyu. Ang handog na iya'y hindi lamang makapagpapayaman sa aking kayamanang pilipino, kundi ang mga bagong salitang hindi ko nalalaman ay makararagdag sa aking talasalitaang pilipino.

Walang kasing halaga sa akin ang kaputol na ginto; ipahuhulma ko sa pagkit at ipadadala ko pagkatapos sa maraming pantas. Tila ito'y isang salapi o kuwintang ginto, nguni't bago ko purihing mabuti ang bagay na ito ay hindi ko nais na..... (1) kung ang sarong luwad ay may lamang ibang bagay pa bukod sa kaputol na gintong iyon?, (2) kung nakatagpo pang kasama ng sarong luwad ng mga buong kalansay o mga buto ng tao o hayop o abo kaya? (3) kung ang saro ay isa sa mga urna o lalagyan, na minamahalaga sa Kapuluan, na siyang tinutukoy ni Dr. Jagor? Mangyaring magpadala kayo ng isang artikulo hinggil sa bagay na ito sa alin mang rebistang pang-agham. Ito'y maaaring maging isang tulong na napakahalaga para sa kasaysayan ng kalinangan ng mga tagalog.

Nasubok na ang mga sigarilyo; humitit ako ng isa at napatunayan kong napakasarap. Ang amoy ay may katangi-tanging bango; ito rin ang sabi ng maybahay ko. Tinanggap ko ang padala ninyo panggagaling ko sa klase nang ika-12. Sinalubong ako ng aking asawa at mga anak at nagsigawan ng "may sulat si Rizal." Matapos kong basahin ang sulat ninyo at buksan ang balutan, at bagaman nakahain na ang sopas sa hapag, ay buong pagmamadaling nagtungo ako sa bahay ni Dr. Cze-pelack, sapagka't walang sinumang nagmamalalakit nang lubos sa inyong kapalaran kundi ang butihing doktor na ito; at ang mga araw na

ito'y wala na lamang kaming napag-uusapan tuwina kundi kayo at kayo ang aming nagugunita sa pag-aalalang baka kung ano na ang nangyayari sa inyo (sa katunaya'y binabalak ko na sanang sumulat sa kura sa Kalamba kung hindi ako tatanggap ng sulat ninyo hanggang ika-19 ng buwang ito)-Karaniwan nang dinadalaw ko si Dr. Czepelak sa pagitan ng ika-5 at ika-7 ng gabi; kaya't nang makita niya akong dumating nang ika-12:15 ng hapon, ay hinulaan na niyang may di karaniwang nangyayari. Kasalukuyan siya noong nagpipinta. Binitiwang sa isang tabi ang pinsel at nagtanong: "May taglay ka bang balita sa akin tungkol kay Rizal? Kumusta ang kaibigan natin." Nang ibalita ko sa kanya ang lahat ay nagsabi sa akin: "Salamat sa Diyos at si Rizal ay buhay at nasa mabuting kalagayan!" at pumalampak pa. Nang sabihin kong namatay ang inyong kapatid na babae ay nalungkot. Siya at ang kanyang butihing ina ay nagpapahatid sa inyo ng pakikidalamhati. Bukas ay makikipagkita ako kay ..... na pagpapahatdan ko ng inyong mga alaala.

Hindi malayong sulatan kayo sa madaling panahon ng bantog na pantas sa mga bagay-bagay sa Malaya, ang olañdes na si Kern; makakatanggap din kayo buhat sa Olanda ng isang paanyaya upang kayo'y tumulong sa isang rebista etnográpika.

Kasabay ng sulat ninyo ay tumanggap ako ng isang sulat ni Viola, buhat sa Aden; mabuti ang kalagayan niya, bagaman sa sasakyang kinadaraan niya ay may ilang "lalaking santo" na tila siyang buto't laman ng ilang tauhan ng inyong nobela.

Pinadalhan ako ni Luna ng isang larawan ng kanyang anak na lalaking maliit; isa siyang munting manikang lalaking kahalihalina at kinatututuwaan namin siya. Tangkilikin nawa siya ng Diyos at gawing isang tala ng Pilipinas na gaya ng kanyang ama! Si Luna ay pumipinta ng isang tanawing pilipino para sa akin, samakatuwid, ang mga mata ko'y makamamalas ng magagandang kulay ng inyong bayang hangga ngayo'y hindi ko pa namamalas kundi sa panaginip lamang.

Paalam na; tanggapin ninyo ang mga alaala't yakap naming lahat, lalo na ng

Nagmamahal sa inyo.

F. BLUMENTRITT